ANG dahongmagat
TOMO LIII, BLG 1
ANG OPISYAL NA PAHAYAGAN NG **NUEVA VIZCAYA GENERAL COMPREHENSIVE HIGH SCHOOL**
HUNYO 2025-DISYEMBRE 2025


**LATHALAIN**
May Luha pala ang Luya
Pahina **10**



**BALITA**
Aral Reading Program, matagumpay na inilunsad sa NVGCHS
Pahina **02**

'Strengthened' SHS curriculum, opisyal nang ikinasa; NVGians naglabas ng hinain
Pahina **04**

**AG-TEK**
Tahimik na Salot
Pahina **14**



**ISPORTS**
Zinampan, sinilat ang 4 ginto sa AMAC 2025
Pahina **18**

# SUGAT NA WALANG DUGO

## Kaso ng Juvenile Delinquency sa NVGCHS, tumaas; awtoridad nagsagawa ng aksyon

ni AARON DAVE LABAO

**NUEVA VIZCAYA — Nagsagawa ng agarang aksyon ang pamunuan ng Nueva Vizcaya General Comprehensive High School (NVGCHS), katuwang ang iba't ibang ahensya ng pamahalaan, matapos kumalat sa social media ang isang insidente ng pananakit na kinasangkutan ng mga mag-aaral.**

Bilang tugon, isinagawa ang isang Inter-Agency Interface Meeting noong Oktubre 10 sa Casa Alumni Building ng NVGCHS na dinaluhan ng mga kinatawan mula sa Philippine National Police (PNP), Schools Division of Nueva Vizcaya, karatig barangay ng paaralan at iba pang kaugnay na ahensya.

### Viral na Insidente

Naganap ang pagpupulong kasunod ng pagkalat sa social media ng isang video, na ayon sa paunang ulat, ito'y nagpapakita ng pananakit sa isang 14-anyos na Grade 8 na babaeng mag-aaral na pinagtulungang sabunutan at sampalin ng anim na kapwa niya mag-aaral na pawang menor de edad din.

Batay sa ulat, naganap ang insidente bandang alas-tres ng hapon noong Oktubre 8, matapos ang huling klase, sa loob ng bakuran ng paaralan.

Dahil dito, agad na nagsagawa ng imbestigasyon ang pamunuan ng NVGCHS kasama ang PNP Women and Children Protection Desk at Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO) upang matukoy ang mga pangyayari at matiyak ang kapakanan ng mga sangkot.

### Aksyon ng Paaralan

Ayon sa NVGCHS, ipinatupad ang tatlong araw na suspensiyon sa mga mag-aaral na sangkot, alinsunod sa DepEd Child Protection Policy.

Binanggit ni Dr. Merlita C. Padilla, Principal IV ng NVGCHS, na ang paghubog ng kabataan ay hindi lamang nakatuon sa pagpapataw ng parusa, kundi sa sama-samang pananagutan ng paaralan, pamilya, at komunidad.

"We are not promoting the violation of youth rights, but we can no longer turn a blind eye to the fact that there are young people capable of planning and committing harmful acts." dagdag pa niya.

### Panig ng Biktima

Sa panayam, iginiit ng ina ng biktima na hindi sapat ang tatlong araw na suspensiyon upang tumbasan ang dinanas na trauma ng kaniyang anak.

"Hanggang ngayon po ay takot pa rin siyang pumasok sa paaralan. Hindi po madaling kalimutan ang nangyari, lalo na't may pananakit na naganap," pahayag ng ina.

Ayon pa sa kaniya, patuloy na binabantayan ng pamilya ang kalagayan ng bata at ikinokonsidera ang paglipat nito sa ibang paaralan upang matiyak ang kaniyang kaligtasan at kapakanan.

### Tulong ng Pamahalaang Panlalawigan

Nakipag-ugnayan din si Nueva Vizcaya Governor Jose Gambito sa pamunuan ng paaralan at personal na nakapanayam ang biktima. Bilang tugon, nagbigay ang pamahalaang panlalawigan ng provincial assistance, kabilang ang scholarship grant, at tiniyak ang patuloy na medical at psychosocial support para sa biktima.

Naglaan din ng tulong ang pamahalaang panlalawigan para sa pagpapalit ng nasirang cellphone ng biktima upang matiyak ang kaniyang komunikasyon at pagpapatuloy ng pag-aaral, lalo na kung kinakailangang gumamit ng distance learning.


### Counseling at Interbensyon

Kasabay ng disiplina, nagsagawa rin ang MSWDO ng counseling at psychological assessment sa mga sangkot. Upang maiwasan ang direktang ugnayan habang nagpapatuloy ang proseso, pansamantalang isinailalim sa Alternative Delivery Mode (ADM) ang biktima at ang mga inaakusahan.

Ayon kay Arwin Peralta, Guidance Counselor III ng NVGCHS, patuloy ang pagpapatupad ng mga programang pangkabataan.

"Nagkaroon tayo ng orientations, inter-agency programs, Project AYWAN, at peer counseling. Nakipagtulungan tayo sa NVSU, pulis, DSWD, barangay officials, PTA, at student leaders para matalakay hindi lang bullying kundi pati juvenile delinquency," pahayag ni Peralta.

Binanggit din ni Peralta na bumababa na ang naitatalang juvenile cases, patunay sa bisa ng mga hakbang na ginagawa ng pamunuan.





DIBUHO NI **ROSEMARIE LOPEZ**

**DE NUMERO**

ayon sa Program for International Student Assessment

**65%**

ng mga mag-aaral ng ika-10 baitang ang nakararanas ng bullying.



## Project AYWAN, sa kalidad ng kaisipan at kalusugan

ni **KAREZZA BACENA**

**Bilang pagtugon sa umaangat na problema sa mental health, opisyal na inilunsad ang Mental Health Policy E.L.E.V.A.T.E o Empower Lives, Encourage Voices, Advocates Transformation, and Enhance Well-Being bilang bahagi ng Proyektong AYWAN (Alliance for Youth & Nurturing) sa Nueva Vizcaya General Comprehensive High School (NVGCHS) noong ika-26 ng Hunyo.**

Ito ay bahagi ng pakikipagtulungan ng NVGCHS sa Nueva Vizcaya State University (NVSU), upang mapabuti ang kalagayan ng mga mag-aaral at mabigyang pansin ang kanilang mga pangangailangan.

Ayon kay Dr. Wilfredo Dumale Jr., NVSU President, naniniwala sila na sa pamamagitan ng proyektong ito ay makakabuo ng mas matibay na pamayanan.


Sa ilalim ng pamamahala ni Dr. Merlita Padilla, School Principal IV, ang Proyektong AYWAN ay binubuo nina Arwin Peralta, Guidance Counselor II, at Rona Ria Obispo, Guidance Counselor II na magsisilbing mga tagapanukala ng proyekto.

Sa pagpapatupad ng mga serbisyo, mangunguna si Jacqueline V. Iglesias, Director ng University Educational Testing Center (UETC) ng NVSU sa pamamahala.

Samantala, ang proyektong E.L.E.V.A.T.E ay nasa pamamahala nina Gregorio, Peralta at Obispo na mga School Guidance Counselors na magkakasamang magtataguyod ng naturang proyekto.

Dinaluhan nina Anna Marie J. Jasmin, Assistant Principal II, Dr. Myra Faye R. Esquibal, Administrative Officer IV, Aloyda B. Calangan, Faculty, Personnel and Retirees Association (FPRA) President, Department Heads, mga miyembro ng Teaching at Non-Teaching Staff, kasama ang Supreme Secondary Learners Government (SSLG) at Red Cross Youth (RCY).

**ONLINE NA KAMI!**
i-Scan ang QR Code na ito upang magpatuloy sa amimng opisyal na FB Page ng **Pahayagan ng Nueva Vizcaya General Comprehensive High School** o ang **Ang Dahong Magat**



**PAG-ASA NG BAYAN.** Hinikayat ng Commission on Elections (COMELEC) ang on-site registration sa mga mag-aaral ng Nueva Vizcaya General Comprehensive High School. Pahayag ni Sabado "Ang kabataan ang pag-asa ng bayan, kung wala kayo hindi mababago ang gobyerno".

larawan ni **CHARLES RINGOR**

PAMPAARALAN

## 400 mag-aaral sa NVGCHS, lumahok sa COMELEC registration

ni **CHAILYN AGDON**

**Isinagawa ng Commission on Elections (COMELEC) ang on-site voter registration sa mahigit 400 mag-aaral ng Nueva Vizcaya General Comprehensive High School (NVGCHS) noong ika-7 ng Agosto, bilang bahagi ng layuning palakasin ang partisipasyon ng kabataan sa lipunan.**

Hinihikayat ang mga mag-aaral na may edad 15 pataas na maaari nang bumoto sa halalan ng Sangguniang Kabataan (SK) na nakatakdang ganapin sa ika-1 ng Disyembre ngayong taon.

Binigyang-diin ni Assistant Principal Anna Marie Jasmin ng NVGCHS ang kahalagahan ng tungkuling ito bilang mamamayan.

"Today marks an important step in strengthening democracy," ani Jasmin.

Dagdag pa ni Jasmin, ang pagpaparehistro upang bumoto ay hindi lamang isang karapatan kundi isang tungkuling dapat gampanan ng bawat isa para sa sarili at sa komunidad.

Ipinahayag din ni Sir Ronnie Sabado, isang Computer Maintenance Technologist ng paaralan, ang parehong pananaw at hinikayat ang mga mag-aaral na yakapin ang kanilang papel sa pamahalaang lokal.

"Kayo ang pag-asa ng bayan. Kung wala kayo, hindi mababago ang paggogobyerno," pahayag ni Sabado.

"Nandito kami upang iparating sa inyo ang karapatang makiisa sa halalan, lalo na sa darating na eleksyon ng Sangguniang Kabataan (SK)," dagdag pa niya.

Pinaalalahanan ng COMELEC ang mga hindi nakadalo sa school-based registration na maaaring pumunta sa kanilang lokal na tanggapan, upang masiguro ang kanilang karapatang makaboto.

BALITANG KINIPIL

## SRMA, isinagawa sa NVGCHS

ni **ZEN SARSONA**

**NUEVA VIZCAYA - Upang mapalakas ang kakayahang matematikal ng mga mag-aaral, ipinatupad ng Nueva Vizcaya General Comprehensive High School (NVGCHS) ang Synchronized Rapid Mathematics Assessment (SRMA) sa lahat ng baitang sa Junior High School Department noong Hulyo 2.**

Pinangunahan ito ng Mathematics Department ng paaralan bilang diagnostic tool upang suriin ang pundasyon na kaalaman at mahahalagang kasanayan sa matematika ng mga mag-aaral.


Higit pa rito, tinukoy nito ang mga kakayahang naaayon sa baitang ng bawat mag-aaral, na nagbibigay-daan sa pagtukoy ng mga partikular na lugar na nangangailangan ng karagdagang suporta.

"Batay sa mga resulta ng SRMA, ang mga mag-aaral na may mababang o walang kakayahan ay dadaaan ng interbensyon sa pamamagitan ng Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Math Program," ani Maria Violeta A. De Ocampo, Math coordinator.

Pagkatapos, ang mga mag-aaral na may limitadong kakayahan sa matematika ay tatanggap ng differentiated activities na inayos ayon sa kanilang partikular na antas ng kasanayan.

Tinitingnan ng NVGCHS ang pagpapatupad ng iba't ibang programa upang mapahusay ang kakayahan ng mga mag-aaral sa lahat ng asignatura at magbigay-daan sa data-informed na pagpapabuti ng instruksyon.

KAMPUS EKSPRESS



# TULOY ANG PANGARAP

## Aral Reading Program, matagumpay na inilunsad sa NVGCHS

ni **XIAMYR RAÑA**

**Opisyal na sinimulan ng Nueva Vizcaya General Comprehensive High School (NVGCHS) ang Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Reading Program ng DepEd noong ika-15 ng Setyembre.**

Isinakatuparan ni DepEd Undersecretary and chief-of-staff Fatima Panontongan ang DepEd Memorandum 64, na nagsasabing lahat ng pampubliko at pribadong paaralan ay kinakailangang isagawa ang ARAL-Reading Program.

Batay sa Republic Act No. 12028 na nilagdaan ng Pangulo noong nakaraang taon, layunin ng ARAL Program na magbigay ng tutorial na tulong sa mga mag-aaral mula Kindergarten hanggang Grade 10 sa mga asignaturang Pagbasa, Matematika, at Agham upang matulungan silang makamit ang mga kasanayang inaasahan sa kanilang antas ng pag-aaral.

Bilang suporta sa ARAL Program na ipinatupad ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), nagpulong ang NVGCHS ng mga mag-aaral at kanilang mga magulang para sa pagsisimula ng programa.

Kabilang sina Dr. Merlita C. Padilla, School Principal IV, mga ARAL-Reading Coordinators mula sa English at Filipino Department, mga guro at mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbabasa.

Inihayag ni Dr. Padilla na ang programa ay makatutulong sa reading comprehension ng mahigit kumulang 115 na mag-aaral.

Nilalayon ng programa na resolbahan ang krisis sa pagkatuto sa bansa at paigtingin ang mahahalagang kasanayang pundasyon ng mga mag-aaral.

Inaatasan ng ARAL Program ang mga mag-aaral ng walong gawain na kinakailangan nilang tapusin—apat sa Filipino mula ika-15 ng Setyembre hanggang ika-10 ng Oktubre at apat din sa Ingles mula ika-13 ng Oktubre hanggang ika-7 ng Nobyembre —kasama ang libreng materyales upang makatulong sa kanilang mga aralin.

DE NUMERO

AYON KAY DR. MERLITA C. PADILLA

**115**

NA MAG-AARAL ANG MATUTULUNGAN SA READING COMPREHENSION NG NASABING PROGRAMA



larawan ni **KAREZZA BACENA**

**GURONG INSPIRASYON.** Muling nagpamalas ng kahusayan ang mga guro at kawani ng NVGCHS matapos makatanggap ng karangalan sa Search for Indomitable Knowledge, Attributes and Talents (SIKAT) for Teaching and Non-Teaching Employees for School Year 2025.

## Kawani ng NVGCHS, tumampok sa SIKAT

ni **JEZIEL BARBIETO**

**Muling ipinamalas ng mga guro at kawani ng Nueva Vizcaya General Comprehensive High School (NVGCHS) ang kanilang angking galing at dedikasyon sa trabaho matapos makamit ang ilang parangal sa naganap na Search for Indomitable Knowledge, Attributes and Talents (SIKAT) for Teaching and Non-teaching Employees for SY 2025.**

Ginawaran si Babylyn Ambatali ng ikalawang gantimpala sa Most Outstanding Secondary Teacher in Filipino.


Nakuha naman ni Rose Ann Pascua ang ikalawang gantimpala bilang Most Outstanding Secondary Teacher in MAPEH, gayun din naman si Benedick G. Madriaga bilang Most Outstanding Secondary Teacher in Mathematics.

Pinarangal naman kay Arwin C. Peralta ang ikatlong gantimpala bilang Most Outstanding Non-Teaching Level (Related Teaching).

Isang katunayan na ang mga parangal na ito ay simbolo sa kahusayan na patuloy na ipinapamalas ng mga guro at kawani ng NVGCHS na nagbibigay ng inspirasyon sa mga mag-aaral at sa kominidad.

Isinagawa ang Indomitable Knowledge, Attributes and Talents (SIKAT) for Teaching and Non-Teaching Employees bilang isang patimpalak na naglalayong kilalanin at itaguyod ang angking kaalaman, katangian at talento ng mga empleyado sa sektor ng edukasyon.

Itinanghal ang patimpalak bilang suporta ng DepEd sa pagpapabuti ng kalidad ng eduksayon sa pamamagitan ng pagkilala sa mga indibidwal na may kahusayan sa iba't ibang aspeto ng kanilang trabaho, maging ito man ay sa pagtuturo o sa iba pang gawain sa paaralan.



**ALERTO.** Isinasagawa nang maingat ng mga opisyal ng Red Cross Youth (RCY) ang first aid procedure sa isang estudyante sa panahon ng earthquake drill sa Nueva Vizcaya General Comprehensive High School. Layunin ng pagsasanay na ito na ihanda ang mga mag-aaral at RCY officers sa tamang pagtugon sakaling magkaroon ng lindol o iba pang kalamidad.

larawan ni **KAREZZA BACENA**

DE NUMERO

**95%** - nagpakita ng **TAMANG** duck, cover and hold

**5%** - nagpakita ng **MALING** duck, cover and hold

LINDOLISTO

*"Karamihan sa mga estyudante ay 'di seryoso sa earthquake drill, at kung tunay na lindol 'yon, malaki ang posibilidad na mapahamak sila"*

## Ilang mag-aaral, 'di sineseryoso ang earthquake drill

ni **KAREZZA BACENA**

**Natagpuang iilan sa mga mag-aaral ng NVGCHS ang tila trinatratong biro ang buwanang Earthquake Drill.**

Eksaktong alas-nuwebe ng umaga naganap ang simulasyon ng lindol, nagsimula ang pagsasanay sa pagtunog ng emergency alarm, ngunit illan pa rin sa mga estudyante ang hindi nagseseryoso at aktibo sa oras ng ganitong kaganapan lalo na ang mga mag-aaral sa Junior High School.

Itinalaga ng DepEd ang mga pinuno ng paaralan at School Disaster Risk Reduction Management (SDDRM) coordinators upang pamunuan ang pagpaplano.

"For my assessment, only 95% of the students really performed the proper duck, cover and hold; the 5% didn't perform It properly," ani Jaime Ace Acosta, SDDRM coordinator.

Naatasan ang mga scouts at mga pangulo sa kaniya-kaniyang silid-aralan na tiyakin ang kaligtasan ng mga estudyante sa pamamagitan ng headcount at pagsusuri ng bawat silid.

"Nakikita ko na karamihan sa mga estudyante ay parang naglalaro lang o nagkukwentuhan habang nagaganap ang earthquake drill, at kung tunay na lindol 'yon, malaki ang posibilidad na mapahamak sila dahil sa kakulangan ng seryosidad," ani Yuri Bautista, pinuno ng Girls Scouts of the Philippines ng NVGCHS.

Taong 2025, dalawa pa lamang ang naisagawang earthquake drills sa paaralan at madadagdagan pa ito sa susunod na mga buwan.

Gayunpaman, sa pagpapatatag ng kahandaan sa kalamidad sa buong mundo, ang 'Global Earthquake Preparedness Initiative' ay isang pandaigdigang programa na may layuning mapabuti ang kahandaan sa kalamidad at magbuo ng epektibo at agarang sistemang babala sa buong mundo.

Nakatulong ang United Nations Office for Disaster Risk Reduction at seismological agencies na mas naging epektibo at abot-kamay ang pagsasanay sa tamang hakbang sa panahon ng lindol sa Iba't ibang bansa.

TOMO LIII, BLG 1
ANG OPISYAL NA PAHAYAGAN NG NUEVA VIZCAYA GENERAL COMPREHENSIVE HIGHSCHOOL
HUNYO 2025-DISYEMBRE 2025
ANG dahongmagat

PAMPAARALAN

## Drop-out rate para sa S.Y. 2025-2026, umakyat; NVGCHS, nanguna

ni **AARON DAVE LABAO**

**Tumaas sa 2.18% ang dropout rate sa Bayan ng Bayombong para sa S.Y. 2024-2025, na nagpapakita ng pagtaas na 1.58% kumpara sa 0.6% noong nakaraang taon.**

Kasabay ng pagtaas ng dropout rate ay ang pagdami rin ng mga enrollee na nadagdagan ng 3,411 sa S.Y. 2024-2025 kumpara sa S.Y. 2023-2024 na umabot lamang sa 14,072 na enrollee.

Ang pagtaas ng bilang ng mga nagsi-dropout ay bunsod ng iba't ibang dahilan tulad ng mga suliraning may kinalaman sa tahanan, pinansyal, kapaligiran, paggamit ng ipinagbabawal na gamot, mga personal na dahilan ng mag-aaral, at mga problemang may kinalaman sa paaralan.

Sa Nueva Vizcaya General Comprehensive High School (NVGCHS), humigit-kumulang 6.7% ng mga mag-aaral ang tumigil sa pag-aaral sa junior high school, kung saan ang kawalan ng interes ang pangunahing dahilan, kasunod ang alitan sa pamilya at layo ng bahay sa paaralan, na nagpapakita ng agwat na 6% mula sa 0.7% ng nakaraang taon.

Nakatala namang kakaunti o halos walang dropout sa ibang mga paaralan, kaya't nangunguna ang NVGCHS bilang paaralan na may pinakamaraming bilang ng mga nagsi-dropout sa kasalukuyang taon.

**DE NUMERO**

**2.18%**
ANG DROPOUT RATE SA BAYAN NG **BAYOMBONG** PARA SA S.Y. 2024-2025

**6.7%**
NVGCHS junior high school students na tumigil sa pag-aaral



**PARA SA KINABUKASAN.** Inilungsad ng matagumpay ang ARAL Reading-Program sa NVGCHS noong ika-15 ng Setyembre. Layunin nitong matulungan ang mga mag-aaral upang mas maunawaan at makamit ang kanilang pangarap sa buhay.

larawan ni **KARENZA BACENA**

# SINUBOK NG PANAHON

## Uwan, nanalasa sa NV; P3B halaga ng ari arian, napinsala

ni **AARON DAVE LABAO**

**PINSALANG UWAN.** Mahigit tatlong bilyong halaga ang naapektuhan sa katatapos na Bagyong Uwan sa Nueva Vizcaya noong ika-9 ng Nobyembre. Upang maibalik sa sigla ang probinsya sama-sama ang mga mamamayan sa pagsasaayos ng mga kalsada at linya ng kuryente.

**DE NUMERO**

Ayong sa datos ng PDRRMO,

**₱2 BILLION**
pinsala sa sektor ng **AGRIKULTURA**

**₱1 BILLION**
pinsala sa **IMPRASTRAKTURA**



Larawang mula sa ***facebook.com/theMARIANS***

**NUEVA VIZCAYA - Mahigit P3 bilyong halaga ng pinsala ang idinulot ng Bagyong Uwan sa lalawigan matapos ang malakas nitong pananalasa noong Nobyembre 9.**

Batay sa datos ng Provincial Disaster Risk Reduction Office (PDRRMO), umabot sa P2 bilyon ang pinsala sa sektor ng agrikultura habang P1 bilyon naman ang naitala sa imprastraktura.

Maaari pa umanong tumaas ang kabuuang halaga dahil nagpapatuloy ang assessment ng Department of Public Works and Highways (DPWH) sa mga kalsada, tulay at iba pang gusali.

Naitala rin sa probinsya ang 1,585 bahay na tuluyang nasira habang 19,043 naman ang bahagyang napinsala.

Dahil sa lawak ng pinsala, nagdeklara si Governor Jose Gambito ng provincial state of calamity upang mapabilis ang paglalabas ng pondo at paghahatid ng tulong sa mga apektadong residente.

"While the entire country is already under a national state of calamity, it is still necessary for Nueva Vizcaya to be placed under a provincial state of calamity," saad niya.

Samantala, nagsagawa na ng relief operations ang Provincial Local Government Unit at nakapagpamahagi ng 30,000 food packs sa iba't ibang karatig bayan sa lalawigan.

Patuloy rin ang pagsasaayos ng mga kalsada at linya ng kuryente sa buong lalawigan.

**DE NUMERO**

bahay na **NATULUYANG NASIRA**
**1,585**

bahay na **BAHAGYANG NASIRA**
**19,042**

BALITANG BAYAN

## NVGCHS, inuwi ang kampeonato sa Sayawit para sa Kabataan 2025

ni **XIAMYR RAÑA**

**Nagwagi ang Nueva Vizcaya General Comprehensive Highschool (NVGCHS) sa ginanap na "Tunog, Galaw at Bigkas: Sayawit para sa Kabataan" na kanilang itinanghal sa LGU Bayombong ngayong araw, bilang bahagi ng pagdiriwang ng Linggo ng Kabataan 2025 na may temang "Local Youth Actions for the SDGs and Beyond."**

Ginawaran ang NVGCHS ng unang gantimpala matapos magpakitang gilas sa entablado, habang pumangalawa naman ang Muir Woods Academy, pumangatlo ang Bonfal National High School, pumang-apat ang Casat National High School, at pumanglima ang Paitan National High School.

Itinampok ng mga mag-aaral ng NVGCHS ang kanilang galing at talento, ngunit hindi nila ito makakamit kung walang gumabay, humubog, at sumuporta sa mag-aaral sa kanilang pag-eensayo.

Pinangunahan nina Nathaniel R. Almendra, Zepharine Castillo, at Joanna Jasmin Cordero Dela Cruz, mga pawang guro ng NVGCHS ang "Awit Team" na nagsilbing mentor sa mga mag-aaral upang maibigay ang tinig at mensahe ng tama sakanilang pagtatanghal.

Samantala, ipinamalas ang malikhaing galaw sa pamumuno ni Xyril Kharl Cayaban, na nagbigay ng masigla at makulay na pagtatanghal.

Nagbigay-buhay at nagpakitang-gilas sa entablado ang mga talentadong mag-aaral na sina Xiamyr Raña, Wilber Quimson, Vincent Petonio, Kshatriya Bacal, Thadd Ortiz, Ryan Bangon, Russel Gurat, Rhiana Mae Tumacder, Nyghel Diaz, Mart Marquez, Kathleen Agguid, John Rey Lauderes, Jemariz Ayel Banta, Jean Kyla Miguel, Jaymer Jenetiano, Janlyn Tubaran, Jairuz Lannu, Inah Cordero, Hance Danao, at Lance Soriano.

Ipinakita ng tagumpay na ito ang talento, dedikasyon, at pagkakaisa ng mga kabataang Vizcayano. Nagsilbi rin itong inspirasyon sa iba pang kabataan na gamitin ang kanilang galing upang makiisa sa mga layunin ng Sustainable Development Goals (SDGs).

## NVGCHS, tinutulan ang posibleng mining sa DDN

ni **CHAILYN AGDON**




Larawang mula sa ***facebook.com/theMARIANS***

**Ibinunyag ng isang kamakailang campus survey na kinokondena ng komunidad ng Nueva Vizcaya General Comprehensive High School (NVGCHS) ang operasyon ng mina sa Dupax Del Norte, at iginiit na ang pagkasira ng kalikasan at mga banta sa komunidad at kabuhayan ang pangunahing alalahanin.**

Sa 427 na mga respondent mula sa iba't ibang baitang at departamento, mahigit 90 porsiyento ang nagpahayag ng pagtutol sa pagmimina sa nasabing lugar, habang iilan lamang ang kumikilala sa posibleng benepisyong pang-ekonomiya.

Marami ang nagbigay-diin sa mga panganib na maaaring idulot ng malakihang pagmimina sa mga kagubatan, ilog, sakahan, at kaligtasan ng mga mamamayan.

"Tutol po ako sa pagmimina sa Dupax del Norte dahil matagal nang nagsisilbing tagapagtanggol natin ang mga bundok. Talagang maaapektuhan ang komunidad kapag ipinagpatuloy ito," ani isang mag-aaral sa Baitang 10.

Kamakailan, nagprotesta ang mga komunidad mula Bayombong hanggang Kasibu upang labanan ang operasyon ng mina, na lalong nagpatingkad sa tensiyon sa pagitan ng pang-ekonomiyang pag-unlad at pangangalaga sa kalikasan.

Dagdag pa sa oposisyon, hinahamon din ng mga lokal na opisyal ang mga permit sa pagmimina.

Ipinaliwanag ni Bise Alkalde Ric Ronelson D. Asuncion na nagsimula ang kontrobersiya noong ika-11 Sangguniang, nang iharap ng Woogle Company ang kanilang exploration plan at nabigyan ng Certificate of Consultation kahit hindi nagsagawa ng wastong konsultasyong publiko.

Nagpasa si Asuncion at iba pang mga opisyal ng mga kahilingan sa Maynila sa Mines and Geosciences Bureau (MGB) upang bawiin ang exploration permit ng Woogle dahil sa umano'y mga paglabag.

Samantala, inihain ni Congressman Timothy Joseph E. Cayton, Kinatawan ng nag-iisang distrito ng lalawigan, ang Watershed Protection Bill na naglalayong ipahinto ang mga aktibidad ng pagmimina sa Nueva Vizcaya, at binanggit na may nakasampa nang kaso sa korte laban sa Woogle Company.

## DepEd: Inobasyon sa edukasyon, pinaigting sa tulong ng AI

ni **EVANGELINA BAUTISTA**

**Inihayag ng Department of Education (DepEd) ang pag-usad sa paggamit ng artificial intelligence (AI) upang mapalakas, mapabuti ang alokasyon ng pondo, at maisaayos ang pagpili ng mga pinuno ng paaralan, alinsunod sa direktiba ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. na palawakin ang integridad at inobasyon sa pamahalaan.**

Ayon kay DepEd Secretary Sonny Angara, malinaw na ipinapakita ng midyear report ng Education Center for AI Research (ECAIR) na nagkakaugnay na ang teknolohiya at pananagutan sa DepEd.

"Hindi lamang ito usapin ng teknolohiya, kundi ng pagtutuwid ng sistema. Kapag malinaw ang datos, mabilis ang tugon, at patas ang alokasyon, mas tumitibay ang tiwala ng mga guro, magulang, at mag-aaral sa DepEd," ani Angara.

Binigyang-diin ng kagawaran na nakatuon ang mga reporma sa pagtatatag ng pangmatagalang kultura ng inobasyong nakabatay sa datos, kung saan nananatiling sentro ang integridad sa modernisasyon ng edukasyon.

Isa sa mga pangunahing inisyatiba ang Project TALINO, isang digital mapping system na nagbibigay ng larawan sa mga pangangailangan ng mga paaralan sa buong bansa.

Sa pamamagitan ng platform na ito, natutukoy ng DepEd at mga katuwang nito ang mga kakulangan sa silid-aralan, elektripikasyon, at iba pang pasilidad, upang mauna ang mga lugar na malalayo at kulang sa serbisyo.

Kabilang din sa mga proyekto ang Project DUNONG, na awtomatikong nagpoproseso ng National Qualifying Examination for School Heads (NQESH).

Sa paggamit ng dual scoring methods, nabawasan ang gastos sa outsourcing, bumilis ang paglabas ng resulta, at tumaas ang antas ng katumpakan.


Samantala, inilunsad ng DepEd ang Project SALIKSEEK, isang GenAI-powered quick response tool para sa mabilisang pagkuha ng datos sa edukasyon.

Sa ikalawang hati ng 2025, sinimulan naman ang Project SIGLA, isang AI tool para sa growth screening na layuning matukoy ang mga batang bansot o kulang sa timbang.

Layunin nitong mapagaan ang paghihirap ng mga guro at magbigay ng mas maagap na tugon sa mga kaso ng malnutrisyon.

Kasabay nito, isusulong din ang Project SABAY, na gumagamit ng AI upang i-screen ang mga mag-aaral na may dyslexia at speech sound disorders, para sa mas maagang pagtukoy at suporta sa mga batang may learning difficulties.

Batay sa ulat, ipagpapatuloy ang pagpapalawak ng mga proyektong ito hanggang taong 2026, na sasaklaw sa mas maraming rehiyon at programang pangsanay para sa mga guro at mag-aaral, bilang bahagi ng patuloy na pagpapatatag ng diwa ng inobasyon at integridad sa edukasyon.



**ABOT-PUSO.** Masayang kumakain ang mga bata sa libreng pagkain na inihanda ng mga mag-aaral ng Grade 12 STEM at ABM ng Nueva Vizcaya General Comprehensive High School sa Community Outreach Program, Bayombong, Nueva Vizcaya, Oktubre 11, 25, at 26. Nagbigay din ang mga mag-aaral ng school supplies, damit, at reading sessions para sa mga bata.

larawan ni **CHARLES RINGOR**

## Outreach Program, idinaos ng NVGCHS Seniors

ni **MARIA FE MABUTI**

**Nagsagawa ng Community Outreach Program ang mga mag-aaral ng Nueva Vizcaya General Comprehensive High School (NVGCHS) sa pangunguna ng mga Grade 12 STEM at ABM noong Oktubre 11, 25, at 26, bilang bahagi ng kanilang asignaturang Introduction to Philosophy of the Human Person upang matulungan ang mga bata na magbasa at mag-aral, kaakibat ang kanilang mga guro na sina Mark Anthony Morales-Carabbacan at Ibarra P. Mendoza.**

Sa kanilang mga programa, nagbahagi ang mga mag-aaral ng school supplies, ginamit na damit, at libreng pagkain, bukod pa sa pagpapasaya sa mga bata sa pamamagitan ng mga laro, at simpleng ehersisyo.

Nagkaroon din ng simpleng reading sessions ang mga bata upang mapahusay ang kanilang kakayahan sa pagbasa at pag-unawa ng mga kwento, bilang bahagi ng layunin ng outreach na paigtingin ang literacy at interes sa pag-aaral.

Isinagawa ng iba't ibang seksyon ng Grade 12 STEM at ABM ng NVGCHS ang kanilang outreach program sa iba't ibang lugar sa Bayombong, Nueva Vizcaya, kung saan ang Emilio Aguinaldo (STEM) ay nagtungo sa St. Isidore Parish, Magsaysay, ang Apolinario Mabini (STEM) ay sa Don Domingo Maddela, habang ang Teresa Magbanua (ABM) ay sa Vista Alegre, at ang Felipe Agoncillo (ABM) naman ay sa Salvacion.

"Sinimulan namin itong proyekto na 'to para mas maunawaan nila ang aralin sa philosophy, Understanding the human person in society where individuals come together to pursue common goals," ani Mendoza.

Ayon naman kay Charles Ringor, mag-aaral ng Apolinario Mabini, "Hangga't may bata, may pag-asa at hangga't libre ang mangarap, may dahilan para lumaban. Dahil bawat bata ay simula ng pagbabago. We started with a simple dream to inspire, to help, and to bring hope to every child

PAMBANSA

## Bonares, nanguna sa Foresters Board Exam 2025

ni **RAPHA LEOSALA**

**Muling ipinamalas ni Dankfreid Tristan Dumale Bonares, 23 anyos na alumno ng Nueva Vizcaya State University (NVSU) mula sa Bonfal West, Bayombong, Nueva Vizcaya, ang kanyang kahusayan nang makamit ang ika-9 puwesto sa buong bansa sa October 2025 Foresters Licensure Examination na isinagawa ng Professional Regulation Commission (PRC).**

Ang kahanga-hangang tagumpay ni Bonares ay bunga ng kanyang walang sawang dedikasyon at matibay na pananampalataya sa Diyos sa kabila ng mga hamon na kanyang hinarap.

Sa loob lamang ng dalawang buwan ng paghahanda, naglaan siya ng apat hanggang limang oras ng pokus na pag-aaral araw-araw mula umaga hanggang gabi upang masiguro ang kanyang tagumpay sa pagsusulit.

Bago pa man makarating sa pinakamataas na antas ng kanyang akademikong karera, dumaan si Bonares sa maraming pagsubok.

Noong 2020, nang dapat ay mag-kolehiyo na siya, napilitan siyang ipagpaliban ang kanyang pag-aaral at maghanap ng trabaho dahil sa kakulangan sa pinansyal na kakayahan ng kanyang pamilya.

Limitado lamang ang kita ng kanyang ama at walang trabaho ang kanyang ina, kaya talagang mahirap ang kanilang pamumuhay.

Sa tulong at walang sawang suporta ng kanyang mga magulang na ginawa ang lahat para sa kanyang kinabukasan, muling nakapag-enrol si Bonares noong 2021.

"Ang pinaka naging struggle ko before ko makamit ang mga achievements na naabot ko ngayon was lack of resources or kakulangan sa pera. Through the support and help of my family especially my parents, ginawa talaga nila lahat para lang makapagtapos ako," pahayag ni Bonares.

Sa kanyang mga taon sa NVSU, hindi lamang naging masipag na mag-aaral si Bonares kundi isa ring aktibong estudyante na kumatawan sa unibersidad sa iba't ibang larangan.

Patuloy siyang nakasama sa Dean's List mula 2023 hanggang 2024 at naging kampeon sa iba't ibang beauty pageant, kabilang ang pagiging Mr. NVSU First Runner-Up noong 2023 at Mr. Green Philippines Tourism noong 2025.

Bilang bagong lisensyadong forester, nakatuon ang pangarap ni Bonares sa paglilingkod sa bayan at sa kapaligiran.


"Makapag-provide ng safe and a healthy environment and to serve as a catalyst of change," ang kanyang buhay na layunin sa propesyon.

Ang kanyang inspirasyon ay walang iba kundi ang kanyang pamilya, mga kaibigan, mahal sa buhay, at higit sa lahat, ang Panginoong Diyos na patuloy na gumagabay at nagbibigay ng lakas sa kanya.

Sa mga kasalukuyang mag-aaral at mga umaasang maging forester, nagbigay si Bonares ng simple ngunit makapangyarihang payo: "Galingan ninyo, maging masipag, at huwag kakalimutan si God."

Ang kanyang kwento ay nagsisilbing inspirasyon na ang sipag, sakripisyo, at pananampalataya ay susi tungo sa tagumpay.

KAMPUS EKSPRESS




# BAGO SA EDUKASYON

## 'Strengthened' SHS curriculum, opisyal nang ikinasa; NVGians naglabas ng hinain

ni **CHAILYN AGDON**

**Pormal nang sinimulan ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) ang pagsasagawa ng isang pilot run para sa bagong "strengthen" Senior High School (SHS) kurikulum sa mahigit 800 na paaralan sa Pilipinas para sa taóng panuruan 2025–2026, kabilang sa mga napiling paaralan sa Region 2 ang Nueva Vizcaya General Comprehensive High School (NVGCHS).**

Sa loob ng bagong curriculum, mula sa 15 na core subjects ay magiging lima na lamang.

Isa ring pagbabago ay kung sa bagong curriculum at apat o higit pang strand ngayon, mayroon na lamang dalawa, ang Academic at Technical Vocational.

Nabanggit ni DepEd Secretary Sonny Angara na lima sa walong asignaturang pangkolehiyo ang nilalaman ng panukalang SHS kurikulum upang makatulong na paikliin ang bilang ng taon sa kolehiyo at alisin ang bridging program.

"The strengthened SHS Curriculum is a strategic step forward in our education system. While it may be too early to conclude that it is significantly better than the previous curriculum, one advantage of this is the reduced number of subjects." ani Christina Almendra, isang guro sa ika-11 na baitang sa NVGCHS.

Ngunit, sa naglipas ng ilang buwan matapos simulan ang pilot run ay nagbunga ito ng ilang opinyon mula sa mga mag-aaral, mga guro at opisyal.

"It feels like we were thrown into a system that changed overnight, without enough time to fully understand or adapt to the new requirements. Instead of improving our learning experience, the rapid changes have made it harder to keep up with the material, and many students feel overwhelmed and anxious." pahayag ni Kaitleen Pataueg isang mag-aaral sa ika-11 na baitang.

Idininagdag naman ni Wilber Quimson, na nabigla ang karamihan sa mga mag-aaral, higit ang mga kabataan na hindi pa mawari ang kanilang kursong nais tahakin.

Higit pa rito, ang mga grupo ng guro tulad ng Teachers' Dignity Coalition (TDC) ay nagtaas ng kanilang mga aalahanin tungkol sa kakulangan ng paghahanda at pagsasanay para sa pagsimula ng pilot run.

Nabanggit ng mga guro na mayroong kakulangan sa mga kinakailangang materyales at hindi sila nakatanggap ng sapat na pagsasanay bago ang pilot run.

"It lacks better quality learning materials for the new core subjects, as well as detailed orientation and seminars for teachers and administrators for its implementation," pahayag ni Eloisa Madamba, Senior High School President ng NVGCHS.

Sa kabila ng mga alalahanin patungkol sa implementasyon ng bagong SHS kurikulum, nagtanghal ang NVGCHS ng mga pagpupulong patungkol sa pagsimula ng bagong kurikulum.

Sinisiguro ng NVGCHS na magiging epektibo ang implementasyon ng bagong SHS kurikulum sa pamamagitan ng pang-enganyo sa mga mag-aaral at sila'y masanay para sa hinaharap.

# BISTADO'T AMINADO

> *Nakakadismaya lang kasi ang CR na dapat linis at safe space para sa lahat ay naging tambayan na ng mga nag-vavape"*

> *Nagsimula lang akong mag-vape dahil akala ko cool at walang masamang epekto, pero ngayon nahihirapan na akong huminga at nagsisisi ako sa desisyon ko na subukan ito"*

## Estudyanteng mahuhuli sa paggamit ng vape, haharap sa disiplinaryong aksyon

ni **AARON DAVE LABAO**

**Huli sa akto ang mga insidente ng iilang mga menor de edad na estudyante ng Nueva Vizcaya General Comprehensive High School na gumagamit ng ipinagbabawal na vaping devices sa loob ng paaralan na pumukaw sa atensyon ng nakararami.**

**PAG AMIN NG MGA ESTUDYANTE SA PAGGAMIT NG VAPE**

Sa Isinagawang Inspeksyon at Interbyew karamihan sa estudyante ay menor de edad ang umamin na gumagamit ng vaping devices sa loob ng palikuran ng paaralan maraming report ang natanggap ukol dito na.

"Nagsimula lang akong mag-vape dahil akala ko cool at walang masamang epekto, pero ngayon nahihirapan na akong huminga at nagsisisi ako sa desisyon ko na subukan ito," paliwanag ng estudyanteng itinatago sa pangalang "Juan".

**MGA ESTUDYANTENG NAKAHULI SA AKTO**

Ayon sa Interbyu karamihan sa nakakakita sa mga estudyanteng nag vavape sa loob ng palikuran ng eskwelahan ay hinahayaan na lamang to, sa dahilang ayaw na makialam at masangkot sa anumang gulong maldudulot ng pagsumbong.

"Nakakadismaya lang kasi ang CR na dapat linis at safe space para sa lahat ay naging tambayan na ng mga nag-vavape, at minsan nahuhuli pa kami ng guard kahit wala naman kaming ginagawa kundi maghintay lang na matapos sila" ani ng isang estudyante sa kanyang karanasan sa tuwing makakita ng mga nag vavape sa loob ng palikuran.

**BATAS PAMPAARALAN**

Batay sa mga alituntunin na nakasaad sa Order No. 48, Serye ng 2016 ng Kagawaran ng Edukasyon, at sa Republic Act 9211, na nagbabawal sa pagbenta at paggamit ng sigarilyo at vape products sa loob ng paaralan at sa paligid nitong 100-metro na radius, Ipinatutupad ang mas mahigpit na hakbang upang pigilin ang paglaganap ng paggamit ng mga bawal na sangkap sa mga estudyante.

Bukod dito, ayon sa Article 189 ng P.D. No. 603 o kilala rin bilang The Child and Youth Welfare Code, ang mga menor de edad na mahuhuling nagbebenta, bumibili, o gumagamit ng produkto ng tabako ay magdaranas ng mga parusa alinsunod sa batas.

**PAGPAPATUPAD NG MAS STRIKTONG PATAKARAN**

Kamakailan nagpasya ang mga opisyal ng paaralan na magpatupad ng mas mahigpit na patakaran laban sa ganitong uri ng gawain.

Ayon sa mga awtoridad ng paaralan, ang mga estudyanteng nahuli sa paninigarilyo o paggamit ng vape sa mga lugar na ipinagbabawal ay tatanggap ng violation slip, at ang kanilang mga bawal na gamit ay kukumpiskahin ng mga guro.

Tanging mga magulang o tagapangalaga lamang ang pinapayagang kumuha ng mga kukumpiskahing gamit, at sa mga paulit-ulit na paglabag, ang mga ito ay mananatiling nasa kustodiya ng paaralan hanggang sa katapusan ng taon-aralan.

Binibigyang-diin ng administrasyon ng paaralan ang kahalagahan ng pagpapanatili ng isang malusog at maayos na kapaligiran sa pag-aaral, na malayo sa impluwensiya ng mga sangkap na maaaring makasama sa kalusugan at pag-aaral ng mga estudyante.



**14.1%**
ng mga kabataang Pilipino na may edad 13 hanggang 15 ay gumagamit ng vape

TOMO LIII, BLG 1
ANG OPISYAL NA PAHAYAGAN NG **NUEVA VIZCAYA GENERAL COMPREHENSIVE HIGHSCHOOL**
HUNYO 2025-DISYEMBRE 2025

ANG **dahongmagat**

who dares to dream despite the struggles. Together, let's continue to serve, to inspire, and to transform lives. Para sa Bayan, Para sa Kabataan!"

Bukod sa pagbibigay ng tulong at aliw sa mga bata, tiniyak ng mga mag-aaral na maging makabuluhan at praktikal ang kanilang outreach sa pamamagitan ng pagpapabasa pati na rin ang pagpapalakas ng kumpiyansa at interes ng mga batang kalahok.

Inaasahan ng guro at mag-aaral na ang ganitong uri ng proyekto ay hindi lamang magbibigay ng kasiyahan sa mga bata kundi magpapalalim din sa kanilang pang-unawa sa pilosopiya at sa kahalagahan ng pagtutulungan sa lipunan, na isa sa pangunahing layunin ng asignatura.

## Tatlong NVGian, Pinarangalan sa Ulirang Kabataan Awards 2025

ni **KAREZZA BACENA**

**Estudyante at alumni mula sa Nueva Vizcaya General Comprehensive High School (NVGCHS) ang nagwagi ng prestihiyosong parangal sa kauna-unahang Ulirang Kabataan Awards 2025 na ginanap noong Setyembre 13, 2025 sa The Monarch Hotel, Calasiao, Pangasinan.**

Tatlong NVGian ay ginawaran ng parangal sa kategoryang Leadership and Community Service bilang pagkilala sa kanilang natatanging dedikasyon at serbisyo sa komunidad.

Si Marc Justin D. Pimentel, kasalukuyang DFSSLG Secretary at NVGCHS SSLG President, ay kinilala dahil sa kanyang hindi matatawarang dedikasyon sa mga adbokasiya tulad ng Project BAGANI at Project Ignite: NVSION.

Samantala, ang mga NVGCHS alumni at dating 2024 SSLG officers na sina Mariele M. Evangelista, 2024 SSLG Vice-President, at Ariel Jansen T. Almendra, 2024 Public Information Officer, ay nakatanggap din ng parehong parangal.

Malaking patunay ang kanilang tagumpay na sila ay hindi lamang may integridad na mamumuno bagkus huwaran na kabataan at nagsisilbing inspirasyon upang higit pang paigtingin ng kapwa kabataan ang kanilang kakayahan at serbisyo para sa komunidad.

Kasama nila sa pagdiriwang si Ginoong Aumary Lordxander Baysa, dating SSLG adviser, na nagsilbing mentor at gabay sa mga kabataang lider sa panahon ng kanilang pamumuno.

Ang Ulirang Kabataan Awards ay pambansang pagkilala sa mga natatanging kabataan mula sa iba't ibang paaralan na nangunguna sa iba't ibang larangan tulad ng academics, arts and culture, sports, leadership and community service, at science and technology.

MARC JUSTIN D. PIMENTEL
MARIELE M. EVANGELISTA
ARIEL JANSEN T. ALMENDRA

# Project ASSETS, inilunsad sa NVGCHS

ni **JANELLE FAITH BELISARIO**

**Pormal na inilunsad ng Nueva Vizcaya General Comprehensive High School (NVGCHS) ang pilot session ng Project ASSETS (Accounting Simulation Series for Enhancement of Techniques and Skills) noong Agosto 9, 2025 sa Bayombong, Nueva Vizcaya.**

Layunin ng programa na paigtingin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Basic Accounting sa pamamagitan ng mga interaktibong sesyon sa pagkatuto.

Isinasagawa ito tuwing sabado bilang isang interaktibong review at tutorial series para sa mga mag-aaral ng Grade 11 Business and Entrepreneurship.

Nilalayon ng inisyatibong ito na palawakin ang kakayahan ng mga mag-aaral na magsuri ng business transactions, maghanda ng journal entries, at bumuo ng financial statements sa pamamagitan ng sistematikong pagsasanay at pagtutulungan ng mga kapwa mag-aaral.

Batay sa proposal ng proyekto, ang 12-session na programa ay gagamit ng mga kagamitang panturo at activity sheets na binuo ng mga guro, kalakip ang gabay ng mga volunteer na alumni mula sa ABM strand.


Kabuuang 73 mag-aaral ang inaasahang lalahok sa mga sesyon na kinabibilangan ng pre-test at post-test upang masukat ang progreso at masuri ang pagiging epektibo ng programa.

Ipinahayag ng mga opisyal ng paaralan na sumusuporta ang proyekto sa mga hakbang ng Department of Education para sa learning recovery sa pamamagitan ng pagtugon sa kakulangan sa business-related competencies.

Nagpahayag din ng suporta ang mga guro at magulang, na binigyang-diin na hindi lamang nito mapapahusay ang akademikong pagganap kundi makapaghahanda rin sa mga mag-aaral para sa mas mataas na pag-aaral sa accountancy at entrepreneurship.



**PATULOY NA PAG-AARAL.** Nagbibigay-daan ang project ASSETS sa mga mag-aaral ng Grade 11 Business and Entrepreneurship ng Nueva Vizcaya, upang matulungan at mas maunawaan ng mga mag-aral ang Basic puAccounting, noong ika-9 ng Agosto.
larawan ni **KAREZZA BACENA**



**BAGONG KURIKULUM.** Nagbigay ng mga hinanain at opinyon ang mga guro, mag-aaal, at mga opisyal sa makabagong kurikulum na isinagawa ilang buwan na ang nakalipas.
larawan ni **CHARLES RINGOR**

PANLALAWIGAN

## Nueva Vizcaya Treasury Office, namayagpag sa BLGF 2025 Midyear Conference

ni **XIAMYR RAÑA**


Larawang mula sa *facebook.com/PLGUNuevaVizcaya*
**TAMANG PAMUMUNO.** Nakamit ng Provincial Treasury Office ng Nueva Vizcaya ang unang puwesto sa Collection Efficiency on Real Property Tax at nag wagi rin ito sa Folk Dance Competition na ginanap sa parehong kumperensyq. Pinatunayan ng Novo Vizcayano ang kahusayan sa kultura at sining.

**Muling pinatunayan ng Provincial Treasury Office ng Nueva Vizcaya ang kahusayan nito sa pamamahalang lokal matapos itong nagkamit ng maraming karangalan sa 2025 Bureau of Local Government Finance (BLGF) Midyear Conference of Local Treasurers and Assessors, na ginanap noong ika-22 hanggang ika-24 ng Hulyo sa Vitalis Villas, Santiago, Ilocos Sur.**

Itinanghal ang Nueva Vizcaya bilang nangungunang lalawigan sa buong Rehiyon ng Cagayan Valley, matapos masungkit ang pinakamataas na parangal sa ilang mahahalagang kategorya.

Ang lalawigan ay pinasok sa Hall of Fame matapos magwagi ng unang puwesto sa Collection Efficiency on Real Property Tax para sa Fiscal Year 2024, na may 123.25% efficiency rate. Katumbas ito ng kabuuang koleksiyong ₱263,492,437.31, na mas mataas kumpara sa target na P213,789,730.99.

Bukod dito, nakamit din ng Nueva Vizcaya ang unang puwesto sa Collection Efficiency of Total Locally-Sourced Revenues para sa FY 2024, na may 112.69% efficiency rate, at kabuuang koleksiyong P498,705,861.41 laban sa target na P442,548,774.73.

Hindi lamang sa pananalapi nanguna ang lalawigan, nagwagi rin ito sa Folk Dance Competition na ginanap sa parehong kumperensya, na nagpakita ng husay ng mga Novo Vizcayano sa kultura at sining.

Ang mga karangalan na ito ay bunga ng dedikasyon at pagtutulungan ng Provincial Treasury Office at Provincial Assessment Office, sa pangunguna ni Provincial Treasurer Rhoda D. Soriano-Moreno at Acting Provincial Assessor Salvador G. Aquino III, kasama ang 15 Municipal Treasury at Assessment Offices ng buong Nueva Vizcaya.

Pinatutunayan din nito ang matatag na pamumuno ni Governor Atty. Jose V. Gambito sa lalawigan.

Ayon kay Gobernador Gambito, "These awards are a testament to the commitment, diligence, and integrity of our treasury and assessment teams. The people of Nueva Vizcaya can be proud that our province continues to set the standard for excellence in local revenue generation.."

Tanda na ang mga natanggap na pagkilala ay muling nagpapatibay sa pagtatalaga ng Nueva Vizcaya sa mahusay na pamamahala, epektibong serbisyo publiko, at patuloy na pag-unlad para sa lalawigan at sa mga Novo Vizcayano.

PAMPAARALAN

## Seguridad sa paaralan,hinigpitan

ni **CHARLES RINGOR**

**Pinalakas ng Nueva Vizcaya General Comprehensive High School (NVGCHS) ang seguridad ng mga mag-aaral at guro sa tulong ng mga Closed-Circuit Television (CCTV) cameras at dagdag na school guards upang pagtibayin ang kaligtasan sa paaralan.**

Nagdagdag ang paaralan ng isang school guard na kasalukuyan ay umaabot na kabuuang bilang na apat, gayundin ng mga CCTV cameras na tatlumpu na rin ang kabuuang bilang.

Ayon kay Dr. Merlita C. Padilla. School Principal V, pinagdesisyunan umano ng administrasyon ng paaralan noong 2022 na mag-install ng mga karagdagang CCTV upang mas pagtibayin ang seguridad at maiwasan ang nakawan.

"Noon, bago pa namin nainstall ang mga CCTV, maraming estudyanteng nawawalan ng gamit. Minsan, hindi na bumabalik yung nawawala. Kaya naisipan ng administrasyon na magdagdag ng CCTV. Gusto rin namin ma-monitor kung may mga tao sa labas na pumapasok sa campus," paliwanag ni Dr. Padilla.

Dagdag pa ni Dr. Padilla, mayroong mga pangyayari na nawawalan ng cellphones sa loob ng mga silid-aralan lalung lalo na tuwing flag ceremony, at laking tulong daw ang ginagampanan ng mga CCTV dahil natutukoy ang mga labas-pasok sa paaralan nagsisilbi itong mata sa campus kung sakali man na magkaroon ng krimen.

"Mas komportable na ako ngayong may kasama na akong ibang guard dito sa school. Hindi na ako nag-iisa," sabi naman ni Josh Ambatali, school guard.

Kaugnay nito, ipinatupad narin sa paaralan ang mandatory na pagsusuot ng Identification card (ID) at uniporme bago papasukin sa loob ng campus upan maiwasan ang pagpasok ng mga hindi kilalang tao.

"Ang plano ng school, magdagdag pa ng CCTV cameras. Kasama yan sa school improvement plan namin. Ilalagay namin sa mga lugar na wala pang CCTV para makita natin kung ano ang nangyayari doon," pahabol ni Dr. Padilla

**28** na ang na-install at gumaganang mga CCTV sa paaralan ng NVGCHS

PRESYONG AFFORDOUBLE

## NVgians, umaangal sa nagtataasang presyo ng bilihin sa kantina

ni **ANGELO BAUTISTA**

**Nararamdaman ng mga mag aaral sa Nueva Vizcaya General Comprehensive High School (NVGCHS) ang matinding pagtaas ng inflation rate na naging sanhi sa mga nagsisitaasang presyo sa kantina, na nagdulot ng dismaya sa mga mamimili na mga estudyante.**

Ayon sa Isang mag-aaral ng NVGCHS, Ipinahayag niya na malaking pagbabago ito sa pang araw-araw niyang gastusin, dahil mula sa 50 pesos na pang meryenda ay umaabot na ng mahigit 100 pesos sa loob ng isang araw.

"Napakalaki na ang pagkakalba ng presyo noon kaysa sa ngayon lalo na't ang mga simpleng pagkain tulad ng manok ay pumapatong na sa 50 pesos hindi katulad dati na 30 pesos lamang" wika ni Samantha Mendez, Isang Red Cross Youth Vice President Officer ng NVGCHS.

Dagdag pa niya, ang mga pagkain noon ay may marami pang laman kaysa sa ngayon na tinitipid pa kaya ay nalalakihan na ang mga mag-aaral sa mga presyo sa kantina.

Base sa nagdaang talaan ng presyo ng pagkain, tumaas ng mahigit limang piso sa bawat pagkain habang tatlong piso naman sa mga pang meryenda.

"Mahirap tantiyahin ang mga bilihin lalo na't maraming mga estudyanteng nagrereklamo na kulang lang ang pagkaing binibigay, sa amin naman ay tinatantiya namin kung meron din kaming kita" tugon ni Maria Basay, Isang tindera sa canteen ng paaralan.

Batay sa inilabas na datos ng Philippine Statistics Authority (PSA), sumipa ang Inflation rate ng 1.7% sa buwan ng Setyembre kumpara sa nagdaang buwan na umabot ng 1.5%. Sa kabuuan, ang kasalukuyang Inflation rate sa taong 2025 ay umaabot ng 1.7% na maaari pang tumaas sa susunod na buwan, na mas mababa pa rin sa target range ng gobyerno na 2% hanggang 4%.

Patuloy pa ring nananawagan ang mga mag-aaral na maibalik o mapaibsan ang mga nagmamahalang presyo sa canteen upang matugunan ang mga problema ng mga mag-aaral.

Inaalam pa sa ngayon ng administrasyon kung paano magagawan ng paraan ang mga hinaing ng mga estudyante.

DE NUMERO

AYON SA DATOS NG PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY (PSA)

**1.7%**

1.5%

ang itinaas ng Inflation rate sa buwan ng Setyembre

# opinyon

ang dahong magat.

ANG dahongmagat

TOMO LIII, BLG 1
ANG OPISYAL NA PAHAYAGAN NG **NUEVA VIZCAYA GENERAL COMPREHENSIVE HIGH SCHOOL**
HUNYO 2025-DISYEMBRE 2025

## LIHAM SA PATNUGUTAN

**_PusongBerde25**
@NVGian • Hulyo 27, 2025

**Nais kong iparating ang pangamba dahil sa naging pahayag ni Pangulong Marcos na "New Normal" na umano ang pagdating ng mga bagyo sa ating bansa. Ngunit, para sa akin, bilang nakatira sa isang typhoon prone na rehiyon sa ating bansa, oo sanay na kami sa bagyo, ngunit sana'y hindi gawing normal ng ating mga pinuno ang mabagal na pagresponde at pagbibigay ng tulong sa mga apektado ng kalamidad. At huwag ding gawing normal ang substandard na mga imprastraktura na nasisira tuwing may bagyo. Umaasa akong mabibigyang-pansin ang isyung ito.**

**Ang_Dahong_Magat'25**
@ADM_NVGCHS • Hulyo 27, 2025

**Maraming Salamat sa iyong liham patungkol sa pahayag ni Pangulong Marcos patungkol sa mga bagyo na nananalasa sa ating bansa. Bilang isang publikasyon na naglalayong maging boses ng mag-aaral at edukasyon, nauunawaan naming ang iyong pangamba. Tunay na dapat pagtuunan ng pansin ng gobyerno ang mabilis na pagresponde tuwing may bagyo at ang malinis na pamamahala. Patuloy naming ipinararating sa kinauukulan ang mga isyung tulad nito, at nananatili kaming bukas sa inyong mga opinyon at suhestiyon.**

# Hinabing Paghilom

## KOLUM NG EDITOR

ni **JEZIEL BARBIETO**



**Isiniwalat ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang matinding reyalidad na ang paglala ng mga kalamidad sa bansa ay tinatanggap na bilang bahagi ng "new normal." Sa kabila nito, nananawagan ito sa ating kolektibong paninindigan, hindi upang makuntento o mawalan ng pag-asa, kundi upang itulak tayo sa mas masinsing na paghahanda, pagbabago, at pagkilos na tunay na magbibigay proteksyon sa buhay at kinabukasan ng bawat Pilipino.**

Nakapanlulumo na dumarami at lumalakas ang mga bagyo, baha, at iba pang sakuna na nagdudulot ng matinding epekto sa ating mga komunidad. Sa kabila ng pag-usbong ng teknolohiya at agham, ramdam pa rin ang paghina ng kalikasan dulot ng kapabayaan.

Iminumungkahing ang pagtawag sa kalagayang ito bilang "new normal" ay maaaring magdulot ng kawalang-pakialam at panghihina ng loob kung hindi ito lalapitan nang may tamang pananaw. Dapat itong maging paalala upang lalong pagtibayin ang paghahanda at pagtutulungan.

Paigtingin ang responsibilidad ng lokal na pamahalaan, paaralan, at komunidad sa rehiyon upang maitatag ang mga programa at pagsasanay para sa tamang pagtugon sa mga kalamidad. Mahalaga ang edukasyon at emergency planning upang masiguro at maprotektahan ang kaligtasan ng mga mamamayan.

Iukit sa bawat isa na ang pangangalaga sa kalikasan ay bahagi ng solusyon upang mabawasan ang matinding epekto ng mga sakuna. Ang tamang pag-aalaga sa mga kagubatan, ilog, at karagatan ay mahalagang hakbang para mapanatili ang balanse ng kalikasan.

Panumbalikin ang natural na balanse ng kalikasan na nagbibigay-lakas at proteksyon sa komunidad. Sa pamamagitan nito, mababawasan ang pinsalang dulot ng kalamidad at mapapalakas ang kakayahan ng mga tao sa pagharap ng mga trahedya.

Bigyang-diin na ang pagharap sa "new normal" ay hindi tanda ng pagsuko, kundi isang hamon na dapat harapin nang buong tapang at pagkakaisa. Huwag nating tanggapin bilang normal ang hirap na dulot ng mga kalamidad. Sa halip, gawin natin itong pagkakataon upang palakasin ang kahandaan, malasakit, at pagkakaisa na magsisilbing susi upang malampasan ang bawat pagsubok.

Hikayatin ang lahat na huwag tanggapin ang paghihirap dulot ng kalamidad bilang normal. Bagkus, gawin itong daan para mas lalo pang paigtingin ang kahandaan at pagkakaisa upang mapanatili ang buhay, kaligtasan, at pag-asa ng bawat Pilipino, hindi lamang sa isang rehiyon kundi sa buong bansa.

# SIKSIKAN SA SISIDLAN

**Kinakailangan ng mag-aaral ng maayos na sisidlan upang maikintal sa kanilang isipan ang mga aral na dapat nilang matutuhan. Isang sisidlan na kumportable, kumpleto at maayos. Ngunit, paano kung ang sisidlan ay siksikan, mainit at sira-sira?**

Tingnan ang tunay na kalagayan ng mga paaralan sa ating bansa: taun-taon, libo-libong estudyante ang nagsisiksikan sa kulang at sira-sirang silid-aralan. Sa dami ng bata at kakulangan ng espasyo, napipilitan silang mag-shifting, tumayo sa klase, o mag-aral sa pasilyo. Hindi ito dapat gawing normal. Ito ay malinaw na pagkukulang sa pagbibigay ng maayos na edukasyon.

Tanungin kung bakit nangyayari ito kahit may pondo naman para sa pagpapatayo ng mga pasilidad sa paaralan. Saan napupunta ang perang dapat sana'y nakalaan para sa mga bagong silid? Dito lumilitaw ang problema, ang kumakain sa kaban ng bayan. Sa bawat hindi natatapos na classroom, may aninong iniwan ang korupsyon, lalo na sa ilang proyektong hawak ng DPWH.

Ayon sa Ulat ng Congressional Education Commission o EDCOM II, sa 1,200 classrooms na target itayo ng DPWH ay 22 lamang ang naipatayo. Ito ay malayo pa sa kalahati ng target ng ahensiya, malinaw itong senyales ng kurapsyon at kawalang hiya ng mga namumuno. Dagdag pa ng EDCOM II, halos 70% ng mga silid-aralan sa ating bansa ay wala sa kondisyon o malapit nang masira.

Napipilitang pagtiisan ng mga mag-aaral at mga guro ang mga silid aralang hindi na dapat ginagamit at dapat nang kinukumpuni. Ngunit, dahil sa mga katiwalian ay napapabayaan at naisasantabi na ang kalidad ng mga pasilidad ng mga paaralan sa ating bansa.

Hindi na dapat ito palagpasin, ito'y isang pag-aalipusta sa kinabukasan ng mga kabataang Pilipino at pinagkakaitan ng karapatang magkaroon ng isang maayos na paaralan na kung saan sila'y nakakaupo ng maayos, hindi siksikan at higit sa lahat ay kumportable.

Malinaw ang epekto ng suliraning ito sa mga paaralan, sa katunayan sa pinakamalaking paaralan sa probinsiya ng Nueva Vizcaya, ang Nueva Vizcaya General Comprehensive High School (NVGCHS) patuloy pa ring isinasagawa ang "shifting". At dahil sa kakulangan ng silid-aralan, ang mga pasilidad tulad ng laboratory ay doon na nag-aaral ang mga mag-aaral.

Isa itong pasakit sa mga mag-aaral, imbes na ang pag-aaral lamang ang pagtuunan ng pansin ay nagkakaroon pa ng mga suliranin dulot ng mainit at siksikang silid-aralan.

Kilalanin natin ang katotohanan na hindi na bago ang istorya ng "ghost projects," overpriced na materyales, at konstruksyong minadali ngunit hindi maayos. Habang may ilang opisyal na nagpapayaman, ang mga bata sa mga paaralan sa ating bansa kabilang na ang NVGCHS ay nag-aaral sa delikado at masikip na lugar. Sa isang bansang nangangarap ng progreso, nakapanlulumo na mismong pundasyon ng edukasyon ang inuubos ng katiwalian.

Hindi ito simpleng problema ng kakulangan lamang kundi isang seryosong isyu ng pamahalaan na kailangang malutas: ang korapsyon. Ang tagumpay ng kahit na anong proyekto ay nakasalalay sa integridad ng mga opisyal at sa pagpapakatotoo sa atin ng sistema. Kung patuloy ang ganitong kondisyon, kailan mabibigyan ng tunay na serbisyo ang mga mag-aaral? At paano maibabalik ng mga mag-aaral ang serbisyo sa darating na panahon para sa ikauunlad pa sana ng mga Pilipino?




ng mga silid-aralan sa ating bansa ay wala sa kondisyon o malapit nang masira

Ayon sa Ulat ng Congressional Education Commission o EDCOM II, sa 1,200 classrooms na target itayo ng DPWH ay 22 lamang ang naipatayo

> **"Hindi ito simpleng problema ng kakulangan lamang kundi isang seryosong isyu ng pamahalaan na kailangang malutas: ang korapsyon.**

DIBUHO NI
**ROSEMARIE LOPEZ**

**PUNONG PATNUGOT**
JANELLE FAITH G. BELISARIO
AARON DAVE B. LABAO

**PANGALAWANG PUNONG PATNUGOT**
ZEN JASIRA SARSONA
KRIZZEL DULNUAN

**TAGAPANGASIWANG PATNUGOT**
KAREZZA B. BACENA
SOPHIA T. MARIBBAY

**PATNUGOT SA BALITA**
XIAMYR RAÑA
CHAILYN AGDON

**PATNUGOT SA OPINYON**
JEZIEL BARBIETO
RAPHA LEOSALA

**PATNUGOT SA LATHALAIN**
MARIA FE MABUTI
EVANGELINE BAUTISTA

**PATNUGOT SA AGHAM**
FRANCES BLANZA

**PATNUGOT SA ISPORTS**
CARL JAIRUS TIAM

**PATNUGOT SA DISENYO**
JANELLE FAITH G. BELISARIO
ANGELO P. BAUTISTA
OSAISEM KYLLE MANGUIRA

**TAGAKUHA NG LARAWAN**
CHARLES C. RINGOR
KAREZZA B. BACENA

**DIBUHISTA**
ROSEMARIE JOY N. LOPEZ

**KONTRIBYUTOR**
VIN EVANGELISTA
JV LLANTADA
ZYJAEL DOMINGO
CARLYNE SIMON
ARIEL ALMENDRA

**TAGAPAYO**
ERWIN DUMELOD
EDISON SANTOS

**TAGAPANGASIWA SA FILIPINO**
ARNALDO SANTOS

## EDITORYAL

Isang magandang hakbang ang PPP program ng DepEd, ngunit paano ito makakabuti kung ang mga proyekto ay walang sapat na oversight? Paano maiiral ang tamang paggamit ng pondo kung walang paninindigan?

Dapat higit na mahigpit ang mga mekanismo upang maiwasan ang pandaraya. Ang pag-iwan sa mga estudyante sa ganitong estado ay hindi lang kawalan ng respeto sa edukasyon, kundi kawalan ng malasakit sa kinabukasan ng bansa. Dapat lamang na paulit ulit ibulong ng mga multong proyekto ang katiwalian na ginagawa ng pinatay sakanila—ang sistemang bulok at sira dahil hindi naman nakikinig sa bayan ang mga nasa posisyon. Kailan ba talaga matatapos ang sikulo ng katiwalian at kakulangan? Kailan ba magtatapos ang pagnanakaw sa pondo ng edukasyon na dapat sana ay magagamit sa pag-angat ng buhay ng mga kabataan? Hindi dapat manatiling pasibo ang mga mamamayan sa usaping ito

Nangangailangan ng isang reporma ng pagbabago na kung saan maiibsan ang mga pasaning hinaharap ng mag-aaral ng ating bansa. Tigilan na ang kurapsyon at magkaroon ng mas maayos na sistema hindi lamang sa edukasyon, kundi ay para sa lahat ng ahensiya ng pamahalaan. Sa pamamagitan nito ay maiiangat ang lugmok na kalagayan ng mga mag-aaral na itinuturing na pag-asa ng bayan.

Panagutin ang mga dapat managot. Hindi sapat ang paliwanag at pangako. Kailangan ng mahigpit na auditing, malinaw na monitoring, at matapang na aksyon laban sa mga korap sa DPWH at iba pang ahensya. Ang pondo para sa silid-aralan ay hindi dapat maging bulsa ng iilan; ito ay karapatan ng bawat batang Pilipino.

Itaguyod ang malinaw na panawagan, wakasan ang korupsyon at ibalik ang pondo sa tunay na nangangailangan. Ang kakulangan ng silid-aralan ay hindi lamang problema sa paaralan; ito ay sintomas ng mas malalim na sakit sa pamahalaan. At kung hindi kikilos ang bayan, ang kabataan ang patuloy na magdurusa. Panahon na para ituwid ang sistema at ibalik ang katarungan sa edukasyon. Hindi na dapat gawing normal ang mainit, sisikhan at sira-sirang sisidlan ng mga mag-aaral.

# Likas na Panganib

**OPINYON NG MASA**

ni **AARON DAVE LABAO**



**Muli na namang lumitaw ang isang banta sa payapang kabundukan ng Nueva Vizcaya. Halimaw na matagal nang sumisira sa mga likas na yaman ng probinsiya—kinakalbo at nilalason ang kagubatan hangga't maging tigang ang lupang dating sagana sa puno't mga halaman. Ito ang paulit-ulit na trahedya na nagbabanta sa buhay ng mga residente at sa kinabukasan ng probinsiya.**

Kamakailan lamang, naglabas ang Mines and Geosciences Bureau (MGB) ng exploration permit sa Woogle Corporation, isang affiliate ng FCF Minerals na matatagpuan din sa probinsiya. Layunin nito ang eksplorasyon sa mga likas na yaman ng Bitnong, Dupax del Norte. Agad naman itong ikinabahala at tinutulan ng mga residente dahil walang isinagawang konsultasyon patungkol sa posibleng pagmimina sa kanilang lugar.

Lumabas na noong 2023 pa lamang, panahon pa ni dating mayor at ngayo'y Congressman Timothy Cayton, inaprubahan na niya ang eksplorasyon ng Woogle Corporation sa kaniyang nasasakupan. Inaprubahan niya ito nang walang konsultasyon sa mga apektadong lupain ng mga mamamayan. Nakasaad dito na 3,100.11 ektarya ng lupain ang kasama sa eksplorasyon, kinapapalooban ang limang barangay: Bitnong, Munguia, Oyao, Inaban, at Macabenga.

Isa itong malaking banta sa mga hayop, halaman, at mga watersheds na matatagpuan sa Dupax del Norte, na bumubuhay sa mga nakatira doon. Kung magpapatuloy pa rin ito at walang gagawing tunay na aksiyon ang pamahalaan, malamang sa malamang ay asahan na ng mga residente ang kalbong kabundukan sa hinaharap. Kung susumahin, kasing laki ng 4,340 standard soccer fields ang apektado ng eksplorasyon, kabilang na rito ang mga sakahan at kagubatan na tirahan ng mga hayop at halaman.

Ayon sa Department of Environment and Natural Resources (DENR), nagsasagawa na sila ng imbestigasyon patungkol sa mga alegasyon ng paglabag ng Woogle Corporation sa mga batas pangkalikasan. Ngunit, ang nakakapagtaka ay sa dami na ng ebidensya, hindi pa rin itinitigil ang eksplorasyon. Hindi ba mismong ang DENR ang naglabas ng permit upang ituloy ito? Kaya naman ang sigaw ng mga Novo Vizcayano ay "Serbisyo hindi Negosyo"—marapat lamang na gawin ng DENR at mga nasa puwesto ang kanilang tungkulin at pakinggan ang mga boses ng mamamayan.


Sa rurok ng kontrobersiyang ito, tila ba'y natahimik ang mga pulitikong hanggang salita at papogi lamang sa social media. Nasaan na ang pangakong Brand New Nueva Vizcaya kung nanganganib na masira ang ating kabundukan? Paano maabot ang Brand New Nueva Vizcaya kung nagbubulag-bulagan ang mga nasa kinauukulan sa mga hinaing ng ordinaryong mamamayan?

Isa pang nakakagalit na kaganapan ay ang pagkampi ng korte ng Nueva Vizcaya sa mga dayuhang nais sirain ang ating mga kabundukan. Sa bidyong inilabas ng isang residente, makikita na inaresto ang ilan sa mga nagprotesta kontra mining. Makikita rin na tila ba mas pinapanigan pa ng mga nasa posisyon ang Woogle Corporation—magkano ba ang halagang kanilang tinanggap kapalit ng kanilang nasasakupan?

Sa isinagawang protesta sa munisipyo ng Dupax del Norte, lumabas ang Cayton Brothers upang maghayag ng pagtutol din sa mining, ngunit tila ba'y may ikinukubli silang lihim sa mga mamamayan. Lumabas na bumisita na noon pa man ang Presidente ng Woogle Corporation sa Dupax del Norte at malugod silang tinanggap ng mga opisyal. Bakit tila nag-iba ang ihip ng hangin? Biglang tumutol ang magkapatid na Cayton matapos nilang lokohin ang mga mamamayan.

Sa huli, tayong mga mamamayan ang magdurusa kung ipagpapatuloy ang pagmimina na nagdudulot ng malawakang pagkasira ng kalikasan at likas na yaman na ating pinagkukunan ng kabuhayan. Sana'y pakinggan ng mga pulitiko ang hinaing ng mga ordinaryong Novo Vizcayano— dahil hindi matutumbasan ng salapi ang gandang nakakubli sa mga bundok ng Nueva Vizcaya.

Huwag nating hayaang lamunin ng likas na panganib ang mga kabundukang pilit nating iniingatan.




**3,100.11**
ektarya ng lupa ang sakop ng eksplorasyon

DIBUHO NI **ROSEMARIE LOPEZ**

# Butas sa Batas: Reporma, Hindi Pagbaluktot

**PUNTO POR PUNTO**

ni **JANELLE FAITH BELISARIO**



**AYONsaNUMERO**

**58%** **respondents** ay tiwala sa Korte Suprema

**18%** ay hindi sigurado

**4-6 sa bawat 10 PILIPINO** hindi lubos nagtitiwala sa House of Representatives sa pagkakataong ito, ayon sa datos ng Pulse Asia survey matapos ang isyu ng flood control

**Bawat batas ay laging may puwang na kailangang punan. Sinasabi ng Konstitusyon na ito ang tagapagtaguyod ng katarungan at walang kinikilingan, ngunit may mga pagkakataon na hindi maiiwasang isipin na hindi ito naging patas. Nakatanggap ng samu't-saring kritisismo si Senator Erwin Tulfo matapos niyang sabihin na minsan ay kailangang baluktutin ang batas upang maibigan ng taumbayan.**

Nangyari ito sa gitna ng pagdinig ng Senate Blue Ribbon Committee tungkol sa mga anomalya sa Flood Control Projects. Ipinunto ni Tulfo na dapat unahin ang sigaw ng mamamayan dahil nais nila ng hustisya at ibalik ang mga ninakaw na pera. Bagama't kalugod-lugod sa pandinig ang kaniyang mga isinaad, sa reyalidad, kailanman ay hindi mababali ang batas—hindi na lingid sa atin iyan. Sa halip na baliin ito, mas kinakailangan ng reporma sa sistema sa paraan ng paggawa at pagpapasa ng batas.

Dagdag pa, ang isyu sa pagsunod ng due process ay tila laging matagal. Bagama't hindi dapat minamadali ang pagbibigay-hustisya, hindi rin nangangahulugang dapat itong gamitin ng mga akusado upang matakasan ang kasong kanilang kinahaharap, lalo na kung sa taong-bayan sila nagkasala. Sa likod ng sugat ng mga butas sa batas ay ang kawalan ng agarang aksyon mula sa mga mambabatas na dapat ay tagapagtahi nito.

Maraming panukalang batas ang nananatiling nakabinbin, habang patuloy ang mga mamamayang naghihintay ng hustisya. Sa ganitong kalakaran, tila mas madali pang baluktutin ang umiiral na batas kaysa baguhin ito. Halimbawa nito ay ang debate sa committee na nakasentro sa Witness Protection Program (WPP) na nais gawing panangga ng mag-asawang Discaya.


Ayon sa Republic Act No. 6981 o ang Witness Protection, Security and Benefit Act, wala sa mga rekisito ang pagbabalik ng nakaw na pera bago matanggap ang programa. Ayon kay Rep. Rodante Marcoleta, malinaw na hindi obligasyon ng isang testigo ang magbalik ng pera bago siya bigyan ng proteksyon ng estado. Hindi na nga maibabalik ang kanilang ninakaw, protektado pa sila ng batas—malinaw na may puwang sa mga batas na kinakailangang punan.

Sa ganitong mga pagkakataon, nawawala ang tiwala ng taumbayan sa sistema ng hustisya. Kapag ang batas mismo ang nagiging hadlang sa katarungan, natural lamang na madismaya ang mga mamamayan. Bilang isa sa mga mamamayang biktima ng malawakang korapsyon, makatwiran lamang na dapat kaming sumigaw ng hustisya—hindi ito isang pangkaraniwang isyu bagkus ay isang pambansang suliranin.

Bukod pa riyan, maraming beses napatunayan na kailangan ng reporma sa sistema. Ayon sa Integrated Bar of the Philippines (IBP) at iba pang legal experts, ang kabagalan ng proseso sa mga korte ang isa sa pinakamalaking butas—libu-libong kaso ang naiiwan taon-taon dahil sa backlog, kulang na pondo, at mabagal na trial process. Nakababahalang isipin na ang pagbaluktot sa batas ay nanggaling pa sa bibig ng isang mambabatas—ito ay kapuwa delikado at mapanganib.

Sa isang bansang demokratiko, ang batas ay dapat para sa lahat. Maging ng mga mambabatas ay batid ang malalaking agwat sa mga batas, ngunit sa halip na baluktutin, mas nararapat na himayin ang mga bahid na nagpapalala rito. Nararapat pa ring sundin nang mahigpit ang mga batas, kahit pa nagmumukha itong malupit—ito pa rin ay nakasaad sa Konstitusyon: "No one is above the law."

Ang tunay na reporma ay hindi nanggagaling sa emosyon, kundi sa matalinong pagsusuri at patas na pagdedesisyon.




DIBUHO NI **ROSEMARIE LOPEZ**

# Lundo ng Bayang Bukadkad

**REYALIDAD**

ni **OSAISEM MANGUIRA**



**Ipamalikit sa isipan ang 2025 State of the Nation Address (SONA) ni Pangulong Marcos bilang isang matibay na pahayag ng hangaring paunlarin ang bansa sa kabila ng mga pagsubok ng kasalukuyan. Ipinaalala nito ang kahalagahan ng pagkakaisa at pagtutulungan ng bawat sektor upang marating ang pangarap na maunlad at matiwasay na Pilipinas.**

Tibayin ang pananaw ni Pangulong Marcos tungkol sa pagpapalakas ng imprastruktura, edukasyon, at kalusugan bilang pundasyon ng pag-usbong. Sa gitna ng globalisasyon, kailangan ang malinaw at konkretong plano upang makipagsabayan sa mabilis na pagbabago at malabanan ang kahirapan. Gayunpaman, sagiin ang mga programa kung tunay nga ba nilang tinutugunan ang pangangailangan ng masa, lalo na ng mga nasa kanayunan at maralitang komunidad.

langat ang tema ng mga reporma sa agrikultura at pag-akit sa mga dayuhang namumuhunan upang palawakin ang ekonomiya. Bagama't ito ay positibo sa papel, siguraduhing makarating ang pantay na benepisyo hindi lamang sa iilan kundi sa bawat Pilipino. Dapat maisabuhay ang adhikaing "inclusive growth" nang may hustisya at malasakit.

Itaguyod ang mga programa bilang isang hakbang tungo sa modernisasyon sa komunikasyon at serbisyong digital sa buong bansa. Isang malaking abante ito subalit kailangan ng sapat na suporta at pagsasanay upang matiyak na lahat, lalo na ang mga estudyante at manggagawa sa mga liblib na lugar, ay makikinabang nito.

Pawiin ang alinlangan sa usapin ng kapayapaan at seguridad na patuloy na pinagtuunan ng pansin ng administrasyon. Ang matibay na pambansang seguridad ay batayan ng maunlad at organisadong lipunan, ngunit kailangang maging tapat, makatao, at bukas sa mamamayan ang mga hakbang upang maiwasan ang pang-aabuso ng kapangyarihan.

Himukin ang kabataan na maging aktibong kalahok sa paghubog ng bayan. Sila ang pag-asa ng bansa na nararapat gabayan at bigyan ng sapat na kaalaman upang maging responsable at progresibong mamamayan. Hindi sapat ang salita, kailangang maisabuhay ito at patunayan sa gawa, lalo na sa panahon ng pagsubok at pagbabago.

Ipagtibay sa puso at isipan na ang 2025 SONA ni Pangulong Marcos ay paalaala ng matinding pananagutan ng bawat Pilipino mula sa pinakamataas na posisyon hanggang sa karaniwang mamamayan, upang magkaisa sa pag-abot ng mas maliwanag na bukas para sa bansa.

# Dungis ng Kamusmusan

**KATWIRAN**

ni **ZEN SARSONA**



**Isinusulong ang kontrobersyal na panukalang batas na naglalayong ibaba ang edad ng kriminal na pananagutan mula 15 taong gulang hanggang 10 taong gulang. Bagamat naglalayong mapanatili ang katahimikan at kaayusan sa lipunan, ang mungkahing ito ay nagdudulot ng matinding diskusyon hinggil sa epekto, katarungan, at proteksyon sa mga batang Pilipino.**

Nakababahalang tumataas ang bilang ng kabataang nalululong sa krimen, subalit ang pagpapataw ng parusa sa mga batang edad 10 ay isang seryosong usapin na dapat pag-isipan nang malalim. Sa halip na agad silang ituring na kriminal, marapat lamang na tulungang maituwid ang kanilang landas sa pamamagitan ng edukasyon, rehabilitasyon, at suporta sa kanilang mga pamilya.

Binibiyak ng pagbaba ng edad ng pananagutan ang pokus sa parusa kaysa sa pag-unawa sa ugat ng problema. Sa halip na solusyon, maaaring lumakas lamang ang siklo ng kahirapan, pag-abuso, at kawalan ng pag-asa na siyang humahantong sa krimen. Madalas, ang mga batang ito ay biktima rin ng mahihirap na pamilya at kakulangan sa tamang gabay. Kailangang tutukan ang mga programang sumusuporta upang maibsan ang suliraning ito bago dumako sa matinding hakbang.

Pinapaisip ang sistema ng hustisya kung handa ba itong tumanggap ng mga bata bilang kriminal. Ang mga bata ay may likas na kakayahan sa pagbabago kaya importanteng tiyaking ang kanilang mga karapatan ay hindi nalalabag at naipapangalagaan. Ang pag-asa ng kinabukasan ay nakasalalay din sa paglilinang ng mga bata, hindi sa agad na paghatol at pagbabawal sa kanilang kahinaan at pagkukulang.

Dapat pagtuunan ng pansin ang tunay na hustisya na hindi lamang pagkakakulong at pagpaparusa, kundi ang pagsugpo sa mga ugat ng problema upang hindi na maulit ang pandarambong sa kabataan. Sa halip, palakasin natin ang mga programang nagbibigay ng alternatibo, tulad ng livelihood training, psychosocial interventions, at community involvement.

Hinahamon ng panukalang ito ang komunidad at mga kinauukulan upang muling pag-isipan ang mabisang hakbang para sa mga kabataan. Ang mga hakbang na dapat gawin ay hindi yaong mabilis at matindi, kundi yaong may puso at pangmatagalang epekto. Dapat nating itaguyod ang isang lipunang nagbibigay buhay at pag-asa, hindi paghatol at pagsuko.

Ipinapakita ng lipunan kung paano nito pinoprotektahan at tinutulungan ang mga kabataan na maitama ang kanilang mga pagkakamali sa halip na sila'y agad hatulan at isara ang pinto ng pagkakataon sa kanilang paglago. Panahon na para muling balikan at repasuhin ang ating pananaw sa ating mga kabataan, sila ang kinabukasan ng bayan.

# Sigwa sa Silid ng Kapangyarihan: Impeachment, Hatol ba o Hamon?



## BOSES NG MARALITA

ni **KRIZZEL DULNUAN**

**Nagbabadyang unos ang bumabalot sa ating pambansang pulitika, isang sigwa na nagmumula sa mga panawagan para sa impeachment ni Bise Presidente Sara Duterte. Ang usaping ito ay hindi lamang tungkol sa isang indibidwal kundi sa integridad ng ating mga institusyon at ang tiwala ng sambayanan. Kailangang suriin natin nang malalim ang bawat anggulo, dahil ang bawat desisyon ay may malawakang epekto sa kinabukasan ng bansa.**

Nagsisimulang lumabas ang mga alegasyon ng paglabag sa tiwala ng publiko at posibleng pag-abuso sa kapangyarihan, na nagpapataas ng tensyon sa Kongreso at sa mga lansangan. Ang mga bulong ay nagiging malakas na panawagan, na nagtutulak sa mga mambabatas na kumilos. Ang sitwasyong ito ay naglalagay sa ating demokrasya sa isang kritikal na pagsubok.

> **Kinakailangan nating igiit ang prinsipyo ng pananagutan, na walang sinuman ang higit sa batas, lalo na ang mga pinuno ng ating bansa. Ang proseso ng impeachment ay isang mahalagang mekanismo upang tiyakin na ang mga opisyal ay nananatiling tapat sa kanilang sinumpaang tungkulin. Dapat itong gamitin nang may matinding pag-iingat at walang kinikilingan.**

Nababahala tayo sa posibilidad na ang impeachment ay maging isang sandata ng pulitika, ginagamit upang sirain ang reputasyon at guluhin ang pamamahala. Ang paggamit ng prosesong ito para sa pansariling interes o pampulitikang paghihiganti ay magpapahina sa pundasyon ng ating sistema. Ang ganitong gawain ay sumisira sa tiwala ng publiko sa mga institusyon ng gobyerno.

Ipinapahiwatig ng mga batas tulad ng Republic Act No. 6713, o ang Code of Conduct and Ethical Standards for Public Officials and Employees, na ang bawat opisyal ay may obligasyong magpakita ng katapatan at integridad. Ayon sa batas na ito, ang anumang paglabag sa etika at moralidad sa serbisyo publiko ay nararapat na imbestigahan. Ang mga alingawngaw ng katiwalian ay dapat bigyang pansin.

Nagpapahiwatig ang mga nakaraang kaso ng impeachment na ang proseso ay maaaring maging mahaba at masalimuot, na nagdudulot ng pagkakahati-hati sa lipunan. Ang bawat hakbang ay dapat na nakabatay sa matibay na ebidensya at hindi sa haka-haka o pulitikal na motibo. Ang kapakanan ng bansa ang dapat na maging gabay sa bawat desisyon.

Gayunpaman, may mga nagtatanggol kay Bise Presidente Duterte, na nagsasabing ang mga alegasyon ay walang basehan at bahagi lamang ng isang malisyosong kampanya. Naniniwala sila na ang mga paratang ay gawa-gawa lamang upang sirain ang kanyang kredibilidad at harangan ang kanyang pampulitikang ambisyon. Ang mga tagasuporta niya ay naniniwalang biktima lamang siya ng pulitikal na pamumulitika.

Kinukwestiyon natin ang paggamit ng impeachment bilang isang kasangkapan upang pahinain ang oposisyon o pawiin ang boses ng pagkakaiba. Ang tunay na diwa ng demokrasya ay nakasalalay sa paggalang sa iba't ibang pananaw at ang pagbibigay ng patas na pagkakataon sa lahat. Hindi dapat maging arena ng personal na pag-atake ang Kongreso.

Naglulunsad ang ganitong mga kaganapan ng malalim na emosyon sa puso ng bawat Pilipino, mula sa pagkadismaya hanggang sa pag-asa para sa katarungan. Ang pagkakawatak-watak na dulot ng isyung ito ay maaaring magpabagal sa pag-unlad ng bansa. Mahalagang mahanap natin ang pagkakaisa sa gitna ng kaguluhan.

Kailangan nating tandaan na ang impeachment ay hindi lamang tungkol sa pagpaparusa kundi sa pagpapanatili ng tiwala ng publiko sa gobyerno. Ang isang matatag na republika ay nakasalalay sa kakayahan nitong panagutin ang mga opisyal nito nang patas at walang kinikilingan. Ito ang pundasyon ng isang matibay na demokrasya.

Hinihingi ng kasalukuyang sitwasyon ang isang malalim at walang kinikilingang imbestigasyon, kung saan ang lahat ng panig ay bibigyan ng pagkakataong magpaliwanag at magsumite ng ebidensya. Ang katotohanan ang dapat maging tanging batayan ng anumang desisyon. Dapat nating sundin ang proseso nang may paggalang sa batas.

Nananawagan tayo sa lahat ng Pilipino na maging mapanuri at huwag padala sa emosyon o pulitikal na propaganda. Mahalagang unawain ang bawat detalye at maging bahagi ng solusyon, hindi ng problema. Ang kinabukasan ng ating bansa ay nakasalalay sa ating kolektibong pagpapasya.

Sa huli, ang Sigwa sa Silid ng Kapangyarihan ay hindi lamang isang pagsubok sa Bise Presidente, kundi isang hamon sa buong Pilipinas. Ito ay nagtatanong kung handa ba tayong ipagtanggol ang ating mga prinsipyo, o hahayaan nating maging hatol ang pulitika sa halip na katarungan. Ang bawat isa sa atin ay may papel sa paghubog ng sagot sa tanong na ito.

# Pulitika ang Panalo, Mamamayan ang Talo

## PAGHAMON

ni **MARIA FE MABUTI**



**Naghihirap ang sambayanan ngunit nasaan sila? Naroon, nakikipagsuntukan.**

Sa mundong puno ng problema, may iskandalo pang umuugong. Mas mabilis pa silang manghamon ng suntukan kaysa sa tunay na plano para sa ating bansa. At ngayong nag-uusap ang publiko tungkol sa "Torres vs. Duterte" na tila isang palabas na pang-primetime, hindi maiwasang itanong, ito ba talaga ang priyoridad ng mga lider na dapat naglilingkod sa sambayanan?

Malakas pa sa ingay ng mga aso ang kanilang tahol kapag nariyan ang halalan samantalang ang mga tao ay nagwawari sa kanilang kapalaran sa bawat baha, taas-presyo ng bigas, kakulangan sa trabaho, at kriminalidad. Sa gitna ng ito, suntukan ang inuuna. Na para bang ito ang magliligtas sa lahat.

Tandaan natin, noong 2023, tinatayang 15.5% ng populasyon — o humigit-kumulang 17.5 milyong Pilipino — ay itinuturing ng opisyal na mahirap; ibig sabihin, hindi sapat ang kita nila para matugunan ang pangangailangang pagkain at iba pang pangunahing pangangailangan.

Isip bata ba ang kailangan para mamahala ng bansa? Hindi ito libangan, isa itong simbolo ng pagtalikod sa responsibilidad. Kapag ang mga pinuno ay mas gustong magpasikat kaysa magpatupad ng solusyon sa problema, nawawala ang saysay ng kanilang tungkulin.

Oo, may nalikom na pondo para sa charity. Ngunit kailangan bang may personal na banggaan muna bago kumilos? Kung tutuusin, milyon-milyon ang kayang ilaan ng gobyerno sa disaster relief, ngunit bakit tila isang publicity stunt pa ang kailangan bago tumulong? Hindi ba't tungkulin nilang tumugon kahit walang kamera?

Dagdag pa rito, kahit tumaas ang karaniwang kita ng maraming pamilya kamakailan, ayon sa datos ng Philippine Statistics Authority (PSA) , lumago rin ang gastos para mabuhay. Noong 2023, ang karaniwang taunang kita ng tahanang Pilipino tumaas sa ₱353,230 mula ₱307,190 noong 2021. Gayunpaman, para mabuhay ng disente ang isang pamilya na may limang miyembro, kinakailangan umano ng hindi bababa sa ₱13,873 kada buwan, at sa maraming rehiyon, mas mataas pa kaysa rito.

Mas masakit, nasasanay ang taumbayan sa ganitong palabas. Unti-unting nagiging normal ang mga aksyon na walang saysay, habang ang mga tunay na isyu korapsiyon, kahirapan, karapatan ng mamamayan, ay nauurong sa likod ng ingay. Sa bandang huli, sino ang talo? Tayo. Laging tayo.

Kung may dapat patunayan ang mga lider, hindi ito lakas ng kamao kundi tatag ng prinsipyo. Hindi natin kailangan ng suntukan, kailangan natin ng malinaw na polisiya, matinong pamamahala, at tunay na malasakit. Ang karapatan ng mamamayan ay hindi dapat natatabunan ng political drama.

Kaya narito ang aking tindig, mas seryoso, mas malaki, at mas mabigat ang mga problemang dapat pagtuunan kaysa personal na alitan.

Ang bansa ay hindi laruan para sa mga nagkakainitan, ito ay tahanan ng 110 milyong Pilipinong naghihintay ng konkretong pagbabago.

> **"Kung isip-bata ang bitbit ng ilan, panahon na para tayong mamamayan ang maging mas matatag at mas maingay sa paglaban para sa tama.**




DIBUHO NI **ROSEMARIE LOPEZ**

# Kubling pinuno



## KAMALAYAN

ni **RAPHA LEOSALA**

**Bihasa na sila, sanay na gamitin ang katungkulan at pangalan para malusutan ang mga responsibilidad na dapat ay gampanan. Matagal nang nilamon ng kawalang pagpapahalaga sa pamumuno ang mga tao.**

Masaklap pa sa isang hinanakit kung ating iisipin, pinaunlakan ang kanilang hangaring maging pinuno ngunit sa huli ay kabiguan ang kanilang igaganti. Pangalan para sa katungkulang hindi kayang gampanan, mangangako at mag iiwan ng mga salitang magpapaikot sa ating paniniwalang may pagbabago pa sa likod ng masalimuot na takbo ng bayan.

Mariin na malungkot na isiping ang pagiging isang "lider" ay hindi na ganoon kahalaga sa panahong ito. Hindi lamang sa politika kundi kahit sa maliliit na larangan ng ating bayan maging sa eskwelahan o komunidad. Hindi lamang dapat tumatakbo ang isang tao para sa posisyong hindi naman kayang gampanan.

Patuloy na nagtatago sa imaheng binuo para paniwalain ang lahat, makuha ang tiwala at paniniwala ay sapat na. Hindi maliit na bagay ang tiwala bagkos ito ay may malaking kaakibat na hindi lang ang sarili ang dapat iniisip kundi maging ang nasasakupan.

mula sa Pahina 6

Bakit pa mag aasam ng paghanga ng iba kung mismong sa sarili alam nilang hindi nila ito kayang maisakatuparan? Bigo lagi ang madla kung laging ang naihahalal na pinuno ay iniisip lamang ang pansariling kapakanan.

Mabibigla na lamang tayo na lahat ng mga plano ay tuluyan ng nawasak dahil sa pamumunong hindi naman kayang pagtibayin at mapaunlakan.Hindi kailanman maaring gawing biro o kahiligan lamang ang pagiging responsableng lider na maasahan.Ang tunay na lider ay may taglay na katangiang maging mapagpakumbaba at hindi makasarili sa lahat ng panahon.

Hindi na dapat natin inaasahang ang mga taong tanging hangad ang kanilang kasikatan o kasiyahan ang syang manguna sa pamamalakad ng isang institusyon o pamahalaan.

May magandang sikat ng araw sa likod ng nagkukubling bagyo ng kasakiman.

Maniwala man tayo o hindi ngunit ang pamumunong taliwas sa mabuting hangarin ay syang nagiging hadlang upang maging matagumpay ang ating bayang ginagalawan.

Malinaw pa sa tubig ang repleksyon ng katiwalian sa kabila ng pagbibigay ng katungkulan sa mga sakim na pinunong gamit at dala ang pangalan upang magdala ng kasinungalingan. Maniniwala paba tayo sa mga lider na ang tanging maipapangako ay pang hanggang bukas lamang ay hindi hanggang sa walang katapusan?Suriin nawa nating mabuti ang mga lider na ating pipiliin at huwag agad maniwala sa mga ipinapakitang kabutihan sa panahon ng pangangailangan.

Ipatikim natin ang bagsik ng pusong hangad ang tunay na pagbabago at kaunlaran,ipagsigawan natin ang tunay na laman ng puso't isipang walang ibang hangarin kundi ang kagustuhang makamtan ang tunay na pagmamahal,malasakit,at pag gabay.

At sa huli ay masasabi nating tayo ay tagumpay na nakahanap na ng tunay pinunong may malasakit sa ating bayan.




DIBUHO NI **ROSEMARIE LOPEZ**

## Boses ng NVGians


### Ano ang iyong panawagan sa pamahalaan tungkol sa kakulangan ng silid-aralan sa ating bansa?

**Samantha Mendez** @_Sam
Sana ay bigyang-pansin ng pamahalaan ang kakulangan ng silid-aralan dahil nahihirapan kaming mga mag-aaral na matuto kapag siksikan ang klase.

**Jhiwellyne Respicio** @St@R_
Dapat isaalang-alang ang sapat na silid-aralan para magkaroon ng maayos at ligtas na lugar ang mga bata sa pag-aaal at hindi mainit na silid-aralan.

**Cashel Agustin** @cash_A
Mas magiging epektibo ang pagtuturo kung hindi nagsisiksikan ang mga estudyante sa iisang classroom. Kaya naman nanawagan ako na tigilan na ang korapsyon sa DepEd upang bumuti ang kalagayan ng mga bata.

**Ishee Castillo** @itsz_ishhy
Naway unahin ng pamahalaan ang edukasyon dahil dito nakasalalay ang kinabukasan ng bansa.




# Edukasyon sa Kanto: Pag-asa o Dagok sa Kinabukasan?



DUNONG

ni **ROSEMARIE LOPEZ**

**Uungkatin natin ang katanungang ang strengthened senior high school curriculum ba ay tunay na nagbibigay ng pag-asa, o isa lamang dagok sa kinabukasan ng mga kabataan? Sa gitna ng mga pagbabago at hamon, kailangan nating suriin kung ang mga reporma sa edukasyon ay tunay na naglilingkod sa interes ng mga mag-aaral. Hindi ba't panahon na upang magtanong kung ang ating sistema ng edukasyon ay nagtatagumpay o nabibigo?**

Saksihan natin ang sitwasyon kung saan ang mga mag-aaral ay nahaharap sa mga bagong asignatura at kasanayan, kalakip ang kulang na suporta at kagamitan. Ayon sa ulat ng Department of Education, maraming paaralan ang nagkukulang sa mga pasilidad at kwalipikadong guro. Salungat sa larawan ng isang pinatibay na curiculum.

Panindigan natin na ang kasalukuyang sistema ay hindi sapat upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang Republic Act No. 10533, o ang Enhanced Basic Education Act of 2013, ay naglalayong pagbutihin ang kalidad ng edukasyon, ngunit ang implementasyon nito ay nag-iiwan ng maraming bagay na dapat ayusin. Hindi ba't dapat nating suriin kung ang batas na ito ay tunay na nagbibigay ng benepisyo sa mga mag-aaral?

Igigiit natin na ang kakulangan sa kagamitan at suporta ay nagiging hadlang sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon sa isang pag-aaral ng Philippine Institute for Development Studies (PIDS), maraming guro ang hindi handa sa pagtuturo ng mga bagong asignatura. Ang tinaguriang pag-asa ng bayan ay nabibigo sa kawalan ng suporta sa ating mga guro.

Patunayan natin na ang mga datos ay nagpapakita ng hindi pantay na paghahanda ng mga mag-aaral para sa kolehiyo at trabaho. Ayon sa resulta ng National Achievement Test (NAT), maraming mag-aaral ang hindi nakakamit ng minimum na antas ng kahusayan.Ito ay isang malinaw na indikasyon na mayroong problema sa ating sistema ng edukasyon.

Isaalang-alang natin na ang layunin ng edukasyon ay upang ihanda ang mga mag-aaral para sa kinabukasan. Kung ang kasalukuyang sistema ay hindi nagbibigay ng sapat na kasanayan at kaalaman, ito ay isang malaking problema. Dapat nating tiyakin na ang ating mga mag-aaral ay mayroong kinakailangang kasanayan upang harapin ang mga hamon ng mundo.

Suriin natin ang mga resulta ng strengthened senior high school curriculum at alamin kung ito ay tunay na nagtagumpay. Ayon sa mga feedback mula sa mga mag-aaral at guro, maraming mga problema ang kinakaharap sa implementasyon ng kurikulum. Ang kabiguan ay nasasalamin na sa mga taong direktang apektado ng nagaganap na pagbabago.

Bagamat may mga nagsasabi na ang kurikulum ay nagbibigay ng mas malawak na pagpipilian sa mga mag-aaral, hindi natin dapat kalimutan ang mga hamon na kinakaharap ng mga paaralan at guro. Ang kakulangan sa kagamitan at suporta ay nagpapahirap sa implementasyon ng kurikulum.

Damhin natin ang pagkabahala ng mga magulang na nag-aalala tungkol sa kinabukasan ng kanilang mga anak. Ang edukasyon ay isang mahalagang investment, at hindi natin dapat sayangin ang pagkakataon na magbigay ng de-kalidad na edukasyon. Hindi dapat isalalay ang pinagkakaingatan kinabukasan ang kakulangan sa pundasyon ng sistemang ito.

Panindigan natin na ang impeachment ay hindi lamang tungkol sa pagpaparusa kundi sa pagpapanatili ng tiwala ng publiko sa gobyerno. Ang isang matatag na republika ay nakasalalay sa kakayahan nitong panagutin ang mga opisyal nito nang patas at walang kinikilingan. Ito ang pundasyon ng isang matibay na demokrasya.

Hilingin natin ang isang masusing pag-aaral at pagbabago sa kasalukuyang sistema ng edukasyon. Kailangan nating tiyakin na ang mga mag-aaral ay mayroong sapat na kasanayan at kaalaman upang harapin ang mga hamon ng mundo.Gawin natin ang lahat ng ating makakaya upang magbigay ng de-kalidad na edukasyon sa ating mga kabataan.

Magkaisa tayo sa paghahanap ng mga solusyon upang mapabuti ang ating sistema ng edukasyon. Kailangan nating magtulungan upang tiyakin na ang bawat mag-aaral ay mayroong pagkakataon na magtagumpay.

Sa huli, ang edukasyon sa kanto ay hindi dapat maging isang dagok, kundi isang pag-asa para sa kinabukasan.


Kailangan nating tiyakin na ang bawat mag-aaral ay mayroong mag-aaral ay mayroong pagkakataon na magtagumpay, at ito ay posible lamang kung tayo ay magkakaisa sa paghahanap ng mga solusyon. Ang edukasyon ang magsisilbing daan upang maging makulay at makabuluhan ang mga eskinita at kanto.



DIBUHO NI **ROSEMARIE LOPEZ**



DIBUHO NI **ROSEMARIE LOPEZ**



KATALISTA

ni **CHAILYN AGDON**

# Usad ng pagpapatuloy

**Ipinahayag ni DepEd Secretary Sony Angara ang patungkol sa pag implementa ng "Make-up classes" dahil umano sa sunod-sunod na pagsuspende ng mga klase dahil sa mga nakaraang bagyong dumaraan sa ating bansa.**

"Puwede tayong magdagdag ng oras sa mga araw ng linggo. Maaari rin itong gawin tuwing Sabado. Kailangan din nating isaalang-alang ang iskedyul ng mga guro natin dahil nais nating bigyan sila ng pahinga" dagdag pa ni Angara.

Dumaragsa ang mga bagyo sa ating bansa at sa panahong ito ang mga kabataan ay nahuhuli sa mga aralin dahil sa mga suspendidong klase.

Inaasahang sa kabila ng pagrekomenda ni Angara ay may ilang aapila katulad ni Vlademir Queta na tagapangulo ng Alliance of Concerned teachers(ACT) na masyado umanong maaga ang pag implementa ng Make-up classes para sa mga mag aaral. Diniriin din ni Queta na ang kalendaryo ng edukasyon ay may "buffer days" o mga araw na nakalaan para sa mga hindi inaasahang kalamidad.

Makatarungang iisipin, ano naman kaya ang palagay ng mga magulang sa desisyong ito ng DepEd?

Ilan sa mga magulang ang nagsasabing ayos lamang upang mapunan ang mga araw na walang pasok ang mga mag aaral ngunit sa kabilang banda may panawagan din silang wag gamitin ang araw ng sabado at linggo bagkos magdagdag lamang ng oras sa pag aaral ng mga bata nang sa ganon sila rin ng mga guro ay makapagpahinga.

Kung ating iisiping mabuti ay may malaking epekto ang panahon sa pag aaral ng mga kabataan, marapat na isinasaalang alang ang kapakanan ng mga kabataan maging gayon ang kaligtasan at edukasyon.

Bukod sa "Make-up classes" maari rin ipagpatuloy ang pag aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga gawain sa tahanan habang walang pasok. At kung hindi man ito gagana mas makabubuting ang mga magulang ang syang gumabay sa kanilang mga anak sa pagsasagot at pag iintindi ng mga aralin sa tahanan at pagkatapos ng kalamidad ay maaaring ito ay mailinaw ng mga guro sa mga mag aaral.

Hindi dapat rason ang kalamidad upang kabataan ay mawalan ng determinasyong mag aral sa kabila ng bagyong nagdaraan.Kung gusto ay laging may paraan suportahan natin ang bawa't isa upang mairaos ang hamon sa mga panahon ng pagkasuspende ng mga klase.

Matiwasay nating malalagpasan ang bugso ng hanging mapanganib ngunit dapat isakatuparan natin na ang bawat desisyon ay may kaakibat na resulta sa hinaharap. Hindi dapat tayo nagtatalo para sa kagustuhan lamang ng iisa, tayo dapat ay magkaisa.

Buhayin ang alab ng pusong nais makamtan ang kaalaman at kasaganahan sa kakayanan kahit kapalit nito ay sakripisyong tiyak na kapupulutan ng aral sa bawat araw ng kasalukuyan.



DIRETSIYAHAN

ni **CHARLES RINGOR**

# Pusod ng pagbabago sa pamamahayag

**"Kabataan ang pag-asa ng bayan," mga kataga ni Dr. Jose Rizal na kailanman ay hindi malilimutan ng kahit sinong Pilipino. Kaya naman sa panahon ngayon na marunong nang bumoses ang kabataan—kaya na nilang isigaw ang kanilang ipinaglalaban, malawak na ang naging sakop ng pahayagang mga kabataan ang namamahala. Maraming mga organisasyon sa Pilipinas ang nagpapatunay na tahanan ang kabataan sa makabagbag-damdaming pagbabago sa larangan ng pamamahayag. Ito ay nagsisilbing boses ng kabataan at nagsusulong ng makabuluhang diyurnalismo na nakabase sa katotohanan, kritikal na pag-iisip, at makabagong pamamaraan.**

Bukod sa Voice of the Youth (VOTY) Network at Kabataan News Network (KNN), may iba pang mga youth-driven organizations sa journalism ang aktibo sa Pilipinas, ito ay ang Luzon Youth Advocates for the Philippines, ASEAN Youth Advocates Network (AYAN), Pag-asa Youth Association of the Philippines (PYAP) - Bulacan Chapter, United Leaders of the Philippines, United Diwata Familia, Youth for Earth Society (YES),PLMun University Student Council, 2030 Youth Force in the Philippines Inc., Peaceperity Philippines, Dream of Hope Kawit Youth Organization, I Am Hampas Lupa Inc., Team Albay Youth Organizations (TAYO), Inc., at Explained PH.

Sa pamamagitan ng mga ito, ay nabibigyang-lakas ang boses ng kabataan sa lipunan. Nabibigyan ng pagkakataon ang mga kabataan na maipahayag ang kanilang mga saloobin at maging aktibong kalahok sa pagbabalita ng mga mahahalagang isyu at nagbubukas ng pinto ang kanilang partisipasyon para sa mas malawak na diskusyon at pagkilos sa mga problemang panlipunan.

Susi ito sa paghubog ng bagong henerasyon ng mga mamahayag na may malasakit at integridad. Sila ang pag-asa sa pagpapalakas ng pamamahayag sa ating bansa at sa pagtataguyod ng katotohanan sa gitna ng mabilis na pagbabago. Ang pagkakaisa at dedikasyon ng mga kabataang mamamahayag ay mahalagang hakbang tungo sa mas maunlad at inklusibong lipunan.



DIBUHO NI **ROSEMARIE LOPEZ**

# GINTO SA KAMAY, LIBING SA LUPAIN



ni EVANGELINE BAUTISTA



**Pagmimina kapalit ng buhay ng masa**

**Sa bawat ikot ng mundo, hindi natin alam kung saan talaga ito patungo. Wala tayong kaalam-alam kung ito ay may patutunguhan o kung baka ito ay may katapusan. Ang ating bansa ay hindi lamang nahuhubog ng yaman, kundi pati na rin ng ating kamalayan—katulad ng kamalayan natin pagdating sa usapin ng pagmimina.**

Ang pagmimina ay isang proseso na kung saan ang mga mineral tulad ng ginto, pilak, at tanso ay hinuhukay sa ilalim o ibabaw ng lupa. Madalas itong itinuturing bilang isang salik sa pag-unlad ng ekonomiya dahil sa kontribusyon nito sa kita ng pamahalaan, paglikha ng trabaho, at pagpapaunlad ng imprastraktura.

## Yaman at panganib ng Pagmimina

Sagana ang Pilipinas sa pinakamaraming yamang mineral sa buong mundo. Gayunpaman, ipinapakita sa mga pag-aaral na may tinatayang humigit-kumulang 1 trilyon na halaga ng hindi pa napapakinabangang reserba ng tanso, ginto, nikel, zinc, at pilak. Tanging 5% lamang ng mga reserbang ito ang nasusuri o napag-aaralan, at 3% naman ang saklaw ng mga kasalukuyang kontrata sa pagmimina.

Pagmimina kapalit ng makabagong turismo at agrikultura, o pagmimina para sa pansariling kagustuhan lamang. Halimbawa na lamang sa lalawigan ng Nueva Vizcaya na partikular na pinangungunahan ng malaking minahan ng ginto at tanso sa Didipio (OceanaGold) at sinasalubong ng matinding pagtutol ng mga lokal na komunidad laban sa mga bagong eksplorasyon, partikular ang isinasagawa ng Woggle Corporation (FCF Minerals) sa Dupax del Norte.

Ipinapakita ng pagmimina ang potensyal na pag-unlad ng ekonomiya. Ang proyekto sa Didipio ay maaaring mag-ambag ng hanggang 42% sa GDP ng Nueva Vizcaya. Gayunpaman, may mga ulat at pag-aaral na nagbababala tungkol sa posibleng epekto nito sa kalikasan at sa karapatan sa lupa ng mga lokal na komunidad, na nagiging sanhi ng patuloy na alitan sa pagitan ng industriya at mga residente.

Ang yamang dala nito ay kapalit ng panganib na maaaring harapin ng mga tao, partikular na ang mga taong kumukuha ng kabuhayan sa kanilang munting taniman, gaya ng ating mga magsasaka.

## Hinuhukay na Lupa, Inuubos ang kinabukasan

Hindi nakikita ang yaman ng isang bayan sa ibabaw lamang ng lupa—nakatago ito sa kalaliman. Hindi lamang mata ang kailangan mong gamitin dapat malakas din ang iyong pandinig upang marinig hindi lamang ang mga boses maging ang lupang bumubulong, at masinop ang makiramdam dahil ang bawat yaman ay may pahiwatig. Kapag ikaw ay magaling sa paghuhukay, tiyak matutunton mo ang kinang na hinahanap.

Wala sa likod, wala harap kundi nasa gitna ng mga matatayog na bundok. Ngunit sa likod ng mga bundok naririnig ang mga ingay na mas nangingibabaw kaysa sa mga makinarya. Ang mga boses na bumabalot sa paligid ay tila ba may hinaing kwento. Parang tagu-taguan sa pagitan ng alingangaw ng nakaraan at kasalukuyan.

Hindi natatapos sa hukay ang pagmimina, doon pa lamang ito nagsisimula. Sa bawat pagsabog ng dinamita at pag-ikot ng dambuhalang makinarya, unti-unting binubura ang anyo ng kabundukan, tinatanggalan ng tinig ang lupa, at binabaklas ang kabuhayang matagal nang inalagaan ng mga tao. Ang sinasabing kaunlaran ay may kasamang kapalit na hindi agad nakikita, ngunit matagal mararamdaman.

## Sa anino ng minahang kaunlaran

Sa gitna ng lahat ng ito, patuloy na itinatanghal ang pagmimina bilang sagot sa kahirapan. Ngunit kaninong kahirapan ang nilulutas? Habang ang kita ay umaakyat sa iilang kamay, ang pinsala ay ibinabagsak sa balikat ng masa. Ang "kaunlaran" ay nagiging salitang palamuti, ginagamit upang takpan ang mga bitak sa lupa at sa katotohanan.

Ayon sa mga pag-aaral, ang pagmimina, lalo na ang large-scale mining—ay nagdudulot ng malawakang pagkalbo ng kagubatan, pagguho ng lupa, at kontaminasyon ng tubig. Ang mga ilog na dating malinaw ay nagiging daluyan ng putik at kemikal; ang lupang sinasaka ay unti-unting nawawalan ng sustansiya dahil sa lason tulad ng mercury at cyanide na ginagamit sa pagproseso ng mineral. Sa huli, hindi lamang lupa ang hinuhukay, pati ang kinabukasan ng mga susunod na henerasyon.

Sa mga komunidad na apektado ng pagmimina, karaniwan ang ulat ng pagkakasakit, pagkawala ng malinis na inuming tubig, at pagkasira ng pananim. Ang magsasakang dating umaasa sa ulan at araw ay napipilitang umasa sa relief at pangakong trabaho, trabahong pansamantala, mapanganib, at kadalasang hindi sapat upang tumbasan ang nawalang lupang sakahan.

Hindi rin ligtas ang mga bundok na itinuturing na panangga laban sa sakuna. Kapag binutas ang kabundukan, mas nagiging madalas ang landslide at pagbaha, lalo na tuwing tag-ulan. Ang lupang dating sumisipsip ng tubig-ulan ay nagiging daanang diretso ng baha, at ang unang tinatangay ay ang mga bahay ng maralita.

Kung magpapatuloy ang pagkasira ng ating mga likas na yaman, asahan na natin ang delubyo na maaring magdulot ng masamang epekto sa ating pamayanan. Dahil unti-unting sinisira ng pagmimina ang pundasyon ng ating mga likas na yaman.

Hindi masama ang pag-unlad, ngunit mali ang pag-unlad na nakatuntong sa pagkawasak. Hindi kailanman magiging patas ang laban kung ang isang panig ay armado ng kapital at kapangyarihan, habang ang kabila ay tanging lupa, tinig, at paninindigan lamang ang sandata.

Sa dulo, ang tunay na ginto ay hindi ang kumikinang sa dilim ng minahan, kundi ang lupang nananatiling buhay, ang ilog na patuloy na dumadaloy, at ang mamamayang may lakas ng l oob na ipaglaban ang karapatang manatili sa sariling bayan.

**"Ang lupang ipinapamina ay lupang ipinagluluksa; at ang kaunlarang binuo sa pagkawasak ay kaunlarang walang kaluluwa."**



# MAY LUHA PALA ANG LUYA

ni EVANGELINE BAUTISTA

**"Sayang ka'ko itong luya."**

**Mangiyak-ngiyak ang boses mula sa isang magsasakang pinagkaitan ng karapatan sa kanyang kabuhayan. Siya si Tatay Gregorio, isang ordinaryong mamamayan na walang ibang hangad kundi matustusan ang pangangailangan ng kanyang pamilya.**

**Katulad ng ibang magsasaka, wala nang ibang pinagkukunan ng pang-araw-araw na pantustos si Tatay Gregorio kundi ang kanyang mga pananim na luya. Walang sapat na puhunan, walang mautangan, at ang hirap ng buhay—iyan ang paulit-ulit na bukambibig ni Tatay. Ani pa niya, hindi na bale kung mawalan man siya ng kalabaw, basta't may maitanim lamang na luya.**

## Buhay na Isinugal sa Lupa

Bakit pa tayo naghahangad ng pagbangon kung unti-unti rin lang naman nila tayong nilalamon? Mga pananim na sana'y maani na, nauwi na lamang sa pambili ng kanin. Hindi naman kalakihan ang nais ng mga magsasaka — ang tanging hangad nila ay mamuhay nang payapa at anihin ang bunga ng kanilang mga itinanim.

Ilang taon nilang inalagaan ang lupa, pinagkunan ng pangangailangan, ngunit maglalaho lang ito bigla. Hindi na ito nakapagtataka, sapagkat ganito na lamang ang kalakaran sa kanilang pamumuhay. Ang mga pagod, pawis, at pag-asa ay tila nasasayang lang, napupunta lamang sa wala.

Ang ating mga magsasaka ay hindi lamang nakayuko sa lupa. Hindi lang nila tinutugunan ang sariling pangangailangan, sila rin ang patuloy na nagbibigay-buhay sa atin sa araw-araw. Ang kanilang mga palad na magaspang, hitik sa kalyo at hiwa, ay tahimik na patunay ng pawis at panahong buong-loob nilang inialay sa lupa.

## Pakikibaka ng Magsasaka

Hindi sila humihingi ng labis, ang tanging kagustuhan lamang nila ay isang masaganang ani. Si Tatay Gregorio ay isang magsasakang nagpapatunay na mas mahalaga ang kabuhayan para sa bayan kaysa pansariling pakinabang. Ang bawat binhing kanilang itinatanim ay may kaakibat na pag-asang naghihintay hindi lamang para sa kanya kundi maging sa mga kapwa niya magsasaka.

Mahihina sila, walang laban. Ang tanging sandata nila ay ang pagmamahal sa bayan. Hindi maikakaila na may mga taong mas pinipiling magbenta ng ginto kaysa maging tapat at totoo. Sa bawat ngiti nila sa mga litrato ay ang mga lupain at bulubunduking patuloy sa pagguho.

Nangangamba, nangangambang baka hindi na siya muling makaahon, nangangambang hindi naman talaga silang magsasaka ang kanilang prioridad. Hustisya para sa lahat ng magsasakang tulad niya ang kanyang hinahangad. Hindi ba't nakakatawang isipin na lagi na lang tayong sinasabihang lumaban nang patas, ngunit tila ba harap-harapan tayong niloloko? Nakakatakot mabigo lalo na kung unti-unting nasisira ang mga pinaghirapan.

## Laban para sa Kabuhayan

Sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL) ng 1988 (Republic Act 6657) sa Pilipinas, layunin nitong makamit ang makatarungang pamamahagi ng lahat ng lupang agrikultural sa mga walang-lupang magsasaka at manggagawa sa bukid. Nilalayon din nitong mabigyan ang mga benepisyaryo ng pagkakataong maging may-ari ng kanilang inuukit na lupa para sa mas maayos na kabuhayan.

Ilang taon ang tinataya ni Tatay Gregorio upang makaani ng sapat na maibebenta, ngunit bakit tila bigla na lamang siyang natalo? Umuuwi na siyang luhaan dahil wala siyang napagkitaan. Ang luya na sana ay kanyang mabebenta ngayon ay bulok at inuuod na. Tila ba ang mga tanim ay hindi na maganda ang bunga, bagkus ay pinagkaitan na upang mamunga. May nararamdaman din ang mga pananim tulad ng tao, may mga luhang tumutulo na nakatago.

Ngunit sa kabila nito, hindi basta sumuko si Tatay Gregorio, hindi siya nag-iisa. Kasama niya ang buong bayan at kapwa magsasaka, sabay-sabay nilang ipinaglalaban ang kung ano ang para sa kanila.

## Pag-asang Hatid ng Lupa

Mapaos man ang kanilang mga boses, hindi tumitigil ang mga magsasaka sa paglaban. Bawat pang-aabuso sa kanilang taniman ay nagiging lakas upang ipaglaban ang kanilang kabuhayan at ang kalikasan. Sila ang sagisag ng katatagan, dahil hindi naging hadlang ang kanilang kahinaan.

Sa kabuhayang nalusaw, huwag nating kalimutan ang pagbabalik-tanaw sa ating mga magsasakang dugo't pawis ang naitataya upang matugunan ang ating pangangailangan.





DIBUHO NI
**ROSEMARIE LOPEZ**

# KALBARYO NG LUPANG NINUNO



ni **SOPHIA MARIBBAY**

***"Natatakot kaming mawalan ng lupa, sapagkat kapag namatay ang lupa, kasamang mamamatay ang aming lahi."***

**Lumalagablab ang himig ng pagdaing sa mga liblib na pamayanan ng Barangay Bitnong, Oyao, Inaban, Munguia, at Keon sa Dupax del Norte, mga lupang nakaugat hindi lamang sa lupaing pangkabuhayan kundi sa kasaysayan, dugo, at pagkakakilanlan ng mga Ibaloi, Kalanguya, Ifugao, at Bugkalot.**

Sa pag-usad ng malalaking makinarya at pagpasok ng pagmimina, tila umuungol ang mga kabundukang minsan nang tinuring na banal. Ang tahimik na dapithapon ng mga baryo ay napalitan ng alingawngaw ng pangamba, pangambang baka malulong sa hukay ang kinabukasan ng kanilang mga anak.

Sumisiklab ang panibagong unos habang unti-unting inuungkat ng mga taga-Doña Aurora at karatig, mula Bitnong hanggang Keon, ang katotohanang matagal nilang ikinubli sa takot: Ang pamimilit na sumuko sa mga patakarang hindi nila lubos na nauunawaan, at ang nanganganib na pagguho ng mga dalisdis na matagal nilang iningatan.

***"Paano kami magiging payapa,"*** bulong ng isang Kalanguyang nakaupo sa tabi ng umaagos na sapa, ***"kung bawat buwelo ng makina ay parang pako na itinatama sa dibdib ng aming pagkatao?"***

Umuugong ang hinagpis sa Keon, ang pangunahing lugar ng eksplorasyon. Doon, ang mga matatanda'y tumitingala sa kalangitang tila mas mababa na kaysa dati, marahil dahil sa tumitinding bigat ng panahong bumabalot sa kanilang balikat. Isang Ifugao elder ang napahawak sa lupa, wari'y kinakausap ang mismong laman ng mundo. "Anak," wika niya sa kanyang apo, "ito ang lupa ng ating ninuno. Kapag naging alikabok ito, paano mo pa maaalala kung sino ka?"

Dumadaluyong ang takot at poot habang umaalingasaw ang usapin ng paglabag sa kanilang Karapatan, lalo na ang Free, Prior, and Informed Consent (FPIC) na mistulang nalusaw sa gitna ng proseso. Sa mga pastoral visit ng mga tagapagtanggol ng katarungan, paulit-ulit nilang narinig ang pare-parehong daing: pakikinig na walang pag-unawa, konsultasyong walang kabuluhan, at pagpapatuloy ng operasyon kahit hindi tunay na pumapayag ang mga katutubo. **"Pinakinggan nila kami,"** ani ng isang Bugkalot na ina, **"ngunit hindi nila kami narinig."**

Sumusulong ang legalidad ngunit lumulubog ang katarungan. Kahit pa pinagtibay ng hukuman ang TRO pabor sa kompanya, mas mabigat ang pasyang nakaukit sa puso ng mga pamayanan, na ang laban nila ay higit pa sa papel at pirma; ito'y laban para sa dangal, para sa kinabukasan, para sa kanilang espiritu. Sinabi ni **Fr. Angel Cortez** na ang isyung ito ay hindi lamang batas, ito'y **"espiritwal, kultural, at paninindigan sa mismong pag-iral."**

Pumipintig ang pag-asa kahit sa gitna ng unos. Sa gabi, habang nagtitipon ang mga pamilya sa ilalim ng malamlam na lampara, dumadaloy ang mga kuwentong minsang inaawit bilang alamat. Ngayon, mga bulong na lamang ito ng pag-aalinlangan, ngunit bakas pa rin ang paninindigan. ***"Hindi kami laban sa pag-unlad,"*** wika ng isang Ibaloi elder habang pinapainit ang kape sa dapugan. ***"Ang hinihiling lang namin ay bukas kung saan may lupa pa ang aming mga anak. May tubig pa ang ilog. May dangal pa ang aming pangalan."***

Umiigting ang panawagan ng mga komunidad at ng Simbahang nagtatanggol sa kanila, panawagan para sa lipunang muling kikilala sa sagradong ugnayan ng tao at kalikasan. Panawagan para sa prosesong patas, tunay na konsultasyon, at pagrespeto sa pamayanang matagal nang binabalangkas ng kanilang mga ninuno.

Sa lupang pinagpupugaran ng kasaysayan, naninindigan ang mga katutubo, hindi bilang hadlang sa pag-unlad, kundi bilang tagapag-ingat ng mundong unti-unti nang inuupos ng ingay ng bakal at kapangyarihan.

At sa dulo ng kanilang paninindigan, umaalingawngaw ang salitang nagiging panata, ***"Ang biyaya ng lupa ay para sa lahat. At anumang proyekto na nagpapabaya sa komunidad, lumalapastangan sa pakikipagtipan ng tao at kalikasan, ay walang moral na katwiran."***

# PAMANA NG BAYAN O HUKAY NG KASAKIMAN?



ni **MARIA FE MABUTI**

***Lupaing ninuno ay hindi palengke na may presyo, ang paglapastangan dito ay paghatol ng kamatayan sa aming lahi!***

**Nagbabaga ang bawat hibla ng aming pagkatao habang nakabarikada kami rito sa mga kalsada ng Dupax Del Norte, handang itaya ang buhay laban sa kasakiman. Hindi kami magpapaalis, hindi kami magpapatinag, at hinding-hindi kami luluhod sa harap ng mga korporasyong ang tanging hangad ay ibaon kami sa sarili naming lupa.**

Dumadagundong ang aming mga hiyaw na dumudurog sa katahimikan ng Nueva Vizcaya, isang babala sa mga mapang-api na ang taong-bayan ay gising na at nagkakaisa. Bitbit namin ang mga plakard na basang-basa ng ulan at luha, ngunit ang aming paninindigan ay mas matigas pa sa batong nais ninyong nakawin sa aming kabundukan.

Kumikirot ang aming dibdib sa tuwing masisilayan ang mga dambuhalang makina na tila mga kuko ng diyablo na bumabaon sa aming mga lupain. Alam namin na ang bawat paghukay ninyo ay paglaslas sa mga ugat ng tubig na siyang nagbibigay-buhay sa aming mga palayan at nagpapakain sa aming mga pamilya.

Nanunuyo ang lalamunan ng mga magsasaka sa tindi ng poot dahil ang irigasyong pinatulo ng kanilang pawis ay nanganganib na malason ng kemikal at latak ng mina. Ang malawakang pagmimina sa aming probinsiya ay hindi pag-unlad kundi isang sumpa na magdadala ng tagtuyot at kamatayan sa aming mga sakahan.

Nangangalit kami sa katotohanang ang mga dayuhang kumpanya ang humahakot ng bilyon-bilyon habang kami ang iniiwang nakabaon sa banta ng mga landslide at malalaking bitak sa lupa.

Ang inyong sinasabing modernisasyon ay isang huwad na pangako na ang tanging bunga ay ang pagkapariwara ng aming kalikasan at ang pagkawasak ng aming katahimikan.

Humihikbi ang kalikasan sa bawat punong inyong pinuputol at bawat bundok na inyong tinitibag para lamang sa pansamantalang kinang ng tanso at ginto. Saksi ang mga video at dokumentaryo sa panganib na dulot ng inyong operasyon, mga bitak sa kabahayan at ang unti-unting pagguho ng aming kinabukasan na tila ba wala kayong pakialam.

Nagkakaisa kaming mga katutubo, magsasaka, at kabataan upang ipagsigawan na ang Nueva Vizcaya ay ang "Watershed Haven" na hindi niyo kailanman dapat bastusin. Kapag pinatay ninyo ang aming mga bundok, hindi lang kami ang inyong pinatay kundi pati na rin ang mga probinsiyang umaasa sa aming mga ani at tubig.

Naglalagablab ang aming determinasyon na harangin ang bawat trak at bawat kagamitan na magtatangkang pumasok sa aming teritoryo nang walang pahintulot. Ito ay hindi lamang protesta, ito ay isang banal na digmaan para sa aming karapatan sa Isang malinis at ligtas na kapaligiran na ipinagkait ninyo sa amin.

Sumasamo kami sa buong bansa na huwag ipikit ang inyong mga mata habang nilalapastangan ang aming bayan para sa interes ng iilan. Itigil na ang pagmimina sa Dupax Del Norte bago pa maging huli ang lahat at bago pa malunod ang susunod na henerasyon sa putik ng inyong kapabayaan.

Wala mang nakakarinig ng aming tahimik na iyak, may mga boses pa rin na nais kaming iligtas at ipaglaban. Hindi man kami pakinggan ng mga nakaupo sa mataas na upuan, narito kami para isigaw ang dapat ay sa amin.

Naninindigan kami rito hanggang sa huling patak ng aming dugo dahil ang lupang ito ay sagrado at hindi kailanman maibebenta sa kahit anong halaga. Lalaban kami, titindig kami, at hinding-hindi kami susuko hangga't hindi lumalayas ang mga mandarambong sa aming mahal na Nueva Vizcaya!

> ***"Ginto ninyong makislap ay hindi nakakabusog, mas pipiliin naming mamatay na lumalaban kaysa mabuhay na walang lupa at walang dangal!***

# KWENTONG PAGHABI: BUHAY NA TRADISYON MANANATILI

ni **EVANGELINE BAUTISTA**

**Sa bawat sinulid na dumadaan sa habihan, may kaakibat itong kasaysayan. Sa likod ng kasaysayang ito nakatago ang isang tradisyon na humuhubog hindi lamang sa produkto kundi pati na rin sa kultura—ang Gaddang weaving.**

Isa ang mga Gaddang sa mga katutubong komunidad na matagal nang naninirahan sa Nueva Vizcaya at mga karatig na lalawigan. Kilala sila sa samu't saring makukulay na kasuotan, natatanging mga disenyo, at matiyagang proseso ng paghahabi. Ang bawat hibla ay sumasalamin sa kanilang pananaw sa mundo, kaugalian, at pagkakakilanlan bilang isang komunidad.

Hindi lamang ito isang tela, dito rin nila binubuhos ang kanilang dugo't pawis upang makalikha ng mga obra na kumakatawan sa kanilang pagkakakilanlan at kulturang minana mula sa kanilang mga ninuno. Tanging kamay at paa ang nagiging sandata, kasama ang iba't ibang kulay at uri ng sinulid, na nagdurugtong upang makabuo ng mga disenyo na sumasalamin sa kanilang kultura at tradisyon.

Mahigit anim sa labinlimang munisipalidad ng Nueva Vizcaya at ilang karatig-lalawigan ang kinikilala nilang bahagi ng kanilang lawak na ninunong lupain. Ang paghahabi, bagamat tahimik na proseso, ay isang masalimuot at kakaibang sining na kasinghalaga ng kahit anong obra sa larangan ng kultura. Sa bawat gawaing ito, makikita ang husay, tiyaga, at malikhaing pananaw ng mga katutubo.

Ang mga katutubong pamilya, kabilang ang mga Aban ng Bagabag, Nueva Vizcaya, na nagmamay-ari ng Ga'dang Weavers and Beadworks (GWB), isang maliit na negosyo sa handicraft, ay ginagamit ang kanilang katutubong sining bilang mabuting pinagkukunan ng kita para sa kanilang mga sambahayan.

Ngunit hindi naging madali para sa mga maghahabi na panatilihin ang tradisyong ito, sapagkat unti-unti itong natatabunan ng mabilis na pagbabago ng makabagong mundo. Nangangamba silang baka ito'y malimot habang lumilipas ang panahon. Hindi basta-basta tinatanggap ng mga manghahabi na ang kanilang hirap at pawis ay masayang lamang.

Sa kabila ng mga hamon, nanatili silang matatag at patuloy na lumilikha ng sining na hindi matatawaran ng kahit ano pa mang bagay sa mundo. Sa tulong ng mga programang sumusuporta, naipapakita nila ang ganda at kahalagahan ng sining at tradisyon ng mga Gaddang weavers, pinapanday hindi lamang ang tela kundi pati na rin ang kanilang identidad at kultura.

Bukod sa pagiging kabuhayan, nagiging paraan din ang paghahabi upang mapanatili ang pagkakaisa ng komunidad. Sa bawat pagtatahi at paghabi, naipapasa ang mga kwento ng kanilang pinagmulan, paniniwala, at ang pagmamalasakit sa kalikasan. Ang tela ay nagiging salamin ng kanilang kolektibong alaala at pananaw sa mundo.

Para sa mga Gaddang, ang paghahabi ay hindi lamang simpleng trabaho o libangan. Sa bawat galaw ng kamay at hibla ng tela, naipapakita ang tiyaga, pagkamalikhain, at pagmamahal sa sariling kultura. Ang bawat disenyo ay sumasalamin sa mayamang kasaysayan ng kanilang lipunan.

> **Hindi lamang ito sining, ito rin ay tulay na nag-uugnay sa nakaraan at hinaharap. Sa pamamagitan ng paghahabi, buhay ang kultura—humihinga, nagbabago, at patuloy na yumayabong sa bawat henerasyon.**



DIBUHO NI **ROSEMARIE LOPEZ**

# SIRUAT SI KASAYSAYAN

ni **AARON DAVE LABAO**



***"Ang wika ay Liwanag, kapag isinulat, nagiging ilaw ng mga kwentong maaaring maglaho, kapag binigkas, nagiging apoy na nagbibigay-init sa pagkakakilanlan ng isang bayan."***

**Matturak — gaddang:** isulat, isatitik, lumiham, kumatha.

Ipinagkaloob sa atin ng ating mga ninuno ang kaalaman sa kasaysayan bilang isa sa pinakamahalaga at pinakamapupungay na regalong maaaring ipaabot sa bawat salinlahi. Iningatan ito sa pamamagitan ng masiglang pagkukuwento makukulay na pagsasadula, at higit sa lahat, sa walang kupas na sining ng pagsusulat.

Umunlad sa Nueva Vizcaya ang maraming aklat na nagtatala ng kasaysayan ng lalawigan at ng mga naninirahan dito. Isa sa mga pinakakamakailang bunga ng matiyagang pag-aaral ay ang Ortograpiyang Gaddang, isang patunay ng pagsisikap ng mga ka-ka-Gaddang-an upang ipagpatuloy ang buhay at lakas ng kanilang wika.

Pinagtibay ng Ortograpiyang Gaddang ang mithiin na palawakin ang paglinang sa wikang Filipino at lalo na sa mga katutubong wikang tulad ng Gaddang. Ipinanukala ni Gobernador Atty. Jose "Jing" Gambito ang paggamit ng wikang Gaddang sa mga paaralan bilang isa sa pinakamabisang paraan upang mapangalagaan at mapatatag ang mga katutubong wika ng lalawigan.

Nabuo ang gawaing ito sa pamamagitan ng masinsinang pananaliksik, matiyagang pakikipanayam, masigasig na pag-aaral, at buong pusong pakikiisa ng pamahalaang panlalawigan. Isa itong katuparan ng isang matagal nang layunin na pinangarap, pinanday, at pinanindigan ng komunidad.

Itinala ng ortograpiya ang wastong pagbabaybay, balarila, at tuntunin ng isang wika. Ang Gaddang, na ginagamit sa Nueva Vizcaya, Isabela, at Ifugao, ay nagmula sa ga na "init" at dang na "sunog", isang paglalarawan sa mas maitim na balat ng mga ka-Gaddang-an kumpara sa iba pang pangkat etniko ng Cordillera.

**Pagsasagawa**

Nagsimula ang lahat noong Enero 25, 2015 sa isang seminar na dinaluhan ng grupong etnikong Gaddang sa pangunguna nina Gng. Norla S. Valdez ng Gaddang Taskforce at Marilou G. Tugade, Gaddang Coordinator ng Nueva Vizcaya, kasama ang mga kinatawan mula sa Santiago, Cauayan, at lalawigan ng Isabela.

Nagpatuloy noong 2016 ang adhikain sa seminar na USWAG: Dangal ng Filipino 2016, kung saan nagtipon ang mga gurong representatibo ng iba't ibang pangkat etniko ng Rehiyon 2. Naisakatuparan rin noong Nobyembre 22 ang Gaddang Bible Translation Awareness Seminar sa Solano, Nueva Vizcaya, kung saan napagkaisahan ang mahigpit na pangangailangan ng Ortograpiyang Gaddang para sa Bible Translation.

Lumunsad ang opisyal na paglilimbag noong 2017. Noong Hulyo 18, nagtipon sina Bb. Chitse Magaspag, Bb. Rosario Viloria, G. Alfred Mijares, at Gng. Racquel Mijares upang humingi ng pondong pampinansyal para sa seminar-workshop ng ortograpiya. Naitaguyod ang unang ***WRITING GADDANG: ORTHOGRAPHY*** workshop noong Setyembre 17–21, 2018 sa DepEd Teachers Camp, Villa Coloma, Bagabag, Nueva Vizcaya.

Naituloy ang ikalawang seminar noong Disyembre 10–15, 2018 na pinamagatang *Gramatika ng Gaddang at Pagsusulat ng Ortograpiya ng Gaddang*, na pinondohan ng IPED Division ng Nueva Vizcaya. Bago maisagawa ang Konsultasyon at Balidasyon noong Setyembre 16–17, 2019, isinailalim ang buong manuskrito sa paulit-ulit na pagsusuri, proofreading, at editing.

Sumisiklab ngayon ang kapangyarihan ng tinta at papel bilang tunay na *siruat*—ilaw na tumatanglaw sa kulturang Gaddang. Habang hinahamon ng panahon ang kanilang pananalita, pananamit, at mga kaugalian, nananatili ang Ortograpiyang Gaddang bilang naglalagablab na patunay na ang isang kulturang tinatanglawan ng wika ay hindi kailanman mawawala sa anino ng pagkalimot.

***"Siruat si Kasaysayan," o nangangahulugang "ilaw ng kasaysayan"—ang nagsisilbing diwa ng Ortograpiyang Gaddang. Sa bisa nito, nagliliwanag ang landas tungo sa pag-unawa, paggalang, at patuloy na pag-iral ng wikang Gaddang, isang ilaw na gumagabay sa bawat salinlahi upang hindi mawaglit ang kanilang pinagmulan."***

***Ilaw na hindi kailanman mauupos.***

DIBUHO NI **ROSEMARIE LOPEZ**

TOMO LIII, BLG 1
ANG OPISYAL NA PAHAYAGAN NG **NUEVA VIZCAYA GENERAL COMPREHENSIVE HIGH SCHOOL**
HUNYO 2025-DISYEMBRE 2025




# Pagkaing Bestkaya!

ni **AARON DAVE LABAO**

**Kasabay ng bawat liko ng kalsada at paghinto ng bus sa Nueva Vizcaya ay ang unti-unting pagtunog ng sikmurang sabik sa bagong lasa. Ang paglalakbay dito ay hindi lamang nasusukat sa dami ng tanawing nadaanan, kundi sa mga putaheng natikman, mga pagkaing tila nagsasalaysay ng kasaysayan, kultura, at sipag ng mga taong nakatanim ang buhay sa lupang sinasaka.**

Kung isa kang solid traveller, malamang ay nadaanan mo na ang probinsiyang ito, marahil sa pagmamadali, sa pagdaan lang. Ngunit huminto ka na ba upang namnamin ang mga pagkaing ipinagmamalaki ng Nueva Vizcaya?

Kilala ang lalawigan bilang **"Ginger Capital of the Philippines,"** tahanan ng libu-libong metriko toneladang luya na hinahango mula sa lupang pinagyayaman ng panahon at pawis ng magsasaka. Hindi rin pahuhuli ang Nueva Vizcaya bilang **"Citrus Capital of Northern Luzon,"** kung saan ang Kasibu ay dinadapuan ng bango ng hinog na dalandan at kahel. Dagdag pa ang saganang niyog, kape, at karne, mga biyayang humuhubog sa natatanging lasa ng lokal na lutuin. Dito, ang agrikultura ay hindi lamang kabuhayan; isa itong sangkap ng bawat putahe.




### Salabat

Sa malamig na umaga ng Santa Fe o sa maulang hapon ng Bayombong, may isang inuming tila yakap ng probinsiya, ang salabat. Isa itong payak na tsaa mula sa luya, ngunit sa bawat higop ay dama ang tapang at init na gumigising sa diwa. Hindi kataka-takang dito nagmumula ang ilan sa pinakamasarap at pinakaanghang na salabat sa bansa, gawa sa mga katutubong uri ng luya na kilala sa lalim ng lasa.

Ayon sa Department of Health, mainam ang luya laban sa sipon at ubo, ngunit sa Nueva Vizcaya, ang salabat ay higit pa sa gamot. Isa itong ritwal, inihahain sa mga bisita, ipinapainom sa mga pagod na manlalakbay, at ipinagmamalaki sa mga lokal na café gaya ng Felisa's Grind and Brew, kung saan ang luya ay humahalo pa sa kape at iba pang lokal na ani. Sa bawat tasa, tila sinasabi ng probinsiya: **"Magpahinga ka muna. Tikman mo kami."**

### Tupig

Sa paglalakad sa mga pamilihan at pistahan, tiyak na maaamoy mo ang banayad na usok ng tupig, ang matamis na halimuyak ng bigas at niyog na inihahaplos ng apoy ng uling. Balot sa dahon ng saging at inihaw hanggang bahagyang umitim, ang tupig ay may lambot at nginangang tekstura na lalong sumasarap kapag mainit pa.



Bagama't nag-ugat ito sa Ilocos at Pangasinan, niyakap ng Nueva Vizcaya ang tupig bilang sariling meryenda. Sa katunayan, minsang nagtangkang gumawa ang bayan ng Solano ng **pinakamahabang tupig sa mundo** bilang patunay ng pagmamahal at pagmamalaki sa pagkaing ito. Ang bawat kagat ay parang paalala na ang simpleng sangkap, kapag hinaluan ng tiyaga, ay nagiging pambihira.



### Buko Pie

Kung mapapadpad ka sa Bagabag, huwag palampasin ang buko pie na tahimik ngunit matatag ang reputasyon ng tinaguriang **"Buko pie Alley of the North".** Sa unang hiwa pa lamang, bubungad ang malutong na crust at ang malinamnam na palaman ng batang niyog. Hindi ito ang karaniwang matatamis na pie, may balanse ang tamis at gatas, at may lambing ang bawat hibla ng buko.

Mainam itong pasalubong, oo, ngunit higit na masarap kapag kinain sa gilid ng kalsada, habang pinagmamasdan ang mga bundok na tila bantay ng probinsiya.

### Kiniing

Sa mas malalim na bahagi ng Nueva Vizcaya, lalo na sa mga bayang gaya ng Ambaguio at Bambang, matatagpuan ang **kiniing**, isang pinausukang karne ng katutubong itim na baboy. Manipis ang hiwa, maalat-alat ang lasa, at may kakaibang aroma na nagmumula sa dahon ng bayabas na ginagamit sa proseso ng pagluluto.



Itong kiniing ay hindi lamang ulam; isa itong pamana. Tampok ito sa mga pistahan tulad ng Baykat Festival, at kinikilala pa ng mga organisasyong nagtataguyod ng tradisyunal na pagkain. Sa bawat kagat, dama ang usok, asin, at kasaysayan, tila ba kinakain mo ang mismong kwento ng bundok at pamayanan.



### Tiblac Barako

Walang pagtatapos ang paglalakbay kung walang huling lagok ng kape. Sa Ambaguio, ipinagmamalaki ang Tiblac Barako, kape mula sa mga butil ng Robusta at Arabica na inaalagaan ng Tiblac Farmers Agriculture Cooperative. Kilala bilang Ambaguio Kapi, ang bawat tasa ay may tapang at bango na hindi minamadali.

Habang pinapait at pinapainit ng kape ang iyong dila, mas nauunawaan mo: ang lasa nito ay bunga ng kolektibong pangarap ng mga magsasaka. Dito, ang kape ay hindi lamang panimula ng umaga, kundi simbolo ng pagtitiyaga at pagkakaisa.

**Sa Nueva Vizcaya, ang paglalakbay ay hindi nagtatapos sa mga tanawin. Ito ay nagpapatuloy sa hapag-kainan, sa mga tasa, balot, hiwa, at lagok. Kaya sa susunod na mapadaan ka rito, huwag lang dumaan, tumigil, tumikim, at magpaka-Bestkaya.**

DIBUHO NI **ROSEMARIE LOPEZ**

# BAWAT SULOK, MAY KWENTO

ni **MARIA FE MABUTI**



DIBUHO NI **ROSEMARIE LOPEZ**

**Sa tuwing binabanggit ang salitang "Museum," tiyak na ang unang pumapasok sa iyong isipan ay ang mga salitang nakaraan, kasaysayan, at sining. Ngunit alam mo ba na bukod dito, naririnig din ang mga ingay ng mga alaala sa bawat pahina ng librong nakatago at mga bakas na iniwan ng ating mga ninuno?**

Lumipas na ang maraming taon, ngunit tila ba hindi kumukupas ang taglay nitong ganda. Maging mula sa malayo, damang-dama pa rin ang bigat ng mga kuwentong dala nito. Nabibighani ang mga tao sa alindog ng museo, kaya't talaga namang ito'y dinadayo.

Kapag ito'y unang nasilayan, ikaw ay mapapaisip na isa lamang naman itong ordinaryong gusali.Ngunit ang gusali itong ay nababalot ng mga kwento ng panahon. Ito ang nagsilbing Lumang Kapitolyo ng lalawigan ng Nueva Vizcaya na itinayo noong 1906. Naging tahanan ito ng kultura at mga kaalaman ng mga Vizcayano.

Tila minsan ay nais burahin ng tadhana ang lahat, sapagkat minsan na itong nilamon ng apoy noong 1926. Gayunpaman, muli itong muling itinayo at inayos matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig noong 1945 upang magsilbing "Capitol Offices of Nueva Vizcaya." Nasunog man ang nakaraang kasaysayan nito, muli itong nabuo ng mga kamay na muling binuhay ang mga ala-ala ng sama-sama.

Sa sandaling pumasok ka sa loob, bubungad sa iyo ang mga obrang may makulay na pinagmulan. Ang yabag ng paa ay may kasamang langitngit ng sahig na nagsisilbing musika sa ating tainga. Tila ba ang katahimikan ay hindi hadlang, sapagkat ito ang tanda ng muling pagbangon ng nakaraan.

Hindi lamang mga litrato ang naroon—matutunghayan mo rin ang mga kasuotan, lumang kagamitan, mga instrumento, dokumentong niluma na ng panahon, at marami pang iba. Ipinagmamalaki rin nito ang likha ng mga lokal na sining na lubhang nagbibigay ng inspirasyon at pagkakataon na pahalagahan at hangaan ang sining ng mga nakababatang henerasyon. Nanatili itong mahalaga sa pagkakakilanlan ng mga Novo Vizcayano.

Isang bukas na espasyo para sa lahat ng nagnanais magbasa, mag-aral, at matuto. Sa bawat larawan ay may kuwento, sa bawat estatwa ay may alaala. Mula sa mga kagamitang pangluto hanggang sa kasuotang pambabae at panlalaki, bawat bagay ay naging tulay tungo sa mas malalim na pag-unawa sa ating kultura.

Sa bawat haligi nito ay nakaukit ang katatagan ng mga kamay na sama-samang muling binuo ang nagsilbing tahanan para sa bawat isa.Ito ang naging bukas na tahanan para sa lahat. Hindi kailanman nawala ang kasaysayan nito, hangga't may mga taong patuloy na nagbibigay-halaga rito.

Nabuhay muli ang mga alaala. Higit pa ito sa pagiging isang museo. Isa itong daan upang lalo pang makilala ang bayan, isang paalala ng katatagan. Ang ating kasaysayan ay walang kapantay. Pilit man tong limutin, mananatili pa rin itong buhay. Sa likod ng nagpadaanan nito huwag natin hayaang ito'y maglaho—sapagkat kailanman ay hindi ito mawawala.

Higit pa sa pagiging gusaling may laman. Ito ang daan upang ipaalala sa atin ang pinagmulan, kultura, at tahanan ng nakaraang kay sarap balik-balikan.

Sa bawat sulok ng People's Museum and Library, may kwento. Sa bawat kwento, may aral. At sa bawat aral may dahilan upang bumalik, hindi lamang para mamasyal, kundi para alalahanin at pahalagahan ang ating makasaysayang nakaraan.

# SAYSAY NG KASAYSAYAN

ni **EVANGELINE BAUTISTA**

**Gaano nga ba katagal para maglaho ang isang kasaysayan?**

**May mga lumang bagay na tila ba unti-unting kumukupas at hindi na nabibigyan ng pansin. Ngunit, hahayaan na lamang ba natin itong tuluyang mabura sa ating alaala kung maaari naman natin itong bigyang-halaga at atin itong ireserba?**

Ang mga bagay na tanyag at tunay na nagniningning ay aking natagpuan sa isang bayan ng Nueva Vizcaya—ang Bayombong. Nasaksihan ng aking mga mata hindi lamang ang damdamin kundi maging ang puso ng mga taong patuloy na nagmamahal sa kasaysayan.

Dito, hindi lamang ang kagandahan ng bayan ang matatagpuan, naroroon din ang mga lumang estruktura, kabahayang pinagluma na ng panahon, at mga gusaling nagsisilbing salamin ng mayamang kasaysayan. Hindi maikakaila ang mga bulungan ng mga matatanda tungkol sa Bayombong sapagkat ito'y binubuhay ng kasaysayan—simula nang unti-unti itong maglaho at mawala sa paningin ng mga tao. Isa na rito ang mga kabahayang iniwan ng ating mga ninuno, na kung sa Ingles ay tinatawag na "ancestral home."

Bilang isang mamamayan at kabataan ng henerasyong ito, ako'y hindi lamang naniniwala kundi naninindigan din na kailangan nating alamin ang mga kwentong nakatago sa bawat estruktura. Isa sa mga lumang bahay ay matatagpuan sa tapat ng Pandayan Bookshop sa Don Mariano Perez na kung pagmamasdan, ay tila magbabalik-tanaw sa iyong kaisipan at magpaparamdam na para bang ikaw ay bahagi ng nakaraan.

Ang tindig, anyo, at kulay nito ay may kaakibat na mga kwentong nakatago. Hindi lamang ito isang ordinaryong bahay sapagkat saksi ito sa mga pangyayaring napagdaanan—mapait man o matamis na alaala. Sa unang tingin, ito'y nakakatakot binansagan pa nga itong "haunted house" na madalas pag-usapan ng mga bata. Ngunit sa likod ng nakakatindig-balahibong anyo nito ay ang kasaysayang iniwan ng ating mga ninuno.

Bagama't wala na ang dating sigla ng kulay nito, nananatili pa rin ang makulay na buhay sa likod ng nakaraan. At higit pa roon, lingid sa kaalaman ng ilan na ang mas nakakatakot ay hindi ang mismong bahay, kundi ang patuloy na pagbura ng mga alaala ng mga tao.

Kung susuriin ang loob ng bawat lumang bahay, marahil ay matatagpuan mo ang mga gamit na napaglumaan na ng panahon. At habang lumilipas ang mga taon, hindi maikakaila ang dumarami pang mga sira at bakas ng kalumaan. Gayunpaman, ang mga dingding at sahig na may bitak ay nagsisilbing palatandaang may saysay pa ring taglay ang kasaysayan.

Bukod pa rito, nariyan ang mga bakas ng ating mga ninunong kanilang iniwan upang ating pangalagaan. Ito'y kanilang ipinamanang yaman upang maging bahagi ng ating kasaysayan. Ang mga makalumang bahay at bagay ay nagtataglay ng makabuluhang kwento, lalo na sa mga kabataang tulad ko.

Ating pahalagahan at panatilihin ang kaayusan ng mga ito sapagkat dito nakaangkla ang ating pagkakakilanlan bilang isang komunidad. Huwag nating hayaang mabulok ang magagandang mga alaala. Hindi sapat na tawagin nating "luma" ang isang bagay para kalimutan na lamang ito.

Simulan natin ang pagreserba ng mga ito, sa simpleng pagtapal ng butas at paglilinis, masisiguro nating mananatili ang alindog ng bawat lumang bahay. Ang mga luma ay maaaring maging susi para sa makabagong bukas ng susunod na henerasyon. Hindi hadlang ang kalumaan upang maibaon sa limot ang mga kwentong puno ng yaman.



DIBUHO NI **ROSEMARIE LOPEZ**

TOMO LIII, BLG 1
ANG OPISYAL NA PAHAYAGAN NG NUEVA VIZCAYA GENERAL COMPREHENSIVE HIGH SCHOOL
HUNYO 2025-DISYEMBRE 2025



DIRETSIYAHAN

ni FRANCES BLANZA

# Kanser ka sa lipunan

**Matagal nang tinaguriang hari ng mga sakit ang kanser dahil sa lawak ng epekto nito sa buhay ng tao—pisikal, emosyonal, at panlipunan. Sa kabila ng pag-unlad ng medisina, nananatili itong isa sa mga pangunahing sanhi ng pagkamatay sa buong mundo. Gayunpaman, sa panahon ng agham at teknolohiya, unti-unti nang nababago ang kuwento ng kanser: mula sa hatol ng kamatayan patungo sa laban na may pag-asa.**

Ito'y bunga ng hindi normal at walang kontrol na pagdami ng mga selula sa katawan. Dati, limitado lamang ang kaalaman tungkol sa pinagmumulan nito. Ngunit sa tulong ng modernong agham—tulad ng molecular biology at genetics—mas nauunawaan na ngayon kung paano nagsisimula, lumalala, at kumakalat ang sakit na ito.

Isa sa pinakamahalagang ambag ng agham ay ang early detection technologies. Sa pamamagitan ng advanced imaging tulad ng MRI, CT scan, at mammography, mas maagang natutukoy ang kanser bago pa ito lumala. Ang maagang pagtuklas ay nagbibigay ng mas mataas na tsansa ng paggaling at mas epektibong gamutan.

Hindi rin maikakaila ang papel ng biotechnology sa paggamot ng kanser. Ang mga makabagong therapy gaya ng immunotherapy at targeted therapy ay hindi na basta pumapatay ng selula, kundi tinutulungan ang sariling immune system ng katawan na labanan ang kanser. Dahil dito, mas nababawasan ang masamang epekto kumpara sa tradisyunal na chemotherapy.

Malaki rin ang naitutulong ng artificial intelligence (AI) sa larangan ng oncology. Ginagamit ang AI sa pagsusuri ng medical data upang mas mabilis at mas eksaktong matukoy ang uri at yugto ng kanser. Sa ilang bansa, nakatutulong na rin ito sa pagbuo ng personalized treatment plan para sa bawat pasyente.

Gayunpaman, hindi sapat ang teknolohiya kung walang sapat na kaalaman ang mamamayan. Mahalaga ang papel ng agham sa pagpapalaganap ng impormasyon tungkol sa pag-iwas sa kanser—tulad ng tamang nutrisyon, regular na ehersisyo, pag-iwas sa bisyo, at pagpapabakuna laban sa HPV at hepatitis B na maaaring magdulot ng kanser.

Sa Pilipinas, nananatiling hamon ang kakulangan sa akses sa makabagong teknolohiya. Hindi lahat ay may kakayahang sumailalim sa mahal na pagsusuri at gamutan. Dito pumapasok ang responsibilidad ng pamahalaan at mga institusyong pang-agham na gawing abot-kamay ang teknolohiya para sa lahat, hindi lamang para sa iilan.

Ang pananaliksik o research ay patuloy na sandata laban sa hari ng mga sakit. Araw-araw, may mga siyentistang nagsasakripisyo ng oras at talino upang makahanap ng mas mabisang lunas. Ang suporta sa agham—pondo, pasilidad, at edukasyon—ay suporta rin sa buhay ng mga susunod na henerasyon.

Hindi lamang pisikal na laban ang kanser; ito rin ay laban ng pag-asa. Sa tulong ng teknolohiya, nabibigyan ng boses ang mga pasyente, napapadali ang support systems, at napapalakas ang loob ng mga lumalaban. Ang agham ay hindi lamang tungkol sa makina at datos, kundi tungkol sa pagpapahalaga sa buhay ng tao.

Kaya naman ay maaaring manatiling hari ng mga sakit ang kanser, ngunit hindi na ito hari na walang katapat. Sa pagsulong ng agham at teknolohiya, unti-unti itong hinahamon, pinahihina, at tinatalo. Ang tunay na tagumpay laban sa kanser ay hindi lamang nasusukat sa paggaling, kundi sa pagkakaisa ng kaalaman, teknolohiya, at malasakit para sa sangkatauhan.

**AYONsaNUMERO**

sa taong 2025

**30.5 MILYON**
ang kaso ng kanser sa buong bansa

**18.6 MILYON**
ang namatay dahil sa kanser



# TAHIMIK NA SALOT

## Leptospirosis sa Panahon ng Tag-ulan

ni JANELLE FAITH BELISARIO

**Umuukit ng malalim na pangamba sa larangan ng pampublikong kalusugan ang paglobo ng kaso ng leptospirosis sa bansa matapos itala ng Department of Health (DOH) ang kabuuang 4,859 na impeksyon ngayong panahon ng tag-ulan. Hindi lamang baha ang ugat ng krisis na ito, kundi ang mabilis na pagkalat ng Leptospira interrogans, isang mapanganib na bakterya na matatagpuan sa ihi ng mga reservoir host gaya ng daga at iba pang mammal.**

Nananalasa ang mga spirochetes, mga bakteryang hugis-spiral, sa pamamagitan ng aktibong pagpasok sa mucous membranes o sa mga maliliit na lamat sa balat ng taong nakalubog sa kontaminadong tubig. Ayon sa teknikal na ulat ng US CDC, ang mga organismong ito ay may kakayahang mabuhay sa alkaline environment ng lupa at tubig sa loob ng ilang buwan, na nagpapanatili sa banta ng outbreak kahit tuyo na ang kapaligiran.

Noong Agosto, pumalo sa 1,147 bagong kaso sa loob lamang ng isang linggo, isang indikasyon ng malawakang environmental contamination matapos ang sunod-sunod na bagyong Crising, Dante, at Emong. Bagaman may naitalang pagbaba sa datos, nananatiling naka-alerto ang mga fast lane ng mga ospital dahil sa incubation period ng sakit na maaaring tumagal ng lima hanggang labing-apat na araw bago lumabas ang mga klinikal na sintomas.

Nanganganib ang pisyolohikal na sistema ng mga biktima dahil sa kakayahan ng bakterya na magdulot ng vasculitis o pamamaga ng mga daluyan ng dugo na nagreresulta sa pagtagas ng likido sa mga tisyu. ***"Huwag nating ipagkamali ang lagnat na ito sa simpleng virus; ang Leptospira ay mabilis na sumisira sa mga renal tubules ng bato kung hindi agad mapapatay ng antibiotics,"*** babala ni Dr. Hernandez, isang infectious disease specialist.

Nagbabala ang mga eksperto na ang paninilaw ng mata o jaundice ay senyales ng Weil's disease, ang pinakamalalang anyo ng leptospirosis na may mataas na mortality rate. Kung hindi maagapan ng penicillin o doxycycline, ang bakterya ay maaaring magdulot ng multi-organ failure, partikular sa atay at bato, at mauwi sa kamatayan sa loob lamang ng ilang araw.

Bilang tugon, pinaiigting ng DOH ang pathogen surveillance sa 19 na ospital sa Metro Manila upang ma-monitor ang anumang mutasyon o pagtaas ng virulence ng mga bakteryang nakukuha sa baha. ***"Dito sa aming fast lane, sumasailalim ang mga pasyente sa agarang risk assessment upang malaman kung kailangan nila ng prophylactic treatment base sa tagal ng kanilang exposure,"*** paliwanag ng isang medical technologist sa laboratoryo.

Isa sa mga hamon sa maagang diagnosis ang pagkakatulad ng mga sintomas ng leptospirosis sa dengue at malaria, kaya kritikal ang paggamit ng mga diagnostic tools gaya ng Microscopic Agglutination Test. Isang pasyenteng si Mang Jun ang nagpahayag ng kanyang karanasan sa loob ng ward: ***"Akala ko pagod lang ito, pero nang magsimula nang sumakit nang husto ang aking mga binti at mamula ang aking mga mata, nalaman kong pinapasok na pala ng mikrobyo ang aking dugo."***

Kumikilos ang mga molecular laboratories upang pabilisin ang pagtukoy sa presensya ng DNA ng bakterya sa mga blood samples ng mga pinaghihinalaang biktima. Ang maagang pag-inom ng chemoprophylaxis ay nagsisilbing teknolohikal na panangga upang mapigilan ang bacteremia o ang pagdami ng bakterya sa daluyan ng dugo bago pa ito makapinsala sa mga vital organs.

Inaalerto ng mga siyentipiko ang publiko na ang pagbabago ng klima at ang hindi maayos na urban drainage systems ay nagsisilbing breeding grounds para sa mga carrier ng sakit. Ang teknolohiya sa tamang pagtatapon ng basura ay hindi lamang usaping pang-estetiko, kundi isang kritikal na interbensyon upang maputol ang transmission cycle mula sa ihi ng daga patungo sa tao.

Nagsasagawa ang bansa ng masusing epidemiological mapping upang matukoy ang mga "hotspots" kung saan ang bacterial load sa kapaligiran ay mataas matapos ang mga kalamidad. Ang paggamit ng Geographic Information System (GIS) ay nakatutulong sa DOH na magpadala ng sapat na suplay ng gamot sa mga lugar na may mataas na insidente ng impeksyon.


Pinatitibay ng agham ang katotohanan na ang pagsuot ng personal protective equipment (PPE) gaya ng bota ay hindi lamang proteksyon sa dumi kundi isang physical barrier laban sa mikroskopikong pagtagos ng mga spirochetes. Ang paghuhugas ng katawan gamit ang sabon matapos lumusong sa baha ay nakatutulong din upang ma-disinfect ang balat at mapatay ang anumang bakteryang kumapit dito.

Sinisikap ng pamahalaan na gawing mas accessible ang mga makabagong gamot at mabilis na pagsusuri upang mapababa ang kaso ng kidney failure sa mga biktima. Sa huli, ang integrasyon ng maagang clinical intervention at masusing environmental sanitation ang pinakamabisang teknolohiya upang mapuksa ang kamandag na hatid ng leptospirosis sa ating lipunan.

**AYONsaNUMERO**

**82.4%** ng kaso ay mga lalaki

**17.6%** ng kaso ay mga babae



# LASON SA AGOS NG DUGO

ni **MARIA FE MABUTI**

**Nagngangalit ang bilang ng mga kaso ng Human Immunodeficiency Virus (HIV) sa Pilipinas, na ngayon ay itinuturing na may pinakamabilis na paglago sa buong rehiyon ng Asia-Pacific. Ayon sa pinakahuling datos ngayong 2025, hindi bababa sa 57 Pilipino ang nagpopositibo sa virus araw-araw, isang istatistikang nagpapakita ng malubhang krisis sa pampublikong kalusugan.**

Pumapalo sa 550% ang itinalagang pagtalon ng mga bagong kaso mula noong 2010 hanggang 2024, kung saan ang bilang ay lumobo mula 4,400 patungong 29,600. Tinatayang aabot sa 252,800 Pilipino ang mamumuhay na may HIV pagsapit ng katapusan ng taong ito, ayon sa ulat ng Department of Health (DOH).

Nanganganib ang sektor ng kabataan dahil isang ikatlo ng mga bagong diagnosed na kaso sa unang quarter ng 2025 ay kabilang sa edad 15 hanggang 24. Iginiit ni Dr. Louie Ocampo, Country Director ng UNAIDS, ang bigat ng sitwasyon sa kanyang pahayag:

***"Ang mga numerong ito ay nagpapakita ng isang malupit na katotohanan na nangangailangan ng ating agarang atensyon at koordinadong pagkilos sa lahat ng antas ng pamahalaan at lipunan."***

Kulang ang Pilipinas sa pandaigdigang target na 95-95-95, kung saan 55% lamang ng mga tinatayang may HIV ang kasalukuyang diagnosed o nakakaalam ng kanilang status. Mula sa grupong ito, 66% lamang ang sumasailalim sa antiretroviral therapy (ART), at mas maliit na 40% lamang ang nakakamit ang viral suppression o kontroladong viral load.

Lumulubha ang isang malaking butas sa pagpopondo para sa pag-iwas (prevention), na nakatanggap lamang ng 6% o ₱211 milyon mula sa kabuuang ₱3.6 bilyong HIV expenditure noong 2023. Ang pagkaantala ng pondong mula sa Estados Unidos ay lalong nagpabagal sa pagbuo ng mga aktibidad na pang-iwas at mga inisyatibong pinamumunuan ng komunidad.

Binabalot ng stigma at diskriminasyon ang mga pasyenteng nais sanang magpasuri at magpagamot sa mga itinalagang klinika. Isang pasyenteng nakilala bilang "Mark," 21, ang nagbahagi ng kanyang takot: "Mas natatakot ako sa sasabihin ng ibang tao kaysa sa mismong gamutan; pakiramdam ko ay katapusan na ng mundo kapag nalaman nilang positibo ako." Aniya

Bagamat wala pang tiyak na lunas ang HIV, mayroong paraan upang mapabagal ang pagkalat nito sa katawan ng taong infected. Sa tulong ng Antiretroviral therapy (ART), pinapabagal nito ang pagkalat at paglala ng HIV sa katawan ng tao. Dahil sa inobasyong ito, maraming buhay ang naisalba mula sa pagkamatay.

Sa kasalukuyan, mayroon nang isinasagawang testing ng posibleng lunas sa HIV, ayon sa World Health Organization, sa tulong ng biotechnology tinitinggan posibleng lunas ang cell editing at gene-editing. Ang Gene-editing at cell therapy ay dalawang magkaibang makabagong paraan ng gamutan na ginagamit sa research para "ayusin" o palakasin mismo ang mga cells ng katawan laban sa sakit, kasama na ang HIV. Sa ngayon, nasa experimental stage pa ito at hindi pa pangkaraniwang gamutan sa mga ospital.

Samantala, minamadali na ang agarang paglagda ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. sa isang Executive Order na magdedeklara sa HIV bilang isang high-priority public health concern. Layunin ng kautusang ito na pag-isahin ang lahat ng sektor ng lipunan, mula sa mga pribadong kumpanya hanggang sa mga lokal na yunit ng pamahalaan, upang mapabilis ang pagtugon sa epidemya.

Binigyang-diin ni Dr. Eunyoung Ko ng WHO Philippines ang kahalagahan ng hakbang na ito upang mapalakas ang multi-sectoral engagement at mapatatag ang politikal na determinasyon. Ayon sa kanya, ang Executive Order na ito ang magsisilbing pundasyon upang makuha ang mga kinakailangang mapagkukunan at baligtarin ang trajectory ng tumataas na mga kaso.

Napakalaki ng papel ng mga organisasyong pangkomunidad tulad ng Positive Action Foundation Philippines, Inc. (PAFPI) dahil sila ang may direktang ugnayan sa mga pinaka-bulnerableng sektor. Sinabi ni G. Ferdi Granil, Chairman ng PAFPI: "***Hindi lang ito tungkol sa mga numero—sa likod ng mga istatistikang ito ay libu-libong buhay ng mga Pilipino na mahalaga at dapat nating protektahan."***

Nababawasan ang international funding habang ang Pilipinas ay papunta sa pagiging upper-middle-income status,
kaya naman kailangang palakasin ang domestic investment. Hinihimok ng UNAIDS at WHO ang Philippine National AIDS Council (PNAC) na gamitin ang HIV Prevention Roadmap upang matiyak ang unibersal na access sa mga serbisyong pangkalusugan.

Inaatasan ng kasalukuyang sitwasyon ang mga bagong halal na opisyal sa 2025 elections na panatilihin ang pangakong puksain ang epidemya sa ilalim ng kanilang administrasyon. Ang pagkakahalal ng bansa sa UNAIDS Programme Coordinating Board ay isang gintong pagkakataon upang ipakita ang pandaigdigang liderato ng Pilipinas sa pagtugon sa HIV.

Sinisikap ng bansa na gamitin ang mga aral mula sa pandemyang COVID-19 upang palakasin ang sistema ng edukasyon, mapabuti ang access sa mga gamot, at puksain ang maling impormasyon.

Sa huli, ang pagkakaisa ng gobyerno at lipunan ang tanging teknolohiyang magpapatigil sa pagkalat ng virus at magliligtas sa kinabukasan ng kabataang Pilipino.

**AYONsaNUMERO**

**57 PILIPINO**
araw-araw ang nagpopositibo sa HIV

**HIV STATUS**
55% lang ang alam ang kanilang HIV status
66% lang ng diagnosed ang nasa ART treatment
40% lang ang may controlled viral load

**550% INCREASE**
bagong kaso mula 2010-2024



# KAGAT NG PANGANIB

ni **EVANGELINE BAUTISTA**

**Kasabay ng pag-ulan, ay siyang pagrami ng mga lamok sa paligid. Pinamumugaran nila ang stagnat water o mga tubig na marumi na kung saan doon sila nangingitlog at nagpaparami**

Kamailan lang, ikinababahala ng mga health experts ang pataas ng kaso ng Dengue hindi lamang sa Nueva Vizcaya kundi pati na rin sa ibang lalawigan. Ayon sa Department of Health (DOH), nakapagtala ng 3,389 na kaso ng dengue sa Lambak ng Cagayan at pangatlo ang Nueva Vizcaya sa may pinakamataas na kaso na may 715. Tumaas ng 102% ang kaso kumpara noong nakaraang taon na nakapagtala ang rehiyon ng 1,678.

Sa kasalukuyang taon pito na ang namatay dahil sa sakit na ito at nangangailangan na ng solusyon. Tinitignang dahilan ng mga eksperto ang tag-ulan na naging dahilan ng pagtaas ng kaso. Nagbigay naman ng paala naman ang DOH na bantayan ang sintomas ng dengue upang maagapan ng mas maaga.

Ang dengue ay dulot ng lamok na Aedes aegypti (kilala rin bilang "yellow fever mosquito"), ito ay isang uri ng lamok na kilala bilang pangunahing tagadala ng dengue, Zika, chikungunya, at yellow fever sa mga tao. Ito ay isang maliit, madilim na lamok na may mga natatanging puting marka sa katawan at binti, at aktibo ito sa araw, lalo na sa umaga at hapon.

Kabilang sa mga sintomas ng dengue ay mataas na lagnat, rashes, panghihina, pagsakit ng tuhod at paa, pagkakaroon ng nose bleed at pagsusuka. Pinapayuhan ang mga nakararanas nito na magpakonsulta agad sa mga doctor at huwag umasa sa mga herbal dahil mas maigi na maagapan hanggang maaga pa.
Karaniwang nararamdaman ang sintomas ng dengue makalipas ang apat hanggang pitong araw ng pagkakakagat ng lamok.


Upang tuluyang masugpo ang dengue, ayon sa World Health Organization kinakilangang inspeksiyonin ang paligid at tingnan kung mayroong nakaimbak na mga tubig na maaaring pamugaran ng lamok. Isa ring mabisang hakbang ang pagtakip nang mabuti ang mga sisidlan ng tubig, paglilinis sa bahay at gumamit ng mga insect repellant.

Mahalaga rin na lumahok sa mga proyekto ng pamahalaan at mga Non-Government Organizations katulad ng "4 o'clock habit". Sa katunayan, sa Nueva Vizcaya General Comprehensive High School katuwang ang Red Cross Youth (RCY) at Youth for Environment in Schools Organization (YES-O), nagsasagawa sila ng symposium at clean-up drive na nakatutulong upang sugpuin ang dengue sa paaralan.

Ayon kay Jeztin Mabanglo, Pangulo ng RCY, mahalagang makilahok ang mga mag-aaral sa mga ganitong inisyatibo upang masugpo ang dengue sa paaralan at pamayanan.
***" It's important to stay aware about dengue and to prevent it from infecting more individual in our school and community"*** aniya.

Sa laban kontra dengue mahalagang isaalang-alang natin ang pagkakaisa upang wakasan ang patuloy na kumikitil ng buhay sa ating Lipunan. Huwag nating hayaang ang kagat ng dengue ay magdulot ng panganib sa ating buhay.

**AYONsaNUMERO**



## Kay SCIE-ya sa siyensiya

ni **EVANGELINE BAUTISTA**

**"Scietember na!"**

**Ito ang mga salitang nabibigkas ng mga mag-aaral tuwing papalapit ang buwan ng Setyembre. Tila umaalingawngaw ang ingay sa bawat sulok ng paaralan. May hiyawan dito at palakpakan doon—habang ang bawat isa ay puno ng kasiglahan. Ito marahil ang isa sa mga dahilan kung bakit muling nanunumbalik ang saya sa kanilang mga mukha.**

Sa likod ng kanilang mga ngiti ay ang mga ala-ala na nakaukit sa kanilang puso at isip. Hindi lamang ito isang selebrasyon, sapagkat ito ay naging parte na ng tradisyon. Ang saya ay hindi lamang ang nangingibabaw, maging ang pag-usbong ng kaalaman pagdating sa makulay na mundo ng agham at teknolohiya.

Nabubuo rin ang Scietember ng iba't ibang mga paligsahan. Mula sa malikhaing sayaw kasabay ng pagkanta o ang tinatawag na Sayawit, sa mga malilikhaing kamay pagdating sa pagpinta, hanggang sa tagisan ng talino, talento at tanghalan sa entablado. Hindi mo rin kayang palampasin ang labanan sa LIKhabi 2025. Ilan lamang iyon sa mga aktibidad na kabilang.

Hindi mabibitin ang kaligayahan mo kung ang buwan na ito ay nakarating na. Bawat bahagi ng paaralan madidinig mo ang mga tinig na nakakaagaw-pansin at masisilayan mo rin ang galing ng paghataw ng bawat isa kahit ensayo pa lang. Nariyan rin ang makulay na kulay na nakapahid sa kamay at balat o tinatawag na Sci Pinta Likha, at mga mag-aaral na may tangan libro upang lumawak ang kaalaman pagdating sa mismong entablado upang maiuwi ang tropeo.

At hindi malilimutan ang masasayang ala-ala na nabuo sa Sci Camp. Sa aktibidad na ito, masusubok ang iyong galing sa pag-iisip pagdating sa siyensiya at ang sigla upang makipagtagisan ng sariling gawang Yell o Cheer ng bawat grupo. Sa bawat larawan naman, makikita rin ang ngiting abot-tainga—walang hiya-hiya kung ikaw ay palaban at walang inaatrasan.

Isang karangalan ang maging bahagi ng selebrasyon na ito. Dito, makikita mo ang pagkakaisa ng bawat isa pagdating sa usapang makabago. Ang mga kamay na sama-sama ay nagtataguyod ng kaalaman, talento, at sigla, na nagsisilbing inspirasyon sa lahat. Sa pagtatapos ng Scietember, ang puso ay puno ng mga ideya na hindi lamang lumalampas sa kaalaman tungkol sa mundo, kundi patuloy ding nakaugnay sa siyensiya.

BALITANG KINIPIL

## Oceana Gold, namahagi ng STEM equipments sa NVGCHS

ni **AARON DAVE LABAO**

**Pormal na ipinagkaloob ng OceanaGold Philippines, Inc. ang mga kagamitang para sa mga mag-aaral ng Science, Technology, Engineering and Mathematics ng sa Nueva Vizcaya General Comprehensive High School (NVGCHS) bilang bahagi ng kanilang inisyatibo na suportahan ang mga STEM-implementing school sa Nueva Vizcaya noong Hulyo 9.**

Tumanggap ang NVGCHS ng isang propesyonal na biological microscope, isang 65-inch interactive touch-screen smart TV, at mga robotics kit bilang donasyon na naglalayong pagyamanin ang pagkatuto ng mga mag-aaral, pukawin ang kanilang kuryosidad, at ihanda sila para sa mabilis na nagbabagong mundo ng STEM.

Binanggit ni Maria Licel T. Balico, Education Program Specialist II, ang malaking ambag ng kumpanya sa pagpapaunlad ng STEM program ng NVGCHS sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas maraming hands-on na karanasan sa pagkatuto gamit ang mga kagamitang ito.

Nagpasalamat naman si Anna Marie J. Jasmin, Assistant Principal IV sa pagpili sa NVGCHS bilang isa sa mga paaralan na nabigyan ng mga kagamitan. **"Discover yourself and your skills through this equipment,"** aniya.
Nagpasalamat naman si Anna Marie J. Jasmin, Assistant Principal IV sa pagpili sa NVGCHS bilang isa sa mga paaralan na nabigyan ng mga kagamitan.

Bukod sa NVGCHS, saklaw din ng proyekto ng OceanaGold ang labing-isa pang paaralan, na naglalaan sa mas maraming mag-aaral ng akses sa mahahalagang STEM resources at oportunidad upang malinang ang kanilang kasanayan at maihanda sila para sa mga kinabukasang propesyon sa agham at teknolohiya.



ni **MARIA FE MABUTI**

DIBUHO NI VIN EVANGELISTA

## PAGBANGON NG MAKINARYANG KAMAY

**Kapag ang teknolohiya ay nagkaroon ng isip, ang tanong ay hindi na kung tayo'y handa, kundi kung tayo ba ang may hawak sa kinabukasan.**

Sa bawat pag-usad ng mundo, may mga teknolohiyang dumarating na hindi lamang nagbabago sa takbo ng ating pamumuhay, kundi sumasalin din ng bagong anyo sa hinaharap. Sa pagpitik ng mga daliring humahawak sa smartphone, sa bulusok ng datos na dumadaloy sa himpapawid, at sa tuluy-tuloy na pag-ikot ng makinarya sa likod ng modernong lipunan, unti-unting yumayabong ang isang kapangyarihang hindi kailanman inakalang magtataglay ng sariling "isip", ang Artificial Intelligence (AI). Ito ang bagong wika ng pag-unlad, at ngayon, ang Pilipinas ay hindi na lamang nakikisabay, kundi nagsasagawa ng malawakang hakbang upang maging aktibong tagapag-ukit ng kinabukasan.

Sa pangunguna ng Department of Science and Technology (DOST), isang makapangyarihang pangako ang isinilang, mahigit PHP2.6 bilyong puhunan para sa mga proyektong may kinalaman sa AI hanggang 2028, isang hakbang na tila paglatag ng tulay tungo sa isang bansang nakasandig sa siyensiya at makabagong teknolohiya.

Hindi basta planong nakaukit sa papel ang hakbanging ito. Ayon kay DOST Secretary Renato Solidum Jr., ang nasabing pondo ay magsisilbing gasolina ng mga proyekto sa kalusugan, edukasyon, mobilidad, kapaligiran, disaster risk reduction, at maging emerging technology platforms, mga larangang nangangailangan ng matalinong sistemang kayang makita ang hindi nakikita, marinig ang hindi naririnig, at umunawa sa hindi agad mahagip ng mata ng tao.

Sa ilalim ng AI Roadmap ng DOST, malinaw na tinukoy ang pagbabago hindi lamang sa istruktura ng mga kagamitan, kundi pati sa mismong lakas-paggawa. Nakasentro ito sa capacity building, AI innovation ecosystems, online learning platforms, upskilling, at mas matatag na partnership-building. Sapagkat sa mundong hinahabi ng AI, ang pinakamahalagang puhunan ay hindi ang makina, kundi ang taong may sapat na kaalaman upang ito ay pangasiwaan.

Kaya naman binuo ang AI Think Tank, ang kauna-unahang pambansang katawan na bubuo ng iisang direksiyong pambansa para sa AI, kinatawan ng pamahalaan, akademya, at pribadong sektor. Sa ilalim nito, magkakatugma ang iba't ibang tinig upang lumikha ng isang ambisyosong, komprehensibong, at makataong AI strategy na huhubog sa Pilipinas bilang isang bansang handang makipagsabayan sa pandaigdigang inobasyon.

Hindi ito nagsisimula sa wala. Mula 2018 hanggang 2024, nakapaglaan na ang bansa ng PHP1.4 bilyon para sa AI R&D. At ang mga proyekto nitong naipundar ay mistulang mga haligi ng bagong panahon. Ang Computing and Archiving Research Environment (COARE), isang high-performance computing facility na nagbibigay daan sa mas malawakang data storage at analytics para sa mga lokal na mananaliksik. Ang SkAI-Pinas, isang programang gumagamit ng remote sensing at big data upang masuri at masubaybayan ang kalagayan ng bansa mula langit hanggang lupa. Ang Accelerated Earthquake Multi-Hazards Mapping and Risk Assessment Program (ACER), isang makabagong pagsisikap na pabilisin ang hazard mapping upang mailigtas ang libo-libong buhay. Ang SPARTA at AI Pinas Summer School Program, na nakapag-angat ng kaalaman ng higit 49,000 Pilipino sa data science at AI, isang hukbong bagong henerasyon na handang humawak ng mga makinaryang magtutulak sa ekonomiya.

Ngunit marahil ang isa sa pinakamapangahas na proyekto ay ang AI Virtual Hub, isang pambansang sentro para sa emerging AI R&D na tutulong sa mga lokal na startup, magpapalakas ng R&D collaborations, at huhubog sa susunod na eksperto. Isang larangang tila pintuang bubuksan upang maging "silicon heart" ng Pilipinas.

At ang lahat ng ito ay may patunay na epekto. Ayon sa 2024 AI Readiness Index ng Oxford Insights, mula sa ika-65 pwesto noong 2023, umangat ang Pilipinas sa ika-56, isang pag-akyat na nagbabadya ng mas malakas na kumpiyansa ng pandaigdigang komunidad sa kakayahan ng bansa.

Sa gitna ng pag-usad na ito, malinaw ang mensahe ni Solidum, "Ang AI ay hindi lamang para sa inobasyon. Ito ay sandata para sa pag-angat." Isang paalala na ang teknolohiya ay hindi dapat katakutan, kundi gamitin bilang gabay upang ang bawat Pilipino ay maging bahagi ng kinabukasang makabago, matatag, at makatao.

Sa pag-ikot ng mundo sa bagong orbit ng teknolohiya, ang Pilipinas ay hindi na isang tagamasid sa gilid, tayo ay isang bansang humahawak sa manibela ng sariling hinaharap. Sa ilalim ng mapanuring mata ng AI at sa lakas ng malikhaing isip ng Pilipino, unti-unting lumilinaw ang tanawi, isang bukas na mas matalino, mas mabilis umusad, at mas handang tiisin ang unos ng pagbabago.

**At sa huli, habang ang mga makina ay patuloy na natututo, tayo ring mga tao ay muling hinuhubog, hindi upang mapalitan, kundi upang umangat kasama ng teknolohiyang ating nilikha.**

## HUSAY SA AGHAM AT TEKNOLOHIYA




larawan ni **JANELLE BELISARIO**

**NVG-WAGI.** Mga Mag-aaral na NVGians, namayagpag sa Regional Science and Technology Fair. Buong husay at talino ang ipinamalas ng mga mag-aaral ng NVGCHS sa RSTF, dala ang kanilang sipag, dedikasyon, at matibay na paninindigan sa pagpapalaganap ng agham at teknolohiyang may saysay at kabuluhan sa hinaharap.

BALITANG PAMPAARALAN

## Nvgians namayagpag sa RSTF 2025: Viernes aabante sa NSTF

ni **JANELLE FAITH BELISARIO**

Muling pinatunayan ng Nueva Vizcaya General Comprehensive High School (NVGCHS) ang husay ng mga mag-aaral nito sa larangan ng agham at teknolohiya matapos mag-uwi ng mga parangal sa ginanap na Regional Science and Technology Fair (RSTF) 2025 sa Cauayan City, Isabela.

Pinakamatingkad sa mga tagumpay ang pagkakamit ni Vrien Ezrah Karl Viernes ng gintong medalya sa Robotics and Intelligent Machine – Individual Category, dahilan upang siya ay kumatawan sa Rehiyon II sa nalalapit na National Science and Technology Fair (NSTF) 2025 na gaganapin sa Quezon City.

Sa Robotics and Intelligent Machine – Team Category, nakuha naman nina Renz Tomas, Janelle Faith Belisario, at Marc Justin Pimentel ang ikaapat na puwesto, matapos ang maigting na kompetisyon mula sa iba't ibang paaralan sa rehiyon.

Hindi rin nagpahuli ang mga kalahok sa Life Science – Team Category, kung saan pumanglima sina Aaron Dave B. Labao, John Cris Sebastian, at Ebner Melchor. Samantala, sa Poster Making, nakamit din ang ikalimang puwesto nina Sherina Rei Dumale, Dremma B. de Leon, at Russel T. Gurat.

Dahil sa pinagsama-samang husay ng mga kalahok, itinanghal bilang Overall 2nd Runner-up ang Schools Division ng Nueva Vizcaya, isang patunay sa patuloy na pag-unlad ng agham at pananaliksik sa lalawigan.

Ayon kay Labao, bunga ng dalawang buwang masusing paghahanda ang kanilang naging tagumpay.

***"We've prepared for two months for our research projects and it finally paid off," aniya.***

Nagpahayag din ng pasasalamat si Belisario sa kanilang mga guro at tagapagsanay.
***"Thankful po ako sa mga coaches namin kasi sila po ang nag-guide sa amin para maabot ang award na ito," saad niya.***

Nagsilbing mga tagapagsanay sina Monico C. Veloso at John Paul D. Purigay para sa Robotics and Intelligent Machine; Zepharine Castillo, Edison Oreiro, at Olivar Reimos para sa Life Science; at Aloyda Calangan para sa Poster Making.



larawan ni **JANELLE BELISARIO**

2014 | 2015 | 2016 | 2017 | 2018 | 2019-2021 PANDEMYA | 2022 | 2023 | 2024 | 2025

KAMPUS EKSPRESS

## NVGCHS: Muling ibinalik ang kampeonato sa Sayawit para sa Kalikasan

ni **AARON DAVE LABAO**

**Nanumbalik sa trono ang Nueva Vizcaya General Comprehensive High School (NVGCHS) matapos tanghaling kampeon sa naganap na Sayawit para sa Kalikasan noong ika-4 ng Disyembre 2025 sa Capitol Convention.**

Nakatanggap ng halagang 25,000 pesos ang paaralan bilang pangunahing gantimpala para sa kanilang kagila-gilalas na pagtatanghal.

Itinanghal din sila bilang People's Choice Award at nakatanggap ng karagdagang 5,000 pesos.

Sumunod sa kanila ang Muir Woods Academy Inc. bilang ikalawa, ang Bagabag National High School sa ikatlong pwesto, Solano National High School National High School sa ikaapat, at Binatawan National High School sa ikalimang pwesto.

Labis ang sayang nadama ng mga miyembro ng Sayawit Team ng NVGCHS sapagkat sa nakaraang kompetisyon ay naputol ang kanilang "winning streak," at ngayon ay muli silang bumangon upang makamit ang tagumpay.

Ayon kay Inah Cordero, nagagalak sila dahil naibalik nila sa paaralan ang kampeonato.
***" Masayang masaya ako kasi pagkatapos ng pagkatalo namin last year ay naipanalo ulit namin this year" aniya.***

Idinaos ang Sayawit para sa kalikasan bilang bahagi ng pagdiriwang ng Environmental Awareness Month at YES-O month.



**PUSO, GALING AT TALINO PARA SA KALIKASAN.** Buong galing na ipinakita ng mga mag-aaral ng NVG ang kanilang talento sa Sayawit para sa Kalikasan, isang pagtatanghal na hindi lamang nagpapaalam sa ganda ng sining kundi nagsisilbing tinig ng pagmamalasakit sa ating inang kalikasan. Sa bawat indak at tinig, hatid ay mensahe ng pangangalaga at pag-yabong ng luntiang bukas.

larawan ni **JANELLE BELISARIO**

# RAVEN:Inobasyon na Dapat Paliparin, Hindi Palampasin

ni **ZEN SARSONA**

Sa Pilipinas, tila normal na lamang ang sakuna—parang obligadong bisita taon-taon ang bagyo, lindol, at pagbaha. Ngunit ang hindi dapat gawing normal ay ang mabagal at kulang na pagtugon sa mga ito. Sa bawat naantalang rescue operation, may buhay na nakataya. Kung patuloy tayong aasa sa luma at limitado nang sistema, paulit-ulit din nating isusugal ang kaligtasan ng mamamayan.

Kaya mahalagang pagtuunan ng pansin ang RAVEN, na nangangahulugang Robot for Aerial Vigilance in Emergency Navigation. Hindi ito simpleng drone na lumilipad para kumuha ng larawan; isa itong konkretong sagot sa problema ng kakulangan ng mabilis at tumpak na impormasyon sa panahon ng sakuna. Sa panahong kritikal ang bawat segundo, malinaw na ang ganitong teknolohiya ay hindi opsyon—kundi pangangailangan.

Mas lalong kahanga-hanga ang RAVEN dahil ito ay binuo ni Vrienn Ezrah Karl Viernes, isang Grade 11 STEM student-researcher mula sa Nueva Vizcaya General Comprehensive High School. Habang ang ilan ay nag-aantay ng pagbabago mula sa matatanda at may kapangyarihan, may kabataang Pilipino na mismong kumikilos. Ipinapakita lamang nito na hindi kakulangan sa talino ang problema ng bansa, kundi kakulangan sa suporta at tiwala sa sariling atin.

Pinatunayan ang potensyal ng RAVEN nang tanghalin bilang kampeon sa 2025 Regional Science and Technology Fair (RSTF) na ginanap sa Cauayan City, Isabela. Dahil dito, kakatawanin nito ang rehiyon sa National Science and Technology Fair (NSTF) sa Quezon City. Ang tanong ngayon: matapos ang palakpakan at medalya, ano na ang susunod?

Sa teknikal na aspeto, malinaw ang lakas ng RAVEN. Mayroon itong thermal imaging para sa paghahanap ng survivors, environmental sensors para sa mapanganib na gas at kondisyon ng paligid, GPS para sa eksaktong lokasyon, at sound detection para sa posibleng tawag ng saklolo. May kakayahan din itong magpadala ng SMS alerts kapag kritikal ang sitwasyon—isang napakahalagang tampok sa bansang madalas mawalan ng signal sa oras ng sakuna.

Kung iisipin, nakakabahala na kailangan pang manggaling sa isang estudyante ang ganitong klaseng solusyon, samantalang matagal nang malinaw ang problema sa disaster response ng bansa. Ayon sa datos, kabilang ang Pilipinas sa mga bansang pinakaapektado ng natural disasters, ngunit tila mabagal pa rin ang pag-angkop sa makabagong teknolohiya. Hanggang kailan tayo mananatili sa "pwede na" na sistema?

Ang RAVEN ay simbolo ng kung ano ang maaaring mangyari kapag pinagsama ang agham, malasakit, at tapang na mag-isip nang lampas sa nakasanayan. Hindi ito dapat manatiling "student project" lamang. Dapat itong makita bilang paalala na ang solusyon ay minsan nasa harap na natin—pinapalipad na, sinusubok na, at handang tumulong.

Patunay ang RAVEN na may kakayahan ang mga Pilipino—lalo na ang kabataan—na lumikha ng mga solusyong kayang magligtas ng buhay. Ang tunay na problema ay hindi kakulangan sa ideya, kundi kakulangan sa aksyon at suporta. Kapag ang ganitong inobasyon ay piniling balewalain, hindi na kalikasan ang maysala sa susunod na trahedya, kundi ang sistemang ayaw magbago.

**AYONsaNUMERO**

**1,500**

Mga pagkamatay na may kaugnayan sa sakuna bawat taon.




# Microplastic, Tahimik na Banta sa Kalusugan

ni **FRANCES BLANZA**



DIBUHO NI
**ZYJAEL DOMINGO**

Simpleng mamamayan, kumakain sa isang plastik na lagayan—sabay lagok sa kanyang malamig na inuming nasa bote, at straw ang inuman. Hindi niya namalayan, mayroon nang munting plastik sa kanyang katawan.

Inakala ng lahat na ang plastik ay matatagpuan lamang sa dagat, ilog, at mga basurahan. Ngunit ikakagulantang ng marami na maaaring nakakakain at nakakalanghap na pala tayo nito.

Natuklasan sa isang pag-aaral sa University of New Mexico na mayroong pumapasok sa katawan ng tao na microplastic. Base sa bang pananaliksik, higit na mas marami ang natagpuan sa utak kaysa sa ibang parte ng katawan, katulad ng baga at atay.

Nagsisimula ito sa mga araw-araw nating ginagawa tulad ng: pagkain, pag-inom, paghinga, at marami pang ibang bagay na may kaugnayan sa plastik. Unti-unting naiipon ang mga ito, at sa kanilang liit, maaari itong makapasok sa tinatawag na blood-brain barrier—ang natural na proteksiyon ng utak.

Inilahad din ng mga siyentipiko na 50 porsyento ang itinaas ng mga samples sa taong 2016 kumpara sa taong 2024. Ipinapakita nito na sa pagdaan ng panahon, mas humihigit ang bilang ng microplastic na natatagpuan sa nervous system ng utak.

Napag-alaman din na karaniwang natatagpuan ang matinding dami ng microplastic sa mga taong may dementia at may sakit sa utak.

Patuloy ang pananaliksik ng mga siyentipiko patungkol sa microplastics. Ngunit maaari itong magdulot ng pamamaga, makaapekto sa normal na paggana ng brain cells, at posibleng maiugnay sa ilang sakit sa hinaharap.

Magsilbing babala ang pagkalat ng microplastics sa ating katawan. Hindi lamang ito masakit para sa kalikasan, kundi pati sa ating mga naninirahan dito. Hangga't maaari, umiwas sa paggamit ng plastik, at tangkilikin ang mga bagay na hindi makakapagbigay ng sakit sa ulo kundi makakatulong sa iyo at sa paligid mo.

Ang bawat sentimo ng plastik na ating tinatanggihan sa araw-araw ay kapalit ng kalusugan ng maraming taong hindi nababahala kung mayroon nang microplastic na nakapasok sa kanilang utak.

# BITBIT NA BUHAY, SINO ANG AALALAY?

ni **AARON DAVE LABAO**

**Isang makabuluhang isyu ang bumabalot sa Pilipinas na hindi na bago sa pandinig ng mamamayang Pilipino. May mga datos na patuloy na lumilitaw at umaapaw. Tulad ng datos na inilabas ng Philippine Statistics Authority (PSA), tumaas ang bilang ng mga batang babaeng nanganak na may edad 10–14 mula 2,113 noong 2020 tungo sa 3,433 noong 2023.**

Kabilang na dito si Eleanor, 16 taong gulang pa lamang siya ng maranasanan niya na ang mabigat na pasaning hindi nakikita sa isang tulad niya. Imbis na siya ay nasa labas, nag aaral at nangangarap nang malaya tulad ng ibang kabataan, ay nakatago siya sa tahanang hindi nasisinagan ng araw—pinagmamasdan ang mga kaedad niyang walang ibang prinoproblema kundi ang magsaya.

### Maagang Namulat sa Realidad

Sa likod ng bawat maagang paggising ng isang dalaga ay ang mga matang pinagkaitan ng pahinga.Hindi sikat ng araw ang gumigising kay Eleanor, kundi ang panginginig na tinig ng isang supling. Tuwing maririnig ang tinig na iyon, dali-dali siyang bumabangon upang ito'y patahanin.

Hindi na ito bago sa kanya; sa araw-araw na pamumuhay, palagi niyang kasama ang paslit. Sa bahay, palengke, tindahan, at maging sa paaralan, ay tangan-tangan niya ito sapagkat hindi niya maaaring iwan. Wala na siyang ibang paraan—hindi niya ito maaaring pabayaan. May buhay siyang hawak at responsibilidad na hindi maaaring bitiwan.

Kung patuloy ang paglaganap ng krisis na hinaharap niya ay maaaring mailagay sa panganib ang paglago ng ekonomiya kung walang matibay na interbensyon na batay sa Commission on Population and Development.

Sapagkat halos 150,000 ang bilang ng kaso noong 2023. Bukod pa rito, ipinapakita ng mga datos na hindi lamang iisa ang dahilan kung bakit patuloy ang paglaganap ng krisis na ito. Ito ang realidad na hindi lamang si Eleanor ang naapektuhan kundi maging ang mga kabataang nakakaranas din ng teenage pregnancy.

### Mapait na ang Pangarap

Tuwing papasok siya sa paaralan, ang mga matang mapanghusga ay umaaligid sa kanya. May mga boses na walang tigil sa bulungan, yung tipong ang kanyang tainga ay malapit nang mabingi. Hindi pa man tapos ang aralin sa klase, ngunit heto siya—bitbit ang responsibilidad na mas mabigat pa sa isang proyekto o pagsusulit.

Tulad ng marami, may pangarap din siya: ang mamuhay nang may kalayaan at makipagsabayan sa mga kabataan. Subalit sa murang edad, ipinagkait na ito sa kanya. Hindi makatulog sa kakaisip kung paano muling magsisimula at kung ano ang pakiramdam ng mamuhay ulit nang payapa.

Alam mo ba na ang pinakabatang naitala ay 8 taong gulang pa lamang? Isa ito sa mga nakakabahalang trend para sa mga kabataang musmos na walang alam kung paano magsisimula.

Hindi na bago sa mata ng tao ang isyung patuloy pa rin ang paglaganap, at nanatili itong malubhang suliranin sa ating bansa. Halos 58% ang itinaas na bilang ng mga pagbubuntis sa mga batang babae na may edad 10–14 mula 2020 hanggang 2023.

Ipinahihiwatig nito na hindi bababa sa 411 bata ang ipinapanganak araw-araw mula sa mga inang tinedyer noong 2022, na katumbas ng isa sa pinakamataas na antas ng teenage pregnancy sa Timog-Silangang Asya.

### Hamong Dulot ng Pagiging Batang Ina

***"As a teenage parent, naging mahirap sa'kin nung una. Hindi ko alam kung paano ko itataguyod ang sarili kong pamilya, kung paano kami mamumuhay, at kung paano kami makakaraos sa buhay,"*** ani ni Eleanor.

Ang tulad niya, na may pasan na mabigat na responsibilidad, ay isang pahiwatig na ang Pilipinas ay may mababang kaalaman pagdating sa Sex Education.

Sa panahon ngayon, tila ba hindi lang siya nag-iisa. Isa lamang siya sa mga dalagang natutong maging ina bago pa man tuluyang maunawaan ang mundong naghihintay sa kanya. Taon-taon, may mga batang babae na kagaya niya ang maagang naging ina. Palagi siyang nakakaranas ng problema pagdating sa pinansyal; hirap silang pagkasyahin ang perang mayroon upang matugunan ang pangangailangan nila.

Mas matindi ang krisis para sa mga kabataang wala sa paaralan at sa mga batang babae mula sa mahihirap na pamilya dahil sa kahirapan, kakulangan sa edukasyon, at limitadong serbisyong pangkalusugan.

### Inklusibong Edukasyon ang Solusyon

Gayunpaman, bakit hindi tayo manawagan para sa mas maayos at inklusibong edukasyon—gaya ng Sex Education na nagpapalawak ng kaalaman tungkol sa sex at sekswalidad? Sa ganitong paraan, nagkakaroon sila ng sapat na kaalaman sa pag-unawa sa menstrual cycle, pagbubuntis, at kalusugang sekswal, pati na rin sa tamang paggamit ng contraceptives at pagpapahalaga sa consent.

### Kwento ng Isa, Aral ang Makukuha

Ang solusyon ay hindi nakasalalay sa iisang kamay kundi nasa atin itong lahat.

Ang mabigat na responsibilidad ng isang dalaga ay ang maging ina nang mas maaga. Hindi lamang ito isang kwento, kundi isang aral. Hindi lamang para sa kababaihan, kundi maging sa kalalakihan. Wala tayo sa posisyon upang sila ay husgahan; sila ay dapat nating maunawaan.



DIBUHO NI
**ZYJAEL DOMINGO**



# SATSUMA: Inobasyon sa Agrikultura

ni **AARON DAVE LABAO**

**Matamis at minsan nama'y maasim, ngunit makatitiyak kang sa bawat pagkain mo nito ay mapupuno ka ng sustansiya at bitamina.**

Kilala ang Nueva Vizcaya bilang "Citrus Capital of Luzon", dito matatagpuan ang malalawak na taniman ng citrus partikular na ang variety na satsuma, perante, ponkan at pomelo. Sa katunayan, ayon sa ulat ng Nueva Vizcaya State University (NVSU) umaabot sa 50% ng supply ng citrus sa Luzon ay galing sa Nueva Vizcaya, sa dami ng citrus na galing sa Nueva Vizcaya ay siya ring dami ng mga balat na itinatapon.

Dahil sa potensiyal ng citrus, hindi lamang ng kanyang nakakaing bahagi kundi maging ang balat nito, nakaisip ng isang nakakamamanghang ideya ang mga mag-aaral ng Nueva Vizcaya General Comprehensive High School na sina Aaron Dave B. Labao, 12- Apolinario Mabini; John Cris Sebastian, 11- Hydra; at Ebner Melchor ng 10- Mariner. Sa kanilang proyektong pinamagatang PROJECT SATSUMA: SECONDARY METABOLITES ANALYSIS, CYTOTOXICITY TESTING AND ANTIFUNGAL SCREENING OF Citrus reticulata (SATSUMA) PEELS EXTRACT UTILIZED AS MITIGATION APPLICATION ON POST-HARVEST Solanum lycopersicum (TOMATO) AGAINST Geotrichum candidum (SOUR ROT), layunin nilang masolusyunan ang pagkabulok ng kamatis gamit ang balat ng citrus na matatagpuan sa probinsiya.

Tampok sa kanilang pag-aaral ang paggamit ng ethanolic extract na mula sa citrus at gawin itong dipping solution na kung saan ihahalo ang extract sa tubig at ibababad ang kamatis upang maiwasan ang pagkabulok na dulot ng oversupply na nagaganap sa lalawigan. "Nakita ko po kasi yung situation sa NVAT na maraming nabubulok na kamatis dahil sa oversupply at na-iinfect na po ng fungi" ani Labao, ang kanilang team leader.

Base sa kanilang pag-aaral, lumabas na epektibo ang balat ng citrus bilang pananggalang sa sour rot sa kamatis. Nakatutulong ang mga bioactive compounds tulad ng essential oils, alkaloids at phenols upang mas paigtingin ang pananggalang ng kamatis laban dito.

Makatutulong ang kanilang proyekto para sa mga magsasaka ng kamatis sa kanilang lalawigan, lalo na tuwing nagkakaroon ng oversupply at walang storage facility ang lalawigan. Sa pamamagitan ng dipping solution, napapahaba ang buhay ng kamatis ng dalawang linggo, mas mahaba kumpara sa normal na pito hanggang walong araw.

Lumabas din na hindi nakakamatay ang extract sa tamang dosage ayon sa isinagawa nilang cytotoxicity testing, na kung saan gumamit sila ng test organism upang malaman ang cytotoxicity nito o ang lebel na kung saan nakamamatay na ito sa tao.

Dahil sa inobasyong kanilang nadiskubre at ginawa, nakamit ng kanilang proyekto ang unang pwesto sa ginanap na Division Science and Technology Fair para sa Life Science Category at pang-apat naman sa Rehiyon.

Isa pang benepisyo ng proyektong ito ay hindi na kailangan ng mahal na kemikal na fungicide o komplikadong storage facilities na bihirang mahanap sa mga lugar tulad ng Nueva Vizcaya. Maaari nang gamitin ng mga magsasaka ang lokal na citrus peels—na karaniwang itinuturing na basura—upang lumikha ng natural na dipping solution sa kanilang mga tahanan o maliit na pamilihan, na nagiging doble ang saysay ng bawat ani ng citrus sa probinsiya.

Sa PROJECT SATSUMA, ipinakita ng mga kabataan ng Nueva Vizcaya na ang solusyon sa gutom at pagkabulok ay hindi nasa malalayong laboratoryo, kundi sa ating sariling hardin—isang paalala na ang kinabukasan ng agrikultura ay nasa mga kamay ng mga batang handang mag-isip at gumawa ng pagbabago para sa bayan.



DIBUHO NI
**VIN EVANGELISTA**

ISPORTS EDITORYAL

# MANINIRA NG KINAIYA

**Kaya pa rin ba ninyong tumbasan ang gantimpala ng isang atleta na nag rerepresenta sa atin bilang isang bansa? Hindi sa palasyo, 'di sa karangyaan, kundi sa pawis, hirap, at luha'y nagsisimula ang kwento. Sa bawat yugto na lumisan sa ating kasaysayan, patuloy na naglalaro ng mahalagang papel ang larangang pampalakasan -hindi lamang pisikal at mental kundi pati na rin ang pagbibigay karangalan sa bansa. Ngunit tila kapira-pirasong napupunit na papel na ang ginagampanan ng pampalakasan sa kasalukuyan dahil sa kakulangan na suporta na ibinibigay ng pamahalaan.**

Sa likod ng larong matagumpay, nakatago ang kinakalawang na sistemang dumidihado sa mga manlalaro.

"Suspek suspek, hindi naman inaapi pero nagpapahuli" Sa likod ng bawat medalya at tropeo na hawak ng abot taingang ngiti ng isang atleta na binubuo ng maraming katangian tulad na lang ng pagiging mapagpursige at determinado ay mayroong nakatagong sakripisyo at tahimik na pagpapanaghoy na hindi mabilang. Sa mga gabing iniinda ang pagod at tulog, araw na punong-puno ng hirap na tila napapatanong na lamang ng "Kaya ko pa ba? 'Wag ko na lang kaya ituloy?"

Mga katanungang ng tila wala ng katapusan. Mga pawis na nagmamarka sa kanilang damit ng pagod, mga puyat na matang nag-iinda na gusto na nila ng pahinga ngunit hindi nila magawa dahil sila ay may inirerepresenta at ipinagmamalaking bansa. Mga atleta na tila mga bituin sa harap ng madla, may itinatagong pawis, gutom, at pagod pero ito'y 'di magiging hadlang, basta sa entablado, ningning ay makita at ang bansa nati'y mairepresenta.

Sa bawat laban ng ating mga atletang pilipino, binibigay nila ang lahat ng kanilang makakaya at sinisigurong nakatayo ang ating bandila. Hindi naman inaapi at binibigo ang ating bansa sa larangang pampalakasan ngunit bakit nagpapahuli ang gobyerno sa suporta na kailangan ng ating mga manlalaro?

Isa sa mga pahayag ng Philippine Sports Commision (PSC) na ang pagpopondo nila ay nakasalalay sa dalawang korporasyong pag-aari at kontrolado ng gobyerno (GOCCs) pero maliit lang ang ibinibigay ng gobyerno mismo, hindi matatag ang pondo ng PSC at nahihirapan sila na suportahan ang mga atleta. Isa na rin sa mga pahayag ay ang budget ng PSC sa panahon ng administrasyon ni duterte na kung saan patalon-talon ang budget sa mga nakalipas na taon.

Kahit pa na nanalo ang mga atletang pilipino sa mga internasyonal na kompetisyon katulad nina Hidlyn Diaz at mga para-athlete, hindi sila nakatatanggap ng sapat na pondo para sa kanilang pagsasanay at paglalakbay. Iba rin sa mga atleta natin ay hindi lamang kailangang makipagkumpetensya sa kani-kanilang mga isports, kailangan din nilang makipagkumpitensya sa isa't isa para sa kakaunting kagamitan. Ibig sabihin, kulang na kulang ang pondo, plano, at suporta ng gobyerno para sa ating mga manlalaro, na siya ring isang patunay na pilay ang sistema ng sektor ng pampalakasan.

Posibleng taasan ng gobyerno ang alokasyon ng budget, magkaroon ng partnerships sa mga pribadong sektor upang matulungan ang pag-unlad ng pampalakasan sa bansa, at huli ay ang pagtatag ng isang pondo na nakatuon lamang sa pampalakasan, na kung saan ang mga kita mula sa mga kumpanya ay awtomatikong ilalaan para rito. Sa mga ganiton paraan ay mas mabibigyang tuon ang larangan ng pampalakasan, na siya ring ikapapagpapabuti nito lalo na sa mga ating mga manlalaro.

Kung gaano kaingay ang pagdiriwang, ganoon din sana kalakas ang pagkalampag sa gobyerno, para tunay na suportahan ang ating mga manlalaro, dahil higit sa medalya, ang tunay na ginto ay ang mga atleta.

> "Kung gaano kaingay ang pagdiriwang ganoon din sana kalakas ang pagkalampag sa gobyerno, para tunay na suportahan ang ating mga manlalaro, dahil higit sa medalya, ang tunay na ginto ay ang mga atleta."




Debuho ni
*ROSEMARIE JOY LOPEZ*



## Galing na hindi nililimitahan ng kasarian

ni **EVANGELINE BAUTISTA**

**Hindi lahat ng hadlang sa pampalakasan ay nakikita sa pisikal na anyo—ang ilan ay tahimik na nakaugat sa paraan ng pag-iisip ng lipunan. Sa Pilipinas, patuloy pa ring dinidiktahan ng stereotype kung sino ang "nararapat" sa isang isport, na tila ba mas mahalaga ang kasarian kaysa kakayahan. Dahil dito, maraming atleta ang napipigilang sumubok, mangarap, at magtagumpay.**

Ayon sa survey ng GMA News Online noong 2023, 77% ng mga respondente ang naniniwalang "gendered" ang mga isport. Ibig sabihin, mas marami pa rin ang kumakapit sa ideyang may itinakdang isport para sa bawat kasarian. Ang ganitong paniniwala ay direktang humahadlang sa kalayaan ng mga kabataan na piliin ang isport na tunay nilang kinahihiligan at kaya nilang paghusayan.

Mas nakababahala ang datos na 67.6% ng mga respondente ang naniniwalang ang tradisyunal na stereotype laban sa kababaihan ay humahadlang sa kanilang partisipasyon sa sports. Hindi kakulangan sa kakayahan ang pumipigil sa mga babae—kundi ang takot sa panghuhusga at ang dikta ng lipunan. Kapag paulit-ulit na sinasabing "hindi ito para sa'yo," unti-unting nawawala ang lakas ng loob na sumubok.


Ngunit malinaw na kasinungalingan ang ideya na may kasarian ang lakas at determinasyon. Pinatunayan ito ni Hidilyn Diaz nang mag-uwi siya ng unang Olympic gold medal ng Pilipinas sa weightlifting—isang isport na matagal nang ikinakahon bilang "panglalaki." Ang kanyang tagumpay ay hindi lamang personal na panalo, kundi isang matinding sampal sa paniniwalang may limitasyon ang kakayahan ng kababaihan.

Hindi rin ligtas ang kalalakihan sa ganitong uri ng diskriminasyon. Ang tagumpay ni Carlos Yulo sa gymnastics ay naglantad sa kababawan ng paniniwalang ang ilang isport ay "hindi sapat na masculine." Sa kanyang mga gintong medalya, pinatunayan niya na ang pagiging lalaki ay hindi nasusukat sa uri ng isport, kundi sa disiplina, tapang, at dedikasyon.

Hindi ang kakulangan ng talento ng mga Pilipino ng problema, kundi ang mga etiketang ipinapataw sa kanila bago pa man sila magsimula. Kapag hinayaan nating manaig ang stereotype, mas pinipili nating sayangin ang potensyal kaysa suportahan ang pag-unlad. Hindi ito usapin ng pagiging "politically correct," kundi usapin ng katarungan at oportunidad.

Responsibilidad ng media, institusyong pang-edukasyon, at pamahalaan na baguhin ang naratibo. Kailangang itigil ang pag-uuri ng isport batay sa kasarian at simulan ang pagtutok sa kakayahan at pagsisikap. Ang representasyon ay may kapangyarihan—kung ano ang ipinapakita, iyon ang pinaniniwalaan.

Sa huli, ang tunay na laban sa sports ay hindi babae laban sa lalaki, kundi talento laban sa limitasyon ng isip ng lipunan. Hangga't may mga bansag na ikinakabit sa isport, may mga pangarap na patuloy na mapuputol. Panahon na upang buwagin ang mga ito—dahil ang galing, tulad ng tagumpay, ay walang kasarian.



**4** na gintong medalya sa **Women's 45+ category sa 23rd Asia's Masters Athletics Championships**

**BRONZE** sa **WORLD CHAMPIONSHIP**



**KAMPEONATO.** Nanguna si Brenda Ramos Zinampan sa Women's 45+ category at nag-uwi ng apat na gintong medalya sa 400-meter hurdles, 100-meter dash, 80-meter hurdles at pole vault sa 23rd Asia Masters Athletics Championships sa Chennai, India, Nobyembre 5-10, 2025.

ISPORTS BALITA

## Zinampan, sinilat ang 4 ginto sa AMAC 2025

ni **AARON DAVE LABAO**

**Muling nanaig ang galing at husay ni Brenda Ramos Zinampan, isang guro na tubong Solano, Nueva Vizcaya matapos makasungkit ng apat na gintong medalya sa Women's 45+ category sa 23rd Asia's Masters Athletics Championships na ginanap sa Chennai, India noong ika-5 hanggang 10 ng Nobyembre, 2025.**

Sa kabila ng kanyang mga injury sa ankle at likod, nanguna si Zinampan sa 400-meter hurdles, 100-meter dash, 80-meter hurdles at pole vault.

Aniya dala-dala niya ang pusong Pilipino sa India kasama na ang inspirasyon ng kanyang pamilya, teammates at kapwa mga Pilipino.

Nagpapasalamat din siya sa patuloy nilang pagsuporta sa kanyang kompetisyon, "Thankful ako sa aking coaches, teammates including my family dahil lagi silang nakasubaybay saakin".

Samantala, nakapag-uwi rin siya ng tanso sa pentathlon sa World Masters Athletics Championship sa Gainesville, Florida.

Matatandaang noong 2023 ay nagwagi rin siya sa 22nd Asia Masters Athletics Championship matapos makapag-uwi ng dalawang ginto at tatlong pilak.

Ayon kay Zinampan, mula high school ay nakikilahok na siya sa mga patimpalak, sa katunayan nagwagi siya ng pilak medalya noong Palarong Pambansa 1995.

Inaasahang lalahok si Zinampan sa Singapore International Master's Athletic Championship na gaganapin sa Singapore sa July, 2026.

Larawang mula sa ***facebook.com/Brenda Ramos***

## NVgian Jins, kumubra ng ginto sa RIST Championships

ni **AARON DAVE LABAO**

**Namayani ang galing ng mga Taekwondo Jins ng Nueva Vizcaya General Comprehensive High School matapos makasilat ng dalawang ginto sa Regional Inter-High School Taekwondo Championships 2025 sa Diffun Municipal Gym, Diffun, Quirino nitong October 18, 2025.**

Bumida si Yuri Ace C. Balagso, mag-aaral ng 12- Apolinario Mabini matapos makasungkit ng gintong medalya para Junior Male Lightweight category.

Umarangkada rin si Kennedy T. Calingayan na mula rin sa 12- Apolinario Mabini matapos makakuha ng gintong medalya para naman sa Seniors Category.

Ani ni Balagso labis ang kaniyang tuwa nang matawag ang kaniyang pangalan bilanmg kampeon sa Juniors Category.


"Masaya ako kasi pinaghirapan ko to at alam kong deserve kong manalo" saad ni Balagso.

Dagdag pa niya, hindi naging madali ang kaniyang naging pag-eensayo dahil kanilangan niyang pagsabayin ang kaniyang pag-aaral, ngunit nagawan niya ito ng paraan at tuluyang nagwagi.

Ayon naman kay Calingayan, hindi niya inaasahang mananalo siya dahil sa dami ng kaniyang kalaban at dahil sa injury sa kanyang paa.

" Akala ko hindi na ako mananalo dahil marami akong kalaban tapos meron pang injury yung paa ko pero sa awa ng Diyos pinalad naman" saad niya.

Nagsilbing tagapagsanay si Gng. Jamaica Tolentino.



**DAMPI NG TAGUMPAY.** Nagwagi ng gintong karangalan si Kennedy T. Calingayan (puti) laban sa kanyang katunggali sa Regional Inter-High School Taekwondo Championships 2025 sa Diffun Municipal Gym, Diffun, Quirino, Oktubre 18, 2025. Kasama niyang nag-uwi ng ginto si Yuri Ace C. Balagso na nanalo sa Junior Male Lightweight category sa ilalim ng pagsasanay ni Gng. Jamaica Tolentino.

Larawan ni **CHARLES RINGOR**

## NVGian Duo, nagpasiklab sa Palaro 2025; 2 tanso, selyado

ni **CHAILYN AGDON**

**Bumida ang atletang NVGians na sina John Tyrone S. Saballe at Rhiana Lei S. Delos Reyes matapos kumopo ng dalawang tansong medalya sa Aerobic Gymnastics event sa Palarong Pambansa 2025 na ginanap sa Laoag, Ilocos Norte nito lamang Mayo 24-31.**

Nagpakitang gilas ang mga atleta ng aerobic gymnasts nang mapukaw nila ang atensyon ng mga manonood gamit ang kanilang nakamamanghang routines at stamina.

Ipinamalas ni Sabelle ang kanyang galing sa Individuals Men category matapos magpakita ng malinis na execution at transition sa performance ng nasabing kompetisyon.

Humataw rin sa Trio category si Delos Reyes kasama sina Saballe at Mark Joshua Saet ng Isabela matapos makuha ang isa pang tansong medalya para sa Cagayan Valley Region.

Ani Sabelle, inabot ng buwan ang kanilang pagsasanay upang makuha ang tamang routine ng kanilang performance.

"Excited ako at natatakot" dagdag pa ni Sabelle tungkol sa kanyang nararamdaman bago ang kanilang performance.

Naging masaya umano ang mga atleta sa resulta ng kanilang pagtatanggal.

Ayon kay Sabelle " Masaya kami kasi maraming challenges nung training pero worth it lahat".

" Masaya kami kasi Palaro na to at nakakuha kami ng place" ani naman ni Delos Reyes.

Nagsilbing tagapagsanay sina Rowena Reguyal at Abigail Pablo, NVGCHS sports coordinator at trainer, na patuloy na humuhubog ng kanilang kahusayan sa aerobics.

Kung matatandaan, nasungkit din nila ang pilak at tanso sa natapos na 2023 Batang Pinoy and Philippine National Games(BP-PNG) na ginanap sa Rizal Memorial Sports Complex, Malate, Manila.

Kabilang sa Palarong Pambansa 2025 na may temang "Nagkakaisang Kapuluan" ang mahigit kumulang 9719 na bilang ng mga manlalaro mula pa sa 18 rehiyon ng bansa.



Larawang mula sa ***facebook.com/GayyemtiUmiliMrUnity***

BALITANG **KINIPIL**

## Obiena, nakasikwat ng ginto sa World Pole Vault Challenge

ni **CARL JAIRUS TIAM**

**Muling nagningning ang Filipino Pole Vaulter at World No. 4, Ej Obiena matapos masilat ang gintong medalya sa World Pole Vault Challenge noong ika-21 ng Setyembre sa Ayala Triangles Gardens, Makati City.**

Matagumpay na na-clear ni Obiena ang 5.80 meter sa loob lamang ng dalawang attemps at tuluyan nang inungusan si Thibault Collet ng France na nakakuha naman ng pilak.

Napasakamay naman ni Piotr Lisek ng Poland ang tanso matapos ma-clear ang 5.60 meters.

Samantala, bigo namang makasungkit ng medalya ang kapwa pinoy pole vaulter ni Obiena na si Hokett Delos Santos matapos hindi makapasok sa second phase ng kompetisyon.

Naroon din sa kompetisyon si Ersu Sasma ng Turkey na world no. 5, Menno Vloon ng Netherlands, at Oleg Zernikel ng Germany.

## Gurong NVgian, namayagpag sa PMAC 2025

ni **CARL JAIRUS TIAM**

> "Determinasyon, sipag, tiyaga at sakripisyo ang naging daan para makamit ko ang kampeonato"



**NANGINGIBABAW.** Matagumpay na nakamit ni Gng. Rosilyn Santos, guro mula sa Nueva Vizcaya General Comprehensive High School, ang kanyang pilak at tanso medalya matapos magwagi sa 4×400m mixed relay at 3,000m walkathon sa Philippine Masters Athletics Championship (PMAC) 2025 na ginanap sa Philippine Track Oval, Pasig City, Hunyo 7-8.

Larawang mula sa ***facebook.com/RosilynSantos***

**Nasungkit ni Gng. Rosilyn Santos, guro mula sa Nueva Vizcaya General Comprehensive High School ang silver at bronze medal para sa 4× 400 m mixed relay at 3,000 m walkathon sa katatapos lamang na Philippine Masters Athletics Championship (PMAC) 2025 na ginanap sa Philippine Track Oval, Pasig City mula ika-7**

Ayon kay Santos, determinasyon, sipag at tiyaga ang kanyang naging puhunan upang makamit ang dalawang medalya.

"Determinasyon, sipag, tiyaga at sakripisyo ang naging daan para makamit ko ang silver at bronze medal sa larong 400 m mixed relay at 3,000 m walkaton" aniya.

Espesiyal ang PMAC dahil ito'y para sa mga atletang nasa edad 35 pataas.

# SILYADO ANG PUWESTO

## Eala, lusot sa Jingshan open semis



Larawang mula sa ***facebook.com/GayyemtiUmiliMrUnity***

ni **CARL JAIRUS TIAM**

**Bumanat ang Pinay netter, Alex Eala matapos selyuhan ang titulo sa semifinals ng 2025 Jingshan Tennis Open sa China nito lamang ika-27 ng Setyembre.**

Pinatumba ni Eala si Lu Jiajing ng China matapos maisukbit ang 6-4,6-1 desisyon upang maangkin ang pwesto sa semis.

Pumalo si Eala ng 76 percentage win sa first serve at 35 sa second serve habang may 5-of-11 break points din ito sa natapos na Jingshan Open.

Mabagal ang naging simula ni Eala na siyang sinamantala ng Chinese bet upang lumamang sa puntos na 4-2.

Muling umalagwa si Eala ng bumwelta ito gamit ang solidong baseline game para maidikit sa parehong 4 ang iskor. Hindi na nakaporma sa second set ang chinese netter matapos magtala ng solidong ratsada bago maitawid ang panalo.

Matatandaang una ng tinalo ni Eala si Mei Yamaguchi ng Japan upang maibulsa ang pasaporte sa quarterfinals.

Sasagupa ang Pinay netter na si Eala sa semifinals kaharap si third seed Lulu Sun ng New Zealand na kumana ng 6-2, 6-4 panalo laban kay Elen Pridankina ng Russia sa hiwalay na quarterfinal match.

Muling umusad si Eala sa WTA live rankings kung saan ay nakamit niya ang No. 55 na panibagong career-high nito matapos ang quarter finals.

Target ngayon ni Eala na makuha ang ikatlong finals appearance sa WTA tour sa taong ito.

Una nang itinanghal na kampeon ang Pinay top-seeded sa Guadalajara Open sa Mexico at sa Eastbourne Open sa Great Britain kung saan ay nalaglag ito sa finals kontra kay Australian netter Maya Joint.

Sisimulan naman ni Alex Eala ang kampanya nito laban kay Katarzyna Kawa ng Poland sa ginaganap na opening round ng Suzhou Open sa Sungent International Tennis Center, Yangcheng Lake Peninsula sa Suzhou, China.

Nakatakda ang bakbakan nina Eala at Kawa sa alas-10 ng umaga ngayong ika-30 ng Setyembre. Orihinal sanang lalaruin ang laban nina Eala kahapon, Lunes ng umaga subalit nalipat ito sa Martes matapos itong mapurnada.

ISPORTS **LATHALAIN**

# hari ng KALSADA

ni **CARL JAIRUS TIAM**



Larawang mula sa ***facebook.com/GayyemtiUmiliMrUnity***

**"Sagabal sa lipunan"**

**Iyan ang madalas na umaalingasaw sa pandinig ng mga kabataang dala ang kanilang skateboard. Sa bawat kaluskos sa kalsada, kaakibat ang mga matang mapanuri at bibig na mabilis humusga. Para sa marami, sila ay pasaway, walang direksiyon, at nag-aaksaya ng oras. Ngunit sa likod nito, nakatago ang mga pangarap na pilit kumakawala sa makitid na tingin ng lipunan.**

Mainit ang hapon ngunit hindi iyon alintana ng mga kabataang nakapila, hawak-hawak ang kanilang skateboard. Ang ilan ay kabadong-kabado, ang iba nama'y sabik na sabik. Sa wakas, mayroon na silang lugar na tunay na kanila. Hindi kalsada, hindi bakanteng lote, kundi isang parke na itinayo para sa kanilang pangarap. Sa Bayombong, Nueva Vizcaya, binuksan ang kauna-unahang skate park na nagsilbing bagong entablado para sa kabataan.

Sa datos ng lokal na pamahalaan, ang Bayombong Skate Park ay itinayo sa loob ng bayang plaza bilang bahagi ng programang pangkabataan ng munisipyo. May iba't ibang obstacle ito tulad ng ramp, rail, at ledge na idinisenyo kasama ang mga lokal na skateboarder upang masigurong ligtas at akma sa antas ng galing ng mga baguhan at beteranong manlalaro. Mula nang buksan ito, naging regular na ang pagdaraos ng maliit na kompetisyon at fun skate sessions tuwing sabado o linggo, kung saan dumarayo ang kabataan mula sa iba't ibang barangay at karatig-bayan.

Bago maitayo ang parke, lansangan lamang ang kanilang kaharian. Doon hinahasa ang talento habang nakikisabay sa ingay ng trapiko at panganib ng sasakyan. Madalas silang mapagalitan at mabansagang pasaway, ngunit ngayon may ligtas na palaruan kung saan malaya nilang naipapahayag ang sarili.

Sa datos ng ilang sports group, mas mababa ang naitatalang aksidente sa mga kabataang nag-iiskeyt sa loob ng pormal na skate park kumpara sa mga nag-eensayo sa kalsada at eskinita. Sa halip na makipagsabayan sa dyip, motorsiklo, at kotse, nakapaloob na sila sa lugar na may malinaw na hangganan at disenyo para sa kanilang galaw. Patunay ito na kapag binigyan ng maayos na lugar ang kabataan, nababawasan hindi lamang ang peligro sa aksidente kundi pati ang alitan sa pagitan ng kapwa nila mamamayan.

Sa pandaigdigang datos, kinikilala ang skateboarding bilang isang lehitimong isport dahil kasama na ito sa opisyal na laro sa Olympics. May mga torneo, pederasyon, at organisasyong sumusuporta sa mga atleta at tumutulong upang mapaunlad ang kanilang kakayahan.

Bawat pagsubok sa rampa ay nagtuturo ng leksyon. Ang bawat bagsak ay paalala na may saysay ang muling pagtindig. Lumalakas ang loob at tumitibay ang tiwala sa sarili sa bawat tagumpay at pagkakamali. Hindi lamang kasanayan sa laro ang nahuhubog kundi ang disiplina at determinasyon ng kabataan.

Hindi sapat ang semento at bakal upang buuin ang kahalagahan ng lugar na ito. Saksi ang bawat pader at rampa sa pangarap na patuloy na hinahasa. Sumisimbolo ito sa tiyaga at pagkakaisa ng kabataan. Sa simpleng anyo, makikita ang aral na ang tagumpay ay hindi lamang nakukuha sa panalo kundi sa pagbangon sa bawat pagkukulang.

May mga pag-aaral din na nagsasabing nakatutulong ang regular na paglahok sa mga isport tulad ng skateboarding sa pisikal at mental na kalusugan ng kabataan. Higit pa rito, nababawasan ang posibilidad ng pagiging sangkot sa bisyo at iba pang di kanais-nais na gawain dahil nakatuon ang oras nila sa ensayo at pakikisalamuha sa kapwa atleta.

Makikita rin sa paligid ang mga magulang na nakangiti at nanonood. Nagmamadali ang mga bata upang masubukan ang kanilang unang trick habang ang mga kaibigan ay humihiyaw sa tuwa sa bawat matagumpay na galaw. Sa gitna ng ingay, nararamdaman ang tibok ng komunidad na sabay-sabay na nagbibigay suporta at inspirasyon.


Naging pugad ng bagong kultura ang parke. Sa bawat skateboarder, nabubuo ang pagkakaibigan at respeto. Sa bawat hiyawan at palakpakan, natututo silang makisama at makiisa. Ang dating simpleng libangan ng kabataan, ngayo'y nagiging himig ng buong bayan.

MGA NILALAMAN

04 BALITA
'Strengthened' SHS curriculum, opisyal nang ikinasa; NVGians naglabas ng hinain



13 LATHALAIN
Bawat sulok may kwento





ANG dahongmagat
ISPORTS

TOMO LIII, BLG 1
ANG OPISYAL NA PAHAYAGAN NG **NUEVA VIZCAYA GENERAL COMPREHENSIVE HIGHSCHOOL**
HUNYO 2025-DISYEMBRE 2025


MEDAL TALLY NG PILIPINAS SA SEA GAMES 2025

| | |
|---|---|
| 50 | GOLD |
| 73 | SILVER |
| 154 | BRONZE |

## Pilipinas, nakamit ang ika-anim na puwesto sa SEA Games 2025

ni **CHAILYN AGDON**

**Nakamit ng Pilipinas ang ika-50 gintong medalya at ikaanim na puwesto para sa Overall sa Southeast Asian (SEA) games, matapos palakasin ng mga panalo sa basketball, beach volleyball, boxing, softball, bowling, wrestling, at modern pentathlon.**

Ito ang ikaapat na sunod na SEA Games na umabot ang bansa sa hindi bababa sa 50 ginto, kasunod ng 149 ginto bilang punong-abala noong 2019, 52 sa Vietnam noong 2021, at 58 sa Cambodia noong 2023.

Ibinigay ng Gilas Pilipinas ang makasaysayang ika-50 gintong medalya matapos matagumpay na maipagtanggol ang titulo sa men's basketball laban sa Thailand, sa kabila ng limitadong oras ng paghahanda dahil sa huling-minutong pagbabago sa eligibility rules ng mga host.

"Bagama't masakit mang sabihin, naging brutal ang SEA Games na ito," ani Philippine Olympic Committee president Abraham "Bambol" Tolentino. "Pero nanaig pa rin ang mga Pilipino."

Bagama't tumabla lamang sa ika-anim na puwesto—kapareho ng resulta noong 2017 at pinakamababa mula noon—ilang atletang Pilipino at koponan ang naghatid ng mga makasaysayang tagumpay sa iba't ibang isport.

Nakamit ng Filipinas ang makasaysayang gintong medalya sa women's football, winakasan ang matagal nang dominasyon ng Thailand at Vietnam matapos talunin ang dalawang bansa sa penalty shootout sa semifinal at final, ayon sa pagkakasunod.

Gumawa rin ng kasaysayan ang Alas Pilipinas nang makuha nina Sisi Rondina, Bernadeth Pons, Dij Rodriguez, at Sunnie Villapando ang kauna-unahang gintong medalya ng bansa sa women's beach volleyball matapos pabagsakin ang walong beses na kampeon na Thailand.

Sa tennis, tinapos ni Alex Eala ang 26 na taong tagtuyot ng Pilipinas sa women's singles matapos talunin ang dalawang Thai na kalaban sa kanyang mga huling laban.

Nagkaroon ng muling pagsigla ang swimming na pinangunahan ng SEA Games debutant na si Kayla Sanchez, na naging pinakamaraming medalya sa hanay ng mga Pilipino sa edisyong ito—tatlong ginto at limang pilak.

Dahil sa kanyang performance, unang beses muling nanalo ang Pilipinas ng higit sa dalawang gintong medalya sa swimming sa isang SEA Games mula noong 2009.

Pinakamaraming gintong medalya ang naihatid ng athletics na may lima, mula kina EJ Obiena (men's pole vault), Naomi Cesar (women's 800m), Hussein Loraña (men's 800m), Hokett delos Santos (men's decathlon), at John Cabang Tolentino (men's 110m hurdles).

Sumunod ang practical shooting team na may apat na ginto, habang tig-tatlo naman ang naambag ng swimming, triathlon, at modern pentathlon.

Ayon kay Philippine Sports Commission chairman Patrick "Pato" Gregorio, mahalaga pa rin ang SEA Games sa paghahanda ng mga atleta para sa mas mataas na antas ng kompetisyon.

"Masaya sila na nakalaban sila dahil dito manggagaling ang susunod na henerasyon ng mga Olympian," ani Gregorio.

Pumangalawa sa overall standings ang Indonesia na may 91-111-131 (ginto-pilak-tanso), sinundan ng Vietnam (87-81-110), Malaysia (57-57-117), at Singapore (52-61-89).



Larawan ni **CHARLES RINGOR**

# HINAMBALOS NI BALLESTEROS

## Bayombong Warriors, 8 ang sinuwag; Ballesteros, sinunggaban ang pwesto

ni **CHAILYN AGDON**

**Umalagwa ang Bayombong Arnis Warriors matapos sumikwat ng 1 ginto at 7 tanso sa natapos na Nueva Vizcaya Provincial Athletic Association Meet-Cluster 1 na ginanap sa LGU Gymnasium nito lamang ika-29 ng Nobyembre.**

Nanguna sa delegasyon ang gold medalist na si Danuel Rey A. Ballesteros matapos selyuhan ang opisyal na tiket sa inaabangang Cagayan Valley Regional Athletic Association Meet na inaasahang magsimula sa Pebrero.

Pumalo rin ang koponan ng pitong Tanso sa Padded Stick Full Contact event na pinangunahan nina Elton Jay Carl M. Concepcion (Bantamweight), Kervy Liam E. Luarez (Featherweight), Cyryll Nash B. Rios (Extra Lightweight), Andrea P. Moreno (Pin-Weight), Vianne Jewel A. Monses (Bantamweight) at Ellaine Joy M. Concepcion (Featherweight)

Ipinamalas rin ni Ranilem H. Singh ang kanyang malawak na kasanayan matapos umambag ng isa pang Tanso sa Individual Sword & Dagger event.

Ayon kay Ballesteros, masayang masaya siya dahil kahit na dalawang linggo lamang ang kanilang pagsasanay bago sila sumabak sa laban ay nakuha niyang magwagi.

"Two weeks kaming nag-practice at alam kong kulang yun pero kinaya naman namin" aniya.

Dagdag pa niya, isa sa mga problema na kanialng kinaharap ay ang pagbabalanse ng kanilang pag-aaral at ng pag-eensayo.

"Mahirap talagang pagsabayin yung pag-aaral kasi sumasbay yung training namin pero kailangan naming pagsabayin yun". saad niya.

Ani naman ni Rios, bagamat kinapos nagpapasalamat siya sa suporta ng kaniyang mga coaches at teammates.

"Masaya pa rin ako kasi binigay ko naman yung effort ko at thankful ako aa coaches at teammates ko" aniya.

Labis naman ang pasasalamat ni Gio Santiago, tagapagsanay ng koponan, sa patuloy na suporta ng paaralan sa mga atleta.

"Hindi magiging posible ang lahat ng ito kung wala ang suporta ng aming School Principal, Ma'am Merlita C. Padilla, Ma'am Nona A. Addun, ang aking Head Teacher, ang aming Sports Officer, Ma'am Abigail Vanessa B. Pablo, mga kapwa guro, at ang mga magulang ng mga Athetes sa palaging sumusuporta sa amin sa lahat ng paraan.

wika ni Santiago.

"Nakakalungot mang isipin dahil dalawa nalang ang matitira kasi walo sa kanila ang graduating na kaya masaya pa rin ako sa naging resulta." dagdag pa niya.

Nagsilbing matibay na preparasyon ang matagumpay na kampanya na ito para sa koponan habang sila ay naghahanda upang humalili sa CAVRAA 2026.